

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

June 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Ahenteng paniktik ng militar, inambus ng BHB sa Masbate.....	8
Kaagapay Exercise ng Pilipinas-US-Japan, panunulsol ng gera laban sa China.....	9
Produksyon ng asin sa bansa, bubuhayin?.....	10
ICHRP, nanawagan para sa proteksyon ng mga sibilyan.....	13
Ibang unyon ng Nestle, sumuporta sa laban ng unyon sa Wyeth-Nestle Laguna.....	15
Pagpatay sa brodkaster sa radyo sa Oriental Mindoro, kinundena.....	16
700 empleyado ng Duty Free Philippines, sisipain.....	17
Bentahan ng armas sa Canada, binulabog ng protesta.....	18
Platapormang susubaybay sa kalagayan ng malayang pamamahayag sa Southeast Asia, binuo.....	20
Kasunduan sa pagsasapribado ng koop sa kuryente sa Bacolod, iniratsada.....	21
60 taon ng internasyunal na pakikipagkaisang medikal ng Cuba, ipinagdiwang.....	24
Mapangwasak na proyektong reklamasyon, tinutulan.....	26

Mga welga para sa dagdag-sahod, nagpapatuloy sa UK at US.....	28
Pagtalaga ni Marcos kina Teodoro at Herbosa bilang kalihim sa depensa at pangkalusugan, inulan ng batikos.....	30
Palayain ang Mansalay 2, giit ng mga grupo...	33
Ipamahagi ang 625 ektaryang pastuhan sa Isabela, giit ng mga magsasaka.....	34
Mga manggagawang pangkalusugan, tutol sa pagtatalaga kay Herbosa bilang kalihim sa kalusugan.....	36
Pagbasura sa petisyong makapagpyansa si de Lima, kinundena.....	38
DepEd, kinastigo ng ACT sa bulok na rice allowance.....	39
Kampo-militar sa Tarlac, kinalampag; Taytay 2, ilitaw!.....	40
Presyo sa pagbili ng kalabasa sa mga magsasaka, dapat itaas.....	42
2-taong batang Palestino, pinakahuling biktima ng terorismo ng Israel.....	43
Mga unyon sa Laguna, binweltahan ang NTF-ELCAC.....	44
Ika-35 anibersaryo ng CARP, sinalubong ng protesta.....	45

Krisis sa mental health, lumalala sa hanay ng kabataan.....49

NDFP, di nagulat sa kontra-kapayapaang tindig ng bagong kalihim sa depensa.....50

6 na armadong aksyon, inilunsad ng BHB sa Bicol.....52

7 sundalo ng 91st IB, KIA sa armadong aksyon ng BHB-Aurora.....54

Magsasaka, pinatay ng 9th ID sa Albay.....55

Tagapagsalita ng CPI-Maoist, pumanaw na....57

Araw ng huwad na kalayaan, ginunita ng mga protesta.....57

BHB-Albay, handang tumugon sa sakuna ng pagsabog ng bulkang Mayon.....59

Transport Summit, idinaos ng mga tsuper at opereytor.....60

Diskriminasyon sa kababaihan, walang pagbabago sa buong mundo—UNDP.....61

Kaso laban sa tatlong nagwelgang tsuper, ibinasura.....63

Mga magsasaka sa Masbate, binugbog at ninakawan ng mga sundalo.....65

Presyo ng gasolina at diesel, muling itinaas ng mga kumpanya.....66

₱225 dagdag sa Allgemeine Bau-Chemie
Phil, nakamit ng unyon.....68

Mag-aalimango sa Sorsogon, naggiit ng
dayalogo sa BFAR.....69

Pamilya, minasaker ng AFP sa Himamaylan City
.....71

Kontra-dam na aktibista sa Rizal, inaresto ng
PNP.....73

Estudyante sa mga paaralang Katoliko, tutol sa
mandatory ROTC.....75

Lider-unionista ng Daiwa-Seiko Philippines,
ginigipit habang papalapit ang negosasyon ng
union.....76

Panghihimasok ng militar sa Gardenia at
Philfoods, binatikos.....77

Petisyon laban sa Smartmatic, inihapag sa
Comelec.....79

Programang “food stamps” ni Marcos,
popondohan ng utang.....82

Menor-de-edad, napatay sa tangkang masaker
ng AFP sa Masbate.....84

10 sinesante sa Wyeth-Nestle, napabalik ng
union.....86

97 killed in Marcos first year says CPP.....87

Mga progresibong grupong kabataan,
nagprotesta sa harap ng CHed.....89

AFP, binansagang “child killer” ng NDFP.....91

Pag-empleyo ng mga di pasadong nars, di
angkop na solusyon.....92

Pagbabalik sa Hunyo ng pagbubukas ng klase,
tinutulak.....94

3 tropa ng 62nd IB, napatay sa kontra-reyde ng
BHB-Central Negros.....95

Dalawang magsasaka, dagdag sa 15 pinaslang
ng 62nd IB sa nakaraang 12 buwan.....96

Isda sa Cavite, apektado ng dredging.....98

Unyon ng CENECO, magwewelga kontra
pribatisasyon.....99

Mga tsuper at opereytor, nagpiket sa LTFRB100

Red-tagging seminar sa MSU-IIT, kinundena 102

2 backhoe, pinalalisa ng BHB sa Himamaylan
City.....104

Apat na magbubukid na tutol sa Naga Airport
Development, inaresto.....105

Deklarasyong “insurgency-free” sa Quezon,
para sa mga mapandambong na proyekto.....106

Kapitan ng barangay na tutol sa Filminera-
Masbate Gold Project, tinangkang patayin ng
AFP.....108

Kaso laban sa suporter ng magsasaka sa Bohol,
ibinasura.....110

Trabahante sa konstruksyon, pinatay ng militar sa Masbate.....	112
Profiling ng DepEd sa mga kasaping guro ng ACT, kinundena.....	113
Lider-katutubo ng Cordillera, nagsampa ng kaso kontra PNP.....	115
Busabos na kalagayan ng mga marino, binatangos	117
Dagdag-sahod, pagtatanggol sa karapatan, sigaw ng LGBT+.....	120
Fluivial protest kontra reklamasyon, inilunsad sa Bacolod City.....	122
Pinakamurang bigas sa Metro Manila, ₱40/kilo na.....	124
Reklamo sa mabaho, di makaing alawans na bigas, inihapag ng mga guro.....	125
Tagapangulo ng samahang magsasaka sa Negros Occidental, inaresto.....	127
2 tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Southern Tagalog, kinasuhan ng “terorismo”	128
Isang tropa ng 24th IB, napatay sa opensiba ng BHB-Abra.....	130
Hatol na maysala sa matanda at maysakit na konsultant ng NDFP, kinundena.....	131
Magkakasunod na protesta, inilunsad sa limang ospital.....	133

Panggigipit sa manggagawang Korean, tumitindi.....	135
“Mahal sa Pilipinas,” kutya ng mga grupo sa unang taon ni Marcos Jr sa poder.....	137
Bagsak na grado, ibinigay ng mga migrante kay Marcos.....	140
Batayang karapatan ng Mansalay 2, patuloy na nilalabag.....	142
Brutal na pag-aresto sa transwoman na si Awra, kinundena.....	143
Hinaing ng mga mangingisda, hindi tinugunan ni Marcos Jr.....	145
Inside Marcos brutal counterinsurgency war: 2 civilians killed per week.....	147
Karahasan sa ekonomya at pasismo, hatid ni Marcos sa mga katutubo.....	149
Marcos Jr, sakuna sa kapaligiran.....	151
Marcos, walang nagawa para sa magsasaka.	153
Pagpapayaman sa sarili ang inatupag ni Marcos sa unang taon nito sa poder.....	155
Pinirmahang kasunduan ng UP at PNP, binatikos.....	157
₱40 dagdag-sahod sa Metro Manila, tinipid at binarat—KMU.....	158

Ahenteng paniktik ng militar, inambus ng BHB sa Masbate

Hunyo 1, 2023

Tinambangan ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate ang tatlong ahenteng paniktik ng militar sa Barangay Barag sa bayan ng Mobo, Masbate noong Mayo 29, alas-8 ng gabi. Agad napatay ang dalawang ahente habang nasa kritikal na kalagayan ang isa pa.

Kinilala ang dalawa sa tatlo bilang sina Nestor Purisima (alyas Renbo) at Junjun Solicito. Si Purisima, ayon sa BHB-Masbate, ay dating Pulang mandirigma na tumiwalag sa kilusan, sumuko at naging aktibong ahente ng militar.

Sangkot ang tatlo sa iba't ibang mga kaso ng pamamaslang, pananakot, pambabanta at pagnanakaw ng ani sa mga magsasaka sa una at ikalawang distrito ng prubinsya.

Ayon kay Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB sa prubinsya, “babala ang nasabing ambus sa lahat ng taksil sa mamamayan. Hindi na dapat magpatuloy sa pagiging sunud-sunuran at tuta ng militar at pulis sa ilinulunsad nitong maruming gera laban sa masang Masbatenyo.”

Hinamon ni del Mar ang mga CAFGU at ahenteng militar na tuluyan nang talikuran ang pagiging kasangkapan sa kontra-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong kampanya ng rehimeng Marcos Jr.

Kaagapay Exercise ng Pilipinas-US-Japan, panunulsol ng gera laban sa China

Hunyo 1, 2023

Inilulunsad ng mga armadong pwersa ng Pilipinas, Japan at US ang Kaagapay Exercise, ang bagong serye ng war games sa karagatan ng Mariveles, Bataan simula Hunyo 1 hanggang Hunyo 7.

Lalahok sa trilateral o tatlong-panig na ehersisyo ang Philippine Coast Guard, US at Japan Coast Guard. Nagsimula ang ehersisyo pagkatapos ng 1-linggong pagsasanay militar sa pagitan ng AFP at ng armadong hukbo ng Indonesia sa Tarlac.

Sa udyok ng US, inilunsad sa soberanong karagatan ng Pilipinas ang ehersisyo para paypayan ang pakikipaggitgitan nito sa katunggaling imperyalistang China. Pinalahok ng US sa aktibidad ang Australia at India bilang mga tagamasid. Sa paglahok ng dalawang bansa, kumpleto sa ehersisyo ang lahat ng kasapi ng QUAD, isa sa mga binuo ng US na alyansang militar laban sa China.

Pumasok sa soberanong teritoryo ng Pilipinas ang USGCC Stratton (WMSL-752) ng US Coast Guard at ang isa sa pinakamalaking sasakyang pandagat na pampatrolya ng Japan, ang Akitsushima (PLH-32). Samantala, apat na barko ang gagamitin ng Philippine Coast Guard sa aktibidad.

Layunin ng war game ang paunlarin ang “interoperability” ng tatlong bansa para mapadali ang kontrol ng US sa mga ito, sakaling sumiklab

ang gera. Ayon sa anunsyo, saklaw ng war game ang komunikasyon, pagmamaniobra, photo exercise, pagsasanay sa pagpapatupad ng batas pandagat, search and rescue, at passing exercise.

Pormal na binuksan ang aktibdiad sa Port Area sa Manila ngayong araw. Lalahok sa mapang-udyok na ehersiyong 200 tauhan ng PCG, 80 hanggang 100 mula sa US, at 60 hanggang 70 mula Japan.

Produksyon ng asin sa bansa, bubuhayin?

Hunyo 1, 2023

“Bilang isang kapuluan na may mahahabang baybayin, kakatwa na tayo ay importer ng asin, kung saan 90% ng kinokonsumong asin ay imported mula sa Australia, China, New Zealand, at Thailand.” Ganito inilarawan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa kalagayan ng produksyon ng asin sa bansa, sa harap ng mga panukalang muli itong buhayin.

Noong Lunes, pinagtibay sa House of Representatives ang panukalang Salt Industry Development Act, na nagtutulak na magkaroon ng plano para buhayin ang industriya ng asin sa bansa matapos ang ilang dekadang pagkalumpo nito bunga ng pabigat na mga patakarang neoliberal.

Ayon sa panukala, layunin nitong muling pasiglahin ang produksyon ng asin. Itataguyod diumano sa panukala ang artisanal salt farming at iba pang hindi tradisyunal na alternatibong mga

pamamaraan at teknik. Wala pang deliberasyon sa Senado.

Ginagamit ang asin sa pagluluto at sa pagpreserba ng maraming pagkain. Ginagamit din ito sa pagmamanupaktura ng pagkain at gamot, paggawa ng asero, tela, papel at kahit ng bala, at bilang pagkain ng hayop at pataba.

Anang grupo, kung “maisasabatas at maipatutupad nang mahusay, makatutulong ito sa pagligtas sa naghihingalong lokal na industriya ng asin, at makapagbibigay ng trabaho sa mamamayan sa kanayunan, laluna sa mga mangingisda.” Iginiit rin ng KMP na dapat paunlarin ang marami pang industriya sa kanayunan tulad ng kopra, asukal, pagproseso ng karne at iba pa.

Pagpatay sa produksyon ng asin

Ang lokal na pamilihan sa asin sa Pipinas noo’y sinusuplayan ng lokal na mga mag-aasin. Dekada 1940 nang unang nailatag ang komersyal na mga asinan, pangunahin sa mga baybay ng Bulacan, kung saan nagmumula noon ang 45% ng lokal na pangangailangan. Ang iba pang malalaking asinan ay nasa Pangasinan, Mindoro, Las Piñas at Cavite. May espesyal naman na mga pagawaan ng asin sa Zamboanga, Bohol at Negros.

Nabaligtad ito noong dekada 1990 nang ipinagbawal ng noo’y rehimeng Ramos ang pagbebenta ng asin na hindi “iodized” sa ngalan ng pag-apula sa kunwa’y malawakang kakulangan ng iodine sa dyeta ng mga Pilipino. Isinisi ng

estado ang pagbagsak ng industriya sa pagiging atrasado ng produksyon ng mga asinan. Pero ang totoo, nalunod ang mga mag-aasin sa pagbaha ng murang asin mula sa ibang bansa nang pumasok ang Pilipinas sa General Agreement on Tariffs and Trade.

Bumagsak ang kita ng mag-aasin nang bumaling ang mga komersyante sa murang inangkat na asin. Mula sa ₱100 kada kaban noong dekada 1990, binibili na lamang ng mga komersyante ang lokal na asin sa halagang ₱35 kada kaban noong 2003. Nagresulta ito sa pagkalugi ng mga lokal na gumagawa ng asin.

Sa Bulacan, napilitang magsara ang 32 sa 52 mga asinan mula dekada 1990 hanggang maagang bahagi ng 2000. Lalo pang lumiit ang saklaw nang mga asinan nang umarangkada ang reklamasyon sa Manila Bay. Kasabay ng mga pagsasara ang pagkawala ng trabaho ng daan-daang mga manggagawa sa mga asinan.

Pagsapit ng 2010, nasa 150,000 metriko tonelada o 28% na lamang ng pangangailangan ng bansa ang pinoprodyus ng mga asinan. Noong 2022, 7% na lamang ng suplay ng asin ang lokal.

ICHRP, nanawagan para sa proteksyon ng mga sibilyan

Hunyo 2, 2023

Sang-ayon ang International Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP) sa pahayag noong Mayo 23 ni Antonio Guterres,

pangkalahatang kalihim ng United Nations, na tumuligsa sa malawakang pagbabalewala sa proteksyon sa mga sibilyan sa mga lugar kung saan may armadong sigalot. Bagamat pumapatungkol ang pahayag ni Guterres sa mga nagaganap sa Ukraine at Afghanistan, aplikable din ito sa sitwasyon sa Pilipinas, ayon kay Peter Murphy, tagapangulo ng ICHRP.

“Isang teribleng katotohanan na bigo ang mundo sa pananagutan nitong protektahan ang mga sibilyan...sa ilalim ng internasyunal na makataong batas,” pahayag ni Guterres sa UN General Assembly. “Hindi natin dapat kalimutan ang kahulugan at silbi ng internasyunal na makataong batas: usapin ito sa pagitan ng buhay at kamatayan; ng pagpipigil at anarkiya; ng pagkakalulong natin sa kawalan o pananatili natin ng ating pagkatao.”

“Lubos na sumasang-ayon ang ICHRP sa panawagan ng Pangkalahatang-Kalihim para wakasan na ang pang-aatake sa mga sibilyan, para sa pagkakaroon ng dayalogo para wakasan ang mga armadong sigalot, at para sa mga bansa na tumanggi na magbenta ng armas sa sinumang sangkot na hindi gumagalang sa internasyunal na makataong batas,” ayon kay Murphy.

Sa Pilipinas, nakapagtala ang ICHRP ng mga kaso ng panganganyon, pambobomba at air strike sa mga sibilyang komunidad, kabilang ang paggamit ng mga armas na phosphorus. Naisadokumento din ng grupo ang maraming kaso ng red-tagging na nagreresulta sa walang pakundangang pamamaslang, asasinasyon, pang-aaresto at

detensyon, pagdedesaparesido at iba pang abuso. Patuloy ring nakatatanggap ang grupo ng mga ulat ng hamletting, pwersahang pagpapalipat at pagpapalayas at pangwawasak ng mga ari-arian para ipagkait sa mamamayan ang kanilang kabuhayan.

“Nariyan ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front, pero ibinagsak ito ng rehimeng Duterte noong 2017.”

“Sa kabila ng mga ebidensya ng paglabag sa internasyunal na makataong batas sa tinaguriang mga operasyong kontra-insurhensya, patuloy na inaarmasan ang Armed Forces of the Philippines ng USA, Canada, Australia, Japan at South Korea,” ayon sa ICHRP.

Ayon kay Murphy, tulad ng ginagawang pag-iimbestiga ng International Criminal Court sa mga krimen laban sa sangkatauhan dahil sa kabiguang harapin ito ng lokal na sistema ng hustisya, “napapanahon nang magkaroon ng katulad na paninindigan ang Security Council na ang gubyerno ng Pilipinas ay mayroong mga krimen sa digma at dapat magwakas na ang kawalang pakundangang ito.”

Ibang unyon ng Nestle, sumuporta sa laban ng unyon sa Wyeth-Nestle Laguna

Hunyo 2, 2023

Nagpadala ng pinag-isang sulat sa upisina ng Nestle Philippines ang mga lider-union ng mga pabrika ng Nestle sa Cagayan de Oro City at Lipa, Batangas noong Mayo 26 para batikusin ang iligal na tanggalan ng kapwa nila manggagawa sa Wyeth Production Plant sa Canlubang, Laguna.

Sa naturang sulat, binanggit nila ang nakasulat na patakaran ng Nestle para sa “open communication” (bukas na ugnayan) at dayalogo, kung saan “bawat empleyado ay may karapatan sa malayang pakikipag-usap.”

“Narinig namin sa aming mga kapatid (na manggagawa) sa Wyeth Production Plat Union in the Philippines, na bigo ang maneydsment sa Canlubang na isakatuparan (ang patakarang) ito sa kasalukuyang sitwasyon sa pabrika,” saan nila sa sulat. “Sa nakaraang anim na buwan, sumusulat ang mga kinatawan ng union para sa isang malayang pakikipagdayalogo at hindi sila pinaunlakan. Kinukundena namin ang pagtratong ito sa mga kinatawan ng union dahil nagpapamalas ito ng kawalang respeto, na pinalalala pa ng tanggalan...”

Kinundena din nila ang pamumwersa ng maneydsment ng Canlubang sa mga manggagawa na tanggapin ang mga redundancy package (kumpensasyon ng mga tinanggal sa trabaho) nang hindi idinadaan sa union at walang benepisyong payo kanilang mga abugado.

Pinirmahan ang sulat ng mga presidente ng Manggagawa ng Nestle Lipa Factory at Union of Nestle Workers Cagayan de Oro Factory.

Pagpatay sa brodkaster sa radyo sa Oriental Mindoro, kinundena

Hunyo 2, 2023

Kinundena ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang pagbaril at pagpatay sa brodkaster sa radyo na si Cresenciano “Cris” Bundoquin sa kahabaan ng C5 Road sa Santa Isabel, Calapan, Oriental Mindoro noong Mayo 31. Nakatayo ang biktima sa harap ng kanyang tindahan nang dumating ang dalawang lalaking bumaril sa kanya bandang alas-4 ng madaling araw.

Nanawagan ng hustisya ang NUJP sa pagpaslang sa brodkaster na itinuturing nitong malupit na paalala na ang pamamahayag ay nananatiling isang delikadong propesyon sa Pilipinas.

Giit ng grupo, dapat gumawa ng aksyon ang gubyerno kaugnay sa krimen, at wakasan ang kultura ng kawalang-pakundangan sa bansa na tampok sa mga kaso ng pag-atake sa mga mamamahayag. Anang NUJP, dapat mapanagot ang mga nanggigipit, umaatake at pumapatay sa mga manggagawa sa midya.

Kung mapatutunayan na may kaugnayan sa kanyang trabaho bilang mamamahayag ang pagpaslang kay Bundoquin, ang kanyang kaso ang maitatalang ikatlo sa ilalim ng administrasyong Marcos at ika-198 simula 1986.

700 empleyado ng Duty Free Philippines, sisipain

Hunyo 3, 2023

Nakatakdang tanggalin sa trabaho ang 700 empleyado ng Duty Free Philippines (DFP), isa sa mga government-owned and -controlled corporation o GOCC na target ng pakanang “right-sizing” ng rehimeng Marcos. Noong Mayo, natanggap ng mga kasapi ng United Workers of Duty Free Philippines ng pangalawang pabatid para sa “reorganisasyon” ng kumpanya. Sa pabatid na ito, pinapili ng maneydsment ang 1,000 empleyado na tumanggap ng separation package o muling mag-apply sa ititirang 345 trabaho.

Noong Mayo 28, nagsampa ang unyon sa korte ng petisyon para sa temporary restraining order para pansamantalang ipatigil ang malawakang tanggalan. Nakatakdang ipatupad ang mga pagtatanggal sa gitna ng Hunyo. Pagdadahilan ng estado ang pagkalugi ng kumpanya noong panahon ng pandemya.

Mariing tinututulan ng UWDFP, kasama ang mga abugado nito sa Federation of Free Workers (FFW), ang napipintong tanggalan na inireresulta sa tangkang gawing pribado ang Duty Free Philippines. Anila, labag ito sa kanilang karapatan sa seguridad sa trabaho. May nauna nang mga kaso kung saan kinilala ng mga korte ang mga empleyado ng Duty Free Philippines bilang mga regular na kawani.

Pinasisinugalingan ng “reorganisasyon” sa DFP ang pahayag ng mga upisyal ng estado noong nakaraang taon na hindi magkakaroon ng tanggalan sa pakanang “right-sizing” ng rehimen. Noong 2022, mariin itong tinutulan ng pederasyong COURAGE dahil sa banta nito sa mga trabaho at kagalingan ng mga kawani ng gubyrerno.

Bentahan ng armas sa Canada, binulabog ng protesta

Hunyo 3, 2023

Mahigit 100 katao ang nagprotesta sa EY Centre, Ottawa sa Canada noong Mayo 31 para kundenahin ang pagbubukas ng CANSEC, ang pinakamalaking pandaigdigang bentahan ng armas o “arms show” sa Canada. Hinarangan nila ang mga daan patungo sa benyu d na naging dahilan ng pagkaantala nito ng ilang oras.

Ang CANSEC, na inilulunsad ng Canadian Association of Defence and Security Industries, ay taunang isinasagawa sa Ottawa para itampok ang nangungunang mga armas pandigma ng mga kumpanya sa armas sa buong mundo. Dinadaluhan ito ng mga lider ng Canada at mga delegasyon mula sa mga bansang kalakhan ay may balak o may kakayahang bumili ng mga armas.

Nakiisa sa pagkilos ang International League of People’s Struggle (ILPS)-Canada na binatikos ang pagbebenta ng mga armas sa kalagayang dumarami ang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa mga bansang alyado ng Canada.

Sa protesta, kinundena ng ma tagapagtanggol ng karapatang-tao ng Pilipinas ang pakikipagkiskisang-braso ng Canada sa anak ng diktador at mandarambong na si Ferdinand Marcos Jr. Ayon sa kanila, pinatitindi pa ni Marcos Jr ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa bansa sa pagkasangkapan nito sa Armed Forces of the Philippines sa tabing ng kampanyang kontra-insurhensya ng rehimen.

Dumalo rin sa pagkilos ang ilang kabataang Palestino para batikusin ang suporta ng Canada sa pasistang rehimen ng Israel at brutal na okupasyon nito sa Palestinong mga komunidad. Nakiisa rin sa pagkilos ang mga taga-Peru na kumundena sa pagbebenta ng armas ng Canada sa rehimen ng Peru na nagpatalsik sa demokratikong halal na pangulo nito.

Kabilang sa mga grupong lumahok sa protesta ang Anti-Imperialist Alliance, Migrante, Anakbayan, ang Palestinian Youth Movement, Samidoun, International Migrant Alliance, Solidarios con luchas de Perú, World Beyond War Canada, at Peace Brigades International-Canada. Ayon sa kanila, hindi lang papatay ng tao ang mga armas na ito, wawasak din sila ng buu-buong mga komunidad at magpapalayas ng mamamayan mula sa kanilang tahanan.

“Ang uring manggagawa at katutubo ng Canada ay patuloy na nagdurusa sa sumisirit na halaga ng pamumuhay at implasyon habang ipinagpapatuloy ng estado ng Canada ang mga proyekto ng kolonisasyon... ang CANSEC ay manipestasyon ng ekonomyang militar ng Canada na inuuna ang kita

bago ang panganailangan ng mamamayan,”
pahayag ni Trevor Younie ng ILPS-Canada.

Platapormang susubaybay sa kalagayan ng malayang pamamahayag sa Southeast Asia, binuo

Hunyo 3, 2023

Binuo ng pitong organisasyong pangmidya at mamamahayag noong Mayo 29 ang isang online na platapormang susubaybay sa kalagayan ng malayang pamamahayag sa Southeast Asia. Layon ng pfmsea.org na bantayan at mabilis na mag-ulat ng mga kaso ng pag-atake at banta sa mga mamamahayag at manggagawa sa midya sa rehiyon.

Sasaklawin ng plataporma ang mga usapin sa kaligtasang digital, pisikal, at ligal, kabilang ang maraming bagong regulasyon at patakarang kumukupot sa malayang pamamahayag.

Binuo ang inisyatiba ng Alliance of Independent Journalists (AJI) Indonesia, Association of Timor Leste Journalists (ATJL), Cambodian Journalists Alliance Association (CamboJA), Center for Independent Journalism (CIJ), Merdeka Media Movement Malaysia (GeramM), National Union of Journalists Philippines (NUJP), at Prachatai ng Thailand.

Ang datos na makakalap ng plataporma ay magmumula sa direktang pagbabantay ng mga mamamahayag at kanilang organisasyon o sa mga ulat na matatanggap nito.

“Ang database sa platapormang ito ay maaaring maging tuntungan sa pagbubuo ng isang early warning system. Para ang mga tugon sa bawat kaso ng karahasan ay maisagawa nang mas mabilis,” pahayag ng mga grupo.

Gagamitin din umano ito para palakasin ang mga pagsusuri at paunlarin ang magagandang praktika para suportahan ang malayang pamamahayag. “Maaari ding gamitin ito para palakasin ang adbokasiya para sa panrehiyon at internasyunal na suporta,” ayon pa sa kanila.

Giit nila, sa ganitong paraan ay mapalalakas ang panawagan para itulak ang mga estado at internasyunal na mga institusyon na protektahan ang malayang pamamahayag.

Kasunduan sa pagsasapribado ng koop sa kuryente sa Bacolod, iniratsada

Hunyo 4, 2023

Sa kabila ng pagtutol ng mga konsyumer ng Central Negros Electric Cooperative (CENECO) at residente ng Bacolod City at kalapit na mga lugar, biglang nagpirmahan ng Joint Venture Agreement (JVA) ang maneydsment ng CENECO at Primelectric Holdings Inc na epektibong nagsasapribado sa kooperatiba ng kuryente. Isinagawa ang pagpirma sa kasunduan noong Hunyo 3.

Pinirmahan ang kasunduan ni Jojit Yap, presidente ng CENECO at ni Roel Castro, presidente ng Primelectric.

Ayon sa mga grupong tumututol, mistulang “isang magnanakaw sa gabi” ang ginawang pirmahan sa kasunduan dahil isinapubliko lamang ang anunsyo kaugnay nito noong gabing-gabi ng Hunyo 2.

Binatikos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Negros ang hakbang na ito ng maneydsment ng CENECO at tinawag na taksil sa mga konsyumer dahil sa maaonamlyang iskema. “Kahiya-hiya sila sa lantarang pagbalewala sa interes ng mamamayang dapat nilang pinagsisilbihan,” giit ni Noli Rosales, tagapagsalita ng Bayan-Negros.

Noong inilunsad ang Annual General Membership Assembly (AGMA) ng CENECO noong Mayo 28, inulan ng kritisimo ang mga upisyal at maneydsment nito sa tangkang ilusot sa mga myembro nito ang JVA.

Noong Hunyo 24-25, at Hulyo 1-2 nakatakdang isasagawa ang plebisito para aprubahan ng mga kasapi ang kontrata. Pero ayon sa Bayan-Negros, “pormalisasyon” na lamang ito dahil wala namang isinagawang tunay na konsultasyon at makabuluhang dayalogo.

Nanawagan ang grupo para sa kagyat na pagpapabasura sa JVA at iginiit sa maneydsment ng CENECO na makinig sa kanilang mga konsyumer. “Hindi pa tapos ang laban. Mapagpasya ang boses ng mga konsyumer,” ayon kay Rosales.

Aniya, sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ay mapapanagot ng mga konsyumer ang board of

directors at pamunuan ng CENECO sa pagtalikod nito sa interes ng mga konsyumer.

Matatandaan na noong Mayo 24 ay nagtipun-tipon sa Bacolod City ang hindi bababa sa 20 organisasyon ng iba't ibang sektor para buuin ang isang koalisyon laban sa pribatisasyon ng CENECO. Pinirmahan ng mga ito ang isang manipesto na tumututol sa JVA.

Kabilang sa dumalo at pumaloob sa Anti-Ceneco-JVA Coalition ang Social Action Center ng Diocese of Bacolod, Ceneco Union of Rational Employees, Responsible Supervisory and Confidential Employees, Konsumers Negros, Bayan-Negros, Kadamay, Pamalakaya, at BMP-Sanlakas.

Ayon sa koalisyon, magresulta lamang ang JVA sa dagdag na singil sa kuryente dahil ang pangunahing motibo ng MORE Power ay tiyakin ang return of investment of tubo nito. Sa tala ng koalisyon, ang singil sa kuryente ng CENECO ay nasa ₱1.0348 per kilowatt hour. Mahigit doble ang sisingilin ng MORE Power na ₱2.3226 per kwh.

Ang CENECO ay nagsusuplay ng kuryente sa hindi bababa sa 237,000 kabahayan sa mga syudad ng Bacolod, Bago, Talisay at Silay at sa mga bayan ng Murcia at Don Salvador Benedicto na may kabuuang 158 barangay.

60 taon ng internasyunal na pakikipagkaisang medikal ng Cuba, ipinagdiwang

Hunyo 5, 2023

Ginunita sa Cuba noong huling linggo ng Mayo ang 60 taong pagseserbisyo ng mga duktor na Cuban sa iba't ibang bahagi ng mundo. Itinaon ang pagdiriwang sa anibersaryo ng pagpapadala ng Cuba ng mga duktor sa Algeria noong 1963 para tumulong sa pagbangon ng bansa matapos lumaya ito sa kolonyalistang France.

Inalala nila ang pahayag ng yumaong presidente ng bansa na si Fidel Castro, na nagsabing hinding-hindi magpapadala ang Cuba ng mga eroplanong pandigma sa ibang panig ng mundo, para mambomba ng ibang mamamayan. Hinding-hindi ito mang-aatake ng ibang bayan, katulad ng ginagawa ng mga imperyalistang bansa. Sa halip, magpapadala ito ng mga duktor sa iba't ibang sulok ng mundo. Panawagan niya, "Doctors, not bombs!" (Mga duktor, hindi mga bomba!)

Sa ilalim ni Castro, nakilala ang Cuba sa medical solidarity o pakikipagkaisang pangkalusugan nito sa buong mundo. Nagpapadala ito ng mga duktor, nars at iba pang manggagawang pangkalusugan sa mga bansang hinambalos ng mga sakuna, iniipit ng mga imperyalistang bansa at mga bansang humihingi ng tulong. Noong 2005, itinatag ang mga Henry Reeve Medical Brigade para gawing mas sistematiko ang pagpapadala ng mga manggagawang pangkalusugang Cuban sa iba't ibang sulok ng mundo. Ayon pa kay Castro, mas may lohika ang pagpapadala ng mga duktor, kaysa mga sundalo tulad ng ginagawa ng US, sa mga bansang dumanas ng sakuna.

Binuo ng 60 duktor, nars at dentista ang unang grupo na ipinadala ng Cuba sa Algeria. Mula noon,

nasa 605,000 manggagawang pangkalusugan na na ang nakapagsilbi sa 165 bansa. Liban sa mga sakuna, tumutugon din sila sa mga kasong may pagkalat ng nakakahawang sakit at pangangailangan para sa batayang serbisyong medikal. Patuloy silang nagseserbisyo sa kabila ng brutal na mga sangsyon sa ekonomya ng Cuba, na naglimita maging sa batayang suplay pangmedikal ng bansa.

Liban sa pagpapadala ng mga duktor, tumatanggap din ang Cuba ng mga estudyante mula sa ibang bansa para sanayin sa modernong medisina. Sa pagitan ng 2005 at 2016, nakapagsanay ito ng 25,000 estudyante mula sa mga karatig bansa nito sa Latin America, at 27,000 estudyante mula sa mayayaman bansa, kabilang ang US. Prayoridad ng eskwelahan ng Cuba, ang Latin America School of Medicine ang kabataan mula sa sektor ng magsasaka, manggagawa, pambansang minoritya at iba pa, na anito'y may "personal na kaalaman" sa kalagayan at mga sirkunstansya ng kanilang mga pasyente.

Mapangwasak na proyektong reklamasyon, tinutulan

Hunyo 5, 2023

Inilunsad sa pangunguna ng People's Network for the Integrity of Coastal Habitats and Ecosystems (People's NICHE) ang 3rd National People's Summit Against Reclamation noong Hunyo 3-4 sa Maynila. Kabilang sa mga lumahok sa pagtitipon ang iba pang grupong maka-kalikasan, kasama

ang higit 100 mangingisda mula sa iba't ibang panig ng bansa.

Tumampok sa kanilang talakayan ang naiulat na 53 proyektong reklamasyon sa buong bansa na kalakhan ay nakabase sa Manila Bay at sasaklaw sa mahigit 27,000 ektarya ng pangisdaan. Tinatayang umaabot sa 1.5 milyong tao ang direktang apektado nito.

Naging masigla ang naging palitan ng karanasan at kinakaharap na problema ang inilatag ng mga kinatawan ng iba't ibang sektor na magiging epekto sa kanila ng nakaaalarmang pagdami ng proyektong reklamasyon.

Panawagan nilang ikansela ng estado ang lahat ng proyektong reklamasyon, dredging, at seabed quarrying (paghuhukay ng buhangin sa ilalim ng dagat) sa buong bansa at imbestigahan at panagutin ang mga korporasyon at ahensya ng gubyernong nasa likod nito.

Kasama ang San Miguel Corporation, SM Prime Holdings, Waterfront, at mga dayuhang korporasyon tulad ng China Harbor Engineering Company at Royal Boskalis Westminster N.V. sa mga korporasyon na may nakatakda o kasalukuyang gumugulong na proyekto.

Naglunsad rin kahapon ang mga grupo ng sunset protest (protesta sa dapithapon) sa Rajah Sulayman Park sa Maynila bilang pagsasara sa naturang summit at bilang tanda ng sama-samang pagtutol sa mapangwasak na mga proyektong ito. Inihayag rin nila ang determinasyon manguna sa

pangangalaga sa integridad ng coastal habitats and ecosystems (kalusugan ng mga baybayin) na mahalaga para sa mga komunidad at pangkabuuang kapaligiran.

Pahayag ni Fernando Hicap, Pambansang Tagapangulo ng PAMALAKAYA: “Bilang kasalukuyang kalihim ng Department of Agriculture, dapat panagutan ni Pangulong Marcos Jr ang naging epekto ng mga reklamasyong ito sa milyun-milyong mangingingisda. Ang kanyang patuloy na pananahimik sa mga usapin ay dagdag na pagpapabaya sa naghihingalo nang sektor ng mga mangingingisda.”

“Mga malaking korporasyon lamang ang makikinabang dito at lalong mapapabayaang ang sosyo-ekonomikong karapatan ng mga mangingingisda, marine biodiversity, at ang lokal na seguridad sa pagkain,” dagdag niya.

Samantala, nahimok nilang makipagkonsultahan ang Ambassador ng The Netherlands sa Pilipinas na si Marielle Garadaets sa mga mangingingisda sa Cavite na apektado ng dredging sa Manila Bay ng kumpanyang Boskalis, isang Dutch maritime construction firm (mga konstruksyon sa dagat).

Tumungo rin sila sa Mendiola para patampukin ang kanilang panawagan sa pagsalubong ng World Environment Day ngayong araw.

Mga welga para sa dagdag-sahod, nagpapatuloy sa UK at US

Hunyo 5, 2023

Tumigil ang mga tren sa England noong Hunyo 3 nang ikasa ng 12,000 drayber sa ilalim ng Associated Society of Locomotive Engineers and Firemen (ASLEF) ang 24-oras na welga para sa karampatang kumpensasyon ng kanilang obertaym at mas makataong kundisyon sa paggawa. Umaabot sa 60% ng serbisyong tren ang naparalisa. Pangalawang aksyon na ito ng unyon. Noong Mayo 31, isinagawa din nito ang 24-oras na welga.

Isang araw bago nito, nagkasa rin ng 24-oras na welga ang mga myembro ng National Union of Rail, Maritime and Transport Workers para sa dagdag-sahod na pang-agapay sa dinaranas nilang sumisirit na implasyon. Tulad ng ASLEF, tinanggihan nila ang alok ng maneydsment na napakababang dagdag-sahod. Nagsimula ang mga negosasyon para sa dagdag-sahod at karampatang kumpensasyon noon pang nakaraang taon. Ikinasa nila ang unang malawakang mga welga sa simula ng taon.

Bahagi ang mga welgang ito sa nagpapatuloy na mga sigalot sa pagitan ng gubyerno ng UK at pribadong kumpanya sa isang banda, at malalawak na sektor ng mga nars, titser, manggagawang pang-emerdyensi at iba pa, sa kabilang banda, na nagsimula noon pang nakaraang taon.

Samantala, nakakasa at nagbabadya rin ang malalaking welga sa US. Ngayong araw, pumasok sa ika-35 araw ang welga ng 11,500 manunulat sa Hollywood sa ilalim ng Writers Guild of America. Ikinasa nila ang welga noong Mayo 2 matapos

tumanggi ang mayor na mga kumpanya sa pelikula at telebisyon na itaas ang kanilang sahod sa gitna ng nagtataasang kita, laluna sa streaming services (o mga produktong online). Anila, palaki nang palaki ang inilalaan ng mg kumpanya sa entertainment para sa mga pelikula at serye sa telebisyon, pero nananatiling mababa ang sahod ng mga tagasulat nito.

Sa US pa rin, nagbabanta magwelga ang 350,000 kasapi ng unyon ng mga manggagawa sa United Parcel Services (UPS) para sa dagdag-sahod. Ang UPS ang isa sa pinakamalaking kumpanya sa US na nagbibigay ng serbisyo ng deliberi. Nasa abereyds na 24 milyong pakete ang idinideliber ng mga manggagawa nito araw-araw. Huling nagkaroon ng pakikipagnegosasyon sa pagitan ng mga manggagawa at kumpanya noong 2018. Sa nakaraang dalawang taon, halos triple ang inilaki ng kita ng UPS kumpara sa panahon bago ang pandemya pero walang pagbabago sa sahod ng mga manggagawa. Noong 2022, ginantimpalaan ng kumpanya ang mga shareholders nito nang \$8.6 bilyon sa porma ng mga dibidendo at shares. Kung hindi haharapin ng maneysment, nakatakdang magwelga ang mga manggagagawa dito sa Hulyo 31.

Noong Mayo 18, bumoto para sa pagkakasa ng welga ang mga piloto ng Federal Express, isa pang kumpanyang nasa serbisyo ng deliberi. Giit nila sa kanilang kontrata ang dagdag-sahod. Kasabay nilang naghapag ng mga notice of strike ang mga unyon ng piloto ng Southwest Airlines at American Airlines.

Tulad sa UK, ang mga welgang ito sa US ay karugtong sa nagpapatuloy na mga pagkilos ng mga manggagawa sa bansa. Sa datos ng Bureau of Labor Statistics ng bansa, tumaas nang 50% ang mga aksyong manggagawa (welga, piket, rali) sa malalaking empresa o yaong may lampas 1,000 manggagawa, noong nakaraang taon, kumpara sa 2021. Tinatayang tataas pa ang tantos na ito ngayong taon.

Pagtalaga ni Marcos kina Teodoro at Herbosa bilang kalihim sa depensa at pangkalusugan, inulan ng batikos

Hunyo 6, 2023

Mariing pagkundera ang sumalubong sa pagtalaga ni Ferdinand Marco Jr kay Gilbert Teodoro bilang kalihim ng Department of Defense at Teodoro Herbosa sa pinakamataas na pwesto sa Department of Health. Kapwa masama ang rekord ng dalawa, laluna sa paggalang ng mga karapatang-tao.

Si Teodoro ay una nang nagsilbing kalihim ng DND mula 2007 hanggang 2009 sa ilalim ng rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo. Pinamunuan niya ang pagpapatupad sa Oplan Bantay Laya 2, isa sa pinakabrutal at madugong kampanyang mapanupil.

Sa isang tweet, sinariwa ni Tinay Palabay, kalihim ng grupong Karapatan, ang mga krimen ni Teodoro. Ilan lamang dito ang pagpaslang ng mga armadong pwersa ng estado kina Fr. Cecilio Lucero, Rebelyn Pitao, Dr. Rogelio Penera, Dr.

Bartolome Resuello, mga magsasakang sina Manuel at Jocelyn Suarez at kanilang apat na anak, Edelina Jerus, Wilma Ambil, Charito Caspillo, at ang 11-taong gulang na si Halima Bansil.

Sangkot din si Teodoro sa pagdukot kay James Balao na hanggang ngayon ay nawawala, at ang pagdukot at tortyur kina Melissa Roxas at Pastor Rodel Canja na inilitaw dulot ng malawakang panawagan para rito. Sa panahon din niya inaresto, kinasuhan at ikinulong sa gawang-gawang kaso sina Elizabeth Principe, Atty. Remigio Saladero at Randall Echanis.

Labas sa kanyang madugong rekord sa gubyerno, malaki rin ang naging interes ni Teodoro sa pagmimina. Dati siyang pinuno ng Saggitarius Mining Incorporated, ang kumpanya sa pagmiminang nagpupumilit minahin ang ginto at ibang mineral sa Tampakan, South Cotabato, gayundin ng Indophil Resources Corporation, dating pagmamay-ari ng Glencore International.

Ilang beses siyang nagtangkang umupo sa pambansang pamumuan, kabilang ang pagtakbo bilang presidente at senador na kapwa hindi na naipanalo. Noong 2022, nagprisinta siyang makapareha ni Sara Duterte sakaling tumakbo ito pagkapresidente. Kilala siyang malapit kay Gloria Macapagal-Arroyo.

Bago siya napadpad sa pambansang pulitika, nagsilbi siyang upisyal panlalawigan ng Tarlac sa ilalim ng diktadurang Marcos. Pinsan siya ni Benigno Aquino Jr, at pamangkin ni Eduardo

Cojuangco Jr, ang pinakamalaking kroni ng diktador na Marcos Sr, ama ng kasalukuyang presidente.

Si Herbosa, sa kabilang banda, ay kilala sa pagiging Red-tagger ng mga aktibista, kabilang ng mga manggagawang pangkalusugan na naggigiit ng karampatang kumpensasyon noong panahon ng pandemya. Isa sa pinakabantog niyang upinyon ay ang pagkutya niya sa pagdadalamhati ng detenidong si Reina Mae Nasino at kanyang mga tagasuporta nang mamatay ang anak nitong si Baby River. Umani siya ng kaliwa't kanang batikos noong panahon ng pandemya dahil sa pagpapalaganap niya ng mga maling pananaw at datos.

Napilitan siyang magbitiw sa pwesto bilang executive vice-president ng University of the Philippines-Los Banos dahil sa pagkutya niya sa community pantry matapos mamamatay ang isang matanda habang naghihintay sa pila. Kilala din siyang misogynist (galit at walang respeto sa kababaihan) at kakoro ng NTF-Elcac sa pagrered-tag sa mga manggagawang pangkalusugan. Dati siyang espesyal na tagapayo ng National Task Force Against COVID-19 na nagpatupad ng militaristang lockdown at iba pang mapaniil na hakbang sa panahon ng pandemya.

Isa sa nagpahayag ng pagkadismaya sa pagkakatalaga kay Herbosa sa DoH ay ang Alliance of Health Workers (AHW).

“Nae-experience natin nung 2010-2015...siya ang pasimuno na isapribado ang mga pampublikong

ospital at pagbebenta sa iba pang pampublikong ospital para isapribado,” ayon kay Robert Mendoza, presidente ng AHW. “Nag-aalala kami dahil alam natin na siya ang utak ng privatization.”

Palayain ang Mansalay 2, giit ng mga grupo

Hunyo 6, 2023

Binuo noong Hunyo 5 ng pamilya, mga kaanak, organisasyon ng mga magsasaka at tagapagtaguyod ng karapatang-tao ang network na ‘Free Mary Joyce Lizada and Arnulfo Aumentado Campaign Network’ para igiit ang kagyat na pagpapalaya kina Lizada at Aumentado na kapwa dinukot ng militar noong Abril 24 sa Mansalay, Oriental Mindoro at kalaunan ay inilitaw ng militar na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Ang dalawa ay mga myembro ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK), ang organisasyon ng mga katutubo sa rehiyon.

Ang pagtitipon ng mga kaanak at grupo ay isinagawa sa Commission on Human Rights sa Quezon City.

Ang dalawa ay kasalukuyang ibinibimbin sa Army Service Hospital sa Camp Capinpin sa Tanay, Rizal. Panawagan ng network na kilalanin at igalang ang mga karapatang demokratiko ng

dalawa at pahintulutan ang mga kaanak at abugado na malayang makabisita sa kanila.

Sa nagdaang mga linggo at pagkakataong bibisitahin ang dalawa, paulit-ulit na pinigilan at ginipit ng militar ang kanilang mga kamag-anak at kasama nilang paralegal.

Nag-apela rin ang network sa gubyerno at CHR na tugunan ang lumalaganap na kaso ng ilegal na pag-aaresto at detensyon sa bansa. Sa huling tala noong Marso 31, hindi bababa sa 769 ang mga bilanggong pulitikal, 40 ang inaresto sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

Ipamahagi ang 625 ektaryang pastuhan sa Isabela, giit ng mga magsasaka

Hunyo 7, 2023

Iginigiit ng mga magsasaka at maralita sa Sityo Villa Corazon, Barangay Manano, Mallig, Isabela na ipagkaloob sa kanila ang 625-ektaryang pastuhan na higit 30 taon na nilang binubungkal. Daan-daang magsasakang kasapi ng Timpuyog Dagiti Marigrigat A Residente Ti Villa Corazon ang nakipagdayalogo sa mga upisyal ng lokal na gubyerno noong nakaraang linggo para sa kahingiang ito. Kasabay nito ang pagbisita ng Sangguniang Panlalawigan sa naturang pastuhan.

Ayon sa mga magsasaka, ang lupang binubungkal nila na dating pastuhan ay ipinagkaloob ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa angkang Marcela Uy ng

ranchong URPGA (United Ranchers Planters Greeners Association).

Matapos pakinabangan ng mga Uy ang lupa nang 60 taon, nawalan na ng bisa ang permit ang pastuhan at natiwangwang ang lupa. Inokupa ito ng mga magsasaka at maralitang setler para bungkalin, pakinabangan at tayuan ng bahay, kasama ang lupang tabing haywey.

Noong 2017, binigyang muli ng DENR ang pamilyang Uy ng permit para ipaloob ang lupang binubungkal na ng mga magsasaka sa National Greening Program ng noon'y rehimeng Aquino. Gayunpaman, walang balak magtanim ng puno ang mga Uy. Ginamit lamang nito ang NGP, kakutsaba ang DENR at lokal na gubyrerno, para palayasin ang maralitang magsasaka sa lupa at baguhin ang klasipikasyon ng lupa.

Dahil dito, nakaranas ng paulit-ulit na pagpapalayas ang mga magsasaka at maralita sa kanilang lupa. Kinasuhan pa sila ng DENR para sapilitang paalisin. Sinasabi umano sa kanila na bawal silang tumira sa forest land o kagubatan gayong matagal nang kalbo ang kabundukan rito at damo na lamang ang natitira sa lugar.

Ikinumpara ng mga magsasaka ang nangyayari sa kanila sa insidente ng pagpapalayas sa katabi nitong Barangay Trinidad kung saan sapilitang pinaalis ang mga magsasaka at pagkatapos ay pinaghati-hatian ng malaking pulitiko at lokal na mga upisyal ang 200 ektaryang nireklasipika.

Ang kasong ito sa Sityo Villa Corazon ang patunay na palpak at hindi para sa magsasaka ang 35-taon nang Comprehensive Agrarian Reform Program ng estado.

Mga manggagawang pangkalusugan, tutol sa pagtatalaga kay Herbosa bilang kalihim sa kalusugan

Hunyo 7, 2023

Hindi sang-ayon ang mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Alliance of Health Workers (AHW) sa pagkakatalaga kay Teodoro “Ted” Herbosa bilang kalihim ng Department of Health (DOH). Anang grupo, isa itong “malinaw na manipestasyon ng lubhang kawalang malasakit ng pangulo sa buhay, kalusugan at kagalingan ng mga manggagawang pangkalusugan at mamamayan.”

Tandang-tanda pa umano ng mga manggagawang pangkalusugan ang papel ni Herbosa bilang undersecretary ng ahensya mula 2010 hanggang 2015 kung saan nabantog siya bilang “promotor ng mga proyektong Public-Private Partnership” sa Metro Manila at Southern Luzon. Malinaw umanong insulto ang pagtatalaga sa kanya sa mga mahihirap na pasyente at mga pampublikong ospital.

Nakilala din si Herbosa na nagtangkang ibenta ang Philippine Orthopedic Center, pagbuwag ng Fabella Hospital at pribatisasyon sa mga operasyon ng mga pampublikong ospital sa isang antas.

Naitalaga rin si Herbosa bilang tagapayo ng Inter-Agency Task Force (IATF) laban sa Covid-19 ng noo'y rehimeng Duterte. "Nasaksihan naming mga manggagawang pangkalusugan at ng buong bansa ang kanyang kapalpakan, kriminal na kapabayaang at kabiguan ng tugon ng guberno sa Covid-19," ayon pa sa AHW.

Hindi rin umano gusto ng mga manggagawang pangkalusugan ng isang kalihim sa ahensya na bantog na red-tagger at naninira sa lehitimong pakikibaka ng mga unyon ng mga manggagawang pangkalusugan.

Sa isang pahayag ng AHW noong nakaraang taon, inilatag nito na dapat ang susunod na kalihim ng DOH ay "maka-mamamayan, manggagawang pangkalusugan at nakikinig at tumutugon sa lehitimong mga isyu at hinaing ng mammaayan." Dagdag pa nila, dapat din umanong may mahabang rekord ng maayos na pamumuno, may pananagutan at integridad at hindi sangkot sa kahit anong maanomalyang transaksyon sa guberno. Kaya naman, ganun na lamang ang kanilang pagkadismaya sa desisyong ilagay sa pwesto si Herbosa.

Pagbasura sa petisyong makapagpyansa si de Lima, kinundena

Hunyo 7, 2023

Umani ng malawakang pagbatikos ang pagbabasura ng korte ngayong Hunyo 7 sa petisyon para piyansa upang pansamantalang makalaya ang dating senador na si Leila de Lima.

Ibig sabihin, mananatili siya sa kulungan habang dinidinig ang pangatlo at huling gawa-gawang kaso laban sa kanya.

Ang pagtangi ang pinakahuli sa serye ng panggigipit ng estado sa senador, na halos pitong taon nang nakakulong sa gawa-gawang kaso ng pagkakasangkot sa pagbebenta ng iligal na droga.

Dalawa sa tatlong kasong isinampa sa kanya ay naibasura na dulot ng pag-atras ng mga saksi laban sa kanya. Sa kabila nito, sinabi ng korte na may “malakas” na mga palatandaan na maysala si de Lima. Gayundin, wala siyang matinding karamdaman at ang naganap na panghohostage sa kanya sa bilangguan ay isa lamang “isolated case.” Sa gayong pagdadahilan, walang nakitang batayan para pansamantala siyang palayain, ayon sa 35-pahinang desisyon ng korte.

“Ang matataas na upisyal na sangkot sa pamamaslang ng drug war ni Duterte...ay malayang-malaya, habang si Sen. Leila ay nananatiling nakakulong dulot ng walang basehang mga akusasyon,” pahayag ni Atty. Neri Colmenares ng Bayan Muna. “Sigurado akong papansin ng ICC ang pangyayaring ito sa usaping kaya o handa ba ang sistema ng hustisya sa Pilipinas sa paghatid ng hustisya nang walang takot o kinikilingan. Dapat palayain na si Leila de Lima!”

DepEd, kinastigo ng ACT sa bulok na rice allowance

Hunyo 8, 2023

Kinastigo ng kinatawan ng ACT Teachers party-list ang Department of Education para sa bulok na bigas na ipinamahagi ng ahensya sa mga guro bilang kanilang one-time rice allowance. Bulok at di makain ang naturang bigas, ayon sa mga guro.

Ayon kay House Deputy Minority leader at ACT Teachers party-list Rep. France Castro, “huling-huli na nga ang pagbibigay ng rice allowance na ito ay halos bulok na at di makain yung ipinamigay sa mga guro.” Nakaiinsulto ito sa mga guro, aniya.

Ayon sa grupo, hindi makain ang bigas na ipinamahagi sa Nueva Ecija, Mindoro, Bacolod City at Zamboanga del Norte. “Manilaw-nilaw at may amoy ang bigas na natanggap sa Mindoro. Maitim at parang nabubulok na ang natanggap sa Nueva Ecija. Binubukbok na rin ang bigas na natanggap sa Bacolod City kung kaya ipinatuka na lamang ito sa mga manok,” ayon kay Vladimer Quetua, tagapangulo ng Alliance of Concerned Teachers (ACT).

Samantala, hindi pa nakatatanggap ang mga guro sa ibang rehiyon ng alawans na ito. Sa ilang mga rehiyon, pinapirma na ang mga guro sa acknowledgement receipt kahit hindi pa naibibigay ang bigas. Kabilang dito ang mga guro sa Metro Manila na pinapirma sa isang papel kaugnay ng rice allowance pero walang natanggap na bigas. Biro nila, “itinatanim” pa siguro ang bigas na para sa kanila kaya hindi pa dumadating.

“Gumastos ang pamahalaan ng halos ₱1.183 bilyon para sa rice assistance ng halos 1.83 milyon na kawani ng pamalahaan. Pumapatak na ₱25

kada kilo ang presyo ng bigas na ito na hindi naman makain ng tao. Mukhang naghanap lamang ang gubyerno ng pagtatapunan ng nabubulok na bigas sa mga bodega ng National Food Authority,” bwelta ni Quetua.

“Nasayang lamang ang buwis ng mamamayan sa bigas na hindi makain at nainsulto pa ang ating mga guro na umaasa sa kaunting benepisyong kanilang matatanggap. Sa ganitong kalagayan ay dapat na kagyat na imbestigahan ito ng Kongreso pero dapat din na maibigay na ang rice assistance at tiyakin na angkop ang kalidad nito,” pagatatapos ni Rep. Castro.

Kampo-militar sa Tarlac, kinalampag; Taytay 2, ilitaw!

Hunyo 8, 2023

Kinalampag ng iba’t ibang mga grupo kahapon, Hunyo 7, ang Camp General Servillano A. Aquino sa Tarlac upang igiit ang paglilitaw kina Gene “Bazoo” De Jesus at Dexter Capuyan, dalawang aktibista na dinukot ng pulis at militar sa Taytay, Rizal noong Abril 28. Kasamang nagprotesta ang mga kamag-anak at kaibigan ng dalawa na binansagang Taytay 2 na pinaniniwalaang nasa kustodiya ng estado. Ang naturang kampo-militar ay hedkwarters ng Northern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines.

Kinundena ng mga nagprotesta ang iskema at patakaran sa sapilitang pagkawala o enforced disappearances ng estado laban sa mga aktibista at rebolusyonaryo.

Ayon sa ulat ng mga grupo ng karapatang-tao, dinukot ang dalawa ng mga ahente ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa Golden City, SM Hypermarket sa Taytay. Sapilitan silang isinakay ng mga ahente ng estado sa dalawang sasakayan.

Labis ang pag-aalala ng mga kaanak sa kalagayan at kaligtasan ng dalawa. Inakusahan ng militar si Capuyan bilang lider ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Ilocos-Cordillera. Katunayan, may pabuyang ₱1,850,000.00 sa sinumang makadadakip o makapapatay sa kanya. Idinadawit siya sa mga kaso ng pagpatay, bigong pagpatay at tangkang pagpatay.

Samantala, si de Jesus ay upisyal sa impormasyon ng Philippine Task Force for Indigenous Peoples. Ang dalawa ay parehong alumni o dating estudyante ng University of the Philippines-Baguio.

Ayon sa mga grupo, dapat managot ang mga yunit ng pulis at militar na sangkot sa pagdukot at iligal na pagbibimbin at pagkakait sa mga karapatang ligal ng dalawa.

Presyo sa pagbili ng kalabasa sa mga magsasaka, dapat itaas

Hunyo 8, 2023

Tone-toneladang kalabasa ang nabubulok sa iba't ibang bahagi ng bansa dahil sa napakababang presyo ng bilihan nito kada kilo. Sa kasalukuyan, bagsak sa ₱3 ang isang kilo ng kalabasa sa Nueva

Ecija at ₱2 kada kilo ang presyo nito sa Cotabato at General Santos City. Isinisisi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang napakababang presyo ng bilihan sa pambabarat ng mga komersyante.

Nanawagan ang KMP na bilhin ng gubyrerno ang aning kalabasa at subsidyuhan ang mga magsasaka sa halip na hayaang mabulok ang kanilang mga produkto at malugi nang husto ang mga magubukid.

“Kung nagawa ng DA at Kadiwa sa sibuyas, kaya rin masubsidyuhan ang pagbili ng kalabasa direkta mula sa mga magsasaka,” ayon pa sa grupo.

Ayon sa KMP, dating nasa ₱25 kada kilo ang farmgate price ng kalabasa. Bumaba ito at naging ₱12 kada kilo bago ibinagsak ng mga komersyante sa ₱2 kada kilo. Tinatayang ₱50,000 kada ektarya ng gastos sa produksyon ng mga magsasaka sa pagtanim ng kalabasa. Itinanim ito mula Mayo hanggang Hulyo at Oktubre hanggang Disyembre.

Samantala, ibinebenta ang kalabasa sa palengke ng ₱30 hanggang ₱50 kada kilo.

2-taong batang Palestino, pinakahuling biktima ng terorismo ng Israel

Hunyo 9, 2023

Isang 2-taong gulang na bata ang pinakahuling biktima ng krimen sa digma ng estadong Israeli. Namatay si Mohammad Tamimi noong Hunyo 5,

apat na araw matapos siyang barilin ng mga sundalo ng Israel, habang papasakay siya at kanyang ama sa kanilang kotse sa harap ng kanilang bahay sa Nabil Saleh sa Ramallah. Binaril ng mga sundalo sa ulo ang bata habang sugatan ang kanyang ama. Ayon sa mga sundalong Israeli, “napagkamalan” nila ang kotse na naglalaman ng mga “hinahabol” nilang Palestino kaya binaril nila ang nakasay dito.

Regular na sinasalakay ng mga sundalong Israeli ang komunidad ng Nabil Saleh. Sa ulat ng mga grupong Palestino, ang mga pananalakay na ito ay nagdulot na ng 27 pagpaslang, 400 pagkasugat at 400 biktima ng iligal na mga reyd mula 1967.

Mariing kinundena ng mga Palestino ang pinakahuling krimen ng Israel, na bahagi ng sadya at sistematikong pagtarget at walang pakundangang pagpaslang sa mga sibilyang Palestino, kabilang sa mga bata. Nanawagan sila na papanagutin ang Israel sa mga krimen at paglabag nito sa karapatang-tao, alinsunod sa internasyunal na makataong batas.

Sa pagpaslang sa batang Tamimi, umaabot na sa 160 ang pinatay ng Israel na mga Palestino ngayong taon, kabilang ang 28 bata. Sa nakaraang mga taon, papatindi ang mga pang-aatake ng Israel sa mga teritoryo ng Palestine, kabilang ang buong lupit na mga pambobomba at pananalakay na nagresulta sa mas mataas na bilang ng mga pagpaslang.

Mga unyon sa Laguna, binweltahan ang NTF-ELCAC

Hunyo 9, 2023

Pinangunahan ng unyon ng Gardenia at Philfoods ang mga manggagawa ng Laguna sa pagpiket sa Sta. Rosa noong ika-6 ng Hunyo bilang pagpapamalas ng pagtutol nila sa serye ng harasment at pagdalaw ng mga sundalo at NTF-ELCAC sa kanilang mga pabrika para mang red-tag sa mga unyonista sa mga inilulunsad nitong mga seminar.

“Mariin naming kinukundena ang malawakang red-tagging sa hanay ng mga manggagawa sa Gardenia at Philfoods. Unyon lang ang tanging paraan ng mga manggagawa upang magkaron ng boses sa kapitalista sa gitna ng malawakang kontraktwalisasyon, mababang pasahod, at kawalan ng benepisyo. Kung wala nito ay mananatiling barat ang sahod kaya patuloy silang nakikibaka para sa kanilang mga batayang karapatan.” anang tagapagsalita ng PAMANTIK KMU.

“Ang lahat ng paglulunsad nila ng mga anti-union seminars at pagsasagawa nila ng pagbabahay bahay para sindakin ang mga manggagawa ay malinaw na paglabag sa kalayaang makapag-organisa, magtayo unyon, makipagtawaran sa kapitalista. Kaya hangga’t nandyan ang red-tagging, magpapatuloy ang paglaban.” pagsasara nito.

Dalawang taon na rin ang nakalilipas matapos maganap ang marahas na Bloody Sunday sa rehiyon ng Timog Katagalugan na ang pangunahing mga biktima ay mga unyonista at tagapagtaguyod ng karapatan ng mga manggagawa subalit wala pa ring napapanagot sa likod ng krimen na ito.

Ika-35 anibersaryo ng CARP, sinalubong ng protesta

Hunyo 10, 2023

Inilunsad ng mga magsasaka mula sa Southern Tagalog at Central Luzon kasama ng iba pang sektor ang 2-araw na kilos protesta nitong Hunyo 8-9 sa Maynila upang patampukin ang kanilang mga panawagan kasabay ng paggunita sa ika-35 taong anibersaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Ipinasa ang naturang batas sa panahon ng rehimeng US-Aquino I.

Sa ilalim ng panawagang “Martsa ng Magbubukid para sa Lupa, Kapayapaan at Hustisya,” nagsalubungan ang mga magsasaka mula sa iba’t ibang panig ng bansa sa harap ng Department of Agrarian Reform sa unang araw ng pagkilos. Tumungo sila sa Mendiola sa pangalawang araw upang kalampagin ang rehimeng Marcos sa napakong mga pangako ng huwad na batas para sa repormang agraryo at kawalan ng aksyon sa samut-saring usapin ng mga magbubukid sa buong bansa.

Pangunahin nilang panawagan ang lapat na programang reporma para matugunan ang dekada

nang problema sa kawalan ng lupa at patuloy na pangangamkam pa nito sa kasalukuyan. Tampok rin ang paggiit nila ng hustisya sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao at paglalantad sa mas lumalala pang militarisasyon sa kanayunan na nagpapahirap at kumikital sa batayang karapatan ng mga magsasaka.

“Ang pangunahing katotohanan ay nananatiling wala pa ring tunay na reporma sa lupa. Kung wala ito, ang kawalan ng lupa ng mga magsasaka ay lalong lalala, at ang lokal na agrikultura at ekonomya ay mananatiling bansot,” pahayag ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Iginiit rin nila na ang tanging solusyon para iwaksi ang monopolyo sa lupa ay pagsasabatas ng tunay na reporma sa lupa na maglalaman ng libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka, pagsusulong ng sistemang kooperatiba, pagbibigay ng masinsing suportang serbisyo, at pagtatayo ng mga industriya sa kanayunan para sa pambansang pag-unlad.

Nanindigan silang sa pamamagitan lamang ng pagpapatupad nito matutuldukan ang daang taong pakikibaka ng masang magsasaka para sa hustisyang panlipunan, trabaho at kabuhayan sa kanayunan, kagutuman, at pangangalaga sa kalikasan.

Anila, sinayang lamang ng CARP ang ₱306 bilyong pampublikong pondo na inilaan mula 1988 hanggang 2016, kasama ang ₱77 bilyong pondo mula sa nabawing ninakaw na yaman ng pamilya Marcos, at ₱188 bilyon na taunang badyet ng

gubyrno. Kahit na makailang ulit pa nitong palawigin ang CARP ay mananatili pa rin itong palpak dahil hindi lapat para sa mga magsasaka ang naturang reporma. Marami pa rin ang nakatiwangwang na lupa at marami pa rin ang mga magsasakang walang lupa at nakikisaka na lang.

Samantala, napahinto nang isang taon ang paniningil ng bayad sa lupa ng 610,000 benepisyaryo ng huwad na CARP dulot ng tuluy-tuloy na paggiit ng masang magsasaka. Gayunpaman, hindi natatapos dito ang paglaban lalo at wala pa ring tunay na reporma sa lupa. Itinutulak ngayon ng rehimeng Marco Jr ang samutsaring iskema para agawin ang mga lupang naipamahagi na para sa ibayong liberalisasyon ng lupa at agrikultura. Nagtutulak din ito ng mga pakanang tulad ng Masagana 99 na muling magbabaon sa mga magsasaka sa utang.

Nananatili ang banta ng malawakang pagpapalayas at pangangamkam sa lupa dahil sa pangangayupapa ng rehimeng US-Marcos Jr sa mga imperyalistang bayan sa pamamagitan ng pagpasok nito sa RCEP at IPEF na pinangungunahan ng US at China. Pahihigpitan ng naturang mga kasunduan ang imperyalistang kontrol sa lokal na kalakalan at merkado. Bukod pa ito sa direktang panghihimasok, sa pamamagitan ng pautang, ng mga institusyong imperyalista sa lokal sektor ng agrikultura. Bahagi dito ang P19 bilyong pautang ng World Bank sa mapanlinlang na SPLIT Project na naglalayong buwagin ang mga kolektibong CLOA para mas

madaling ibenta ang mga indibidwal na parsela ng lupa. Liban pa rito ang pinondohan rin ng World Bank na Philippine Rural Development Project (PRDP) Scale-Up na nagsusulong na pataasin ang bilang ng mga produktong inaangkat sa ibang bansa. Para ito, handang magpautang ang institusyon ng ₱45 bilyon.

Dagdag rito, tila nililibot rin ni Marcos Jr ang buong mundo para ibenta sa mga dayuhang mamumuhunan ang likas na yaman ng Pilipinas sa mga multinasyunal at transnasyunal na korporasyon. Kabilang sa inengganyo niya ang Charoen Pokphand Group, isang agro-industrial at food conglomerate, na nangakong magbibigay ng \$2.5 bilyon bilang puhunan sa agrikultura.

Ipinagpapatuloy din ni Marcos Jr ang patakaran ng pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural (land use conversion) at pagpapapasok ng mga dayuhang kumpanya. Iniraratsada ngayon ng kanyang mga alipures sa Kongreso at Senado ang National Land Use Act (NaLUA) at ang 30-taon na National Infrastructure Program na magpapapasahol pa lalo sa problema sa lupa. Itinutulak rin niya ang pagpapahintulot sa 100% pagmamay-ari ng dayuhan sa mga lupang agrikultural.

Krisis sa mental health, lumalala sa hanay ng kabataan

Hunyo 10, 2023

Isang estudyante ng University of Eastern Philippines ang natagpuang wala nang buhay sa kanyang tinitirahan sa Catarman, Northern Samar

sa araw mismo ng graduation rites ng paaralan ngayong araw, Hunyo 10.

Ayon sa balitang ibinahagi ni Rep. Raoul Manuel ng Kabataan Partylist, nakita sa loob ng kanyang kwarto ang pinaniniwalaang liham ng pamamaalam na nagsasaad ng paghingi niya ng tawad sa kanyang mga magulang dahil sa kabiguan niyang makapagtapos sa tamang panahon.

“Hindi dapat nating winawalambahala ang buhay ng mga kabataang nawala dahil sa pang-ekonomiko at akademikong krisis na dala ng ating lipunan. Panahon na para bigyang atensyon ng Marcos Jr-Duterte administration ang umiiral na mental health crisis at pagtalakayan ang ganitong mga insidente upang makabuo ng pambansang plano,” pahayag ni Rep. Manuel.

“Mahigpit na yakap sa kapwa kabataan na humaharap sa kani-kanilang pagsubok. Sana ay maging mas maunawain tayo sa isa’t isa at sa sarili. Ipaglaban natin ang kinabukasan kung saan walang sinumang kabataan ang masasawi dahil lang siya ay nangarap,” aniya.

Batay sa datos ng Department of Education, 404 na ang kabuuang bilang ng estudyante mula sa pampublikong paaralan na ang nagpatiwakal simula nang magkaron ng pandemya na lalong nagpalala sa krisis sa mental health ng kabataan. Umabot naman sa 2,147 ang bilang ng mga nagtangka at 775,962 ang nakapagkonsulta sa guidance counseling sa taong 2021.

Ilang buwan din lamang ang nakalilipas matapos naitala ang kaparehong insidente kung saan dalawang estudyante sa senior high school mula sa University of the East at San Beda College Alabang ang nagpatiwakal. Matatandaang isang estudyante ng University of the Philippines-Manila, si Kristel Tejada, ang piniling wakasan ang sariling buhay matapos lumiban sa unibersidad dahil sa kawalan ng kakayahan ng kanyang pamilya na bayaran ang kanyang matrikula.

NDFP, di nagulat sa kontra-kapayapaang tindig ng bagong kalihim sa depensa

Hunyo 10, 2023

Hindi nagulat ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pahayag ni Gilbert Teodoro, bagong talagang kalihim sa depensa ng rehimeng US-Marcos, laban sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at gubyerno ng Pilipinas.

“Ang personal kong tindig ay “hindi.” Matagal ko nang pusisyon yan, noong araw pa,” tugon ni Teodoro nang tanungin siya sa posilibilidad ng pagbubukas ng usapang pangkapayapaan. Tinawag pa niyang “subersyon” ng prosesong demokratiko ang pakikipagnegosasyon sa NDFP.

“Hindi na nakagugulat na si Sec. Gibo Teodoro ay matagal nang tutol sa usapang pangkapayapaan sa NDFP,” ayon kay Julie de Lima, interim na tagapanguno ng NDFP negotiating panel.

“Nanggaling nga naman siya sa parehong grupo ng mga manunulsol ng gera na nagsilbi sa ilalim ni Gloria Macapagal-Arroyo at sumuporta sa kriminal-sa-digma na si Jovito Palparan.”

Dati nang nagsilbing kalihim ng depensa si Teodoro sa ilalim ng rehimeng Arroyo mula 2007 hanggang 2009. Sa panahong ito, nagsilbi siyang pangunahing tagapagpatupad ng Oplan Bantay Laya, isa sa pinakamadugong kampanyang kontra-rebolusyonaryo ng reaksyunaryong estado.

Ayon sa grupong Karapatan, sa loob ng dalawang taong nagsilbing kalihim si Teodoro ni Arroyo, naisadokumento ng grupo ang 24 kaso ng sapilitang pagkawala, 20 kaso ng pagdukot, 99 kaso ng pagtorturyur, 456 ilegal na pang-aareso at 164 ilegal na pang-aaresto at detensyon. Gayundin, nakapagtala ito ng 117,133 idibidwal na mga biktima ng walang pakundangang pamamaril, 148,044 biktima ng pwersahang pagbabakwit, at 9,154 biktima ng hamletting. Sa ilalim ni Teodoro, ginamit para sa mga layuning militar ang mga eskwelahan, klinika, simbahan at iba pang sibilyang imprastruktura, na labag sa internasyunal na makataong batas.

“Inuulit namin ang pusisyon ng NDFP na nananatiling bukas sa negosasyong pangkapayapaan. Pero kasabay nito, wala kaming nakikitang mga palatandaan na handa ang kasalukuyang adminstrasyon na likhain ang kinakailangang mga kundisyon para maipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan,” paglilinaw ni de Lima. Balakid rin sa paglikha ng

mga kundisyong ito ang patuloy na presensya at panghihimasok ng militar ng US, aniya.

“Habang laging handa ang rebolusyonaryong kilusan para makipag-usapang pangkapayapaan sa GRP, isusulong namin ang digmang bayan para ipagtanggol ang mamamayang Pilipino laban sa mas brutal na pasistang pang-aatake at interbensyong militar ng US na nakikinita naming iigting sa ilalim ng bagong talagang hepe ng DND,” ayon kay de Lima.

6 na armadong aksyon, inilunsad ng BHB sa Bicol

Hunyo 11, 2023

Magkakasunod na armadong aksyong ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bicol sa nagdaang tatlong araw. Ayon sa mga yunit ng BHB, ang mga atritibong aksyon na ito ay bahagi ng pagbibigay-hustisya sa mamamayang biktima ng militarismo at pasistang paninibasib ng militar sa mga prubinsya ng rehiyon.

Magkasabay na operasyong harasment ang inilunsad kahapon nang umaga ng BHB-Albay laban sa dalawang detatsment ng militar. Inilunsad ng isang yunit ang operasyong haras sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Pantao, Libon. Sinundan ito ng isa pang harasment sa detatsment ng mga paramilitar sa Barangay Cuyaoyao, Pio Duran.

Kahapon din, isinagawa ng mga Pulang mandirigma sa Camarines Sur ang tatlong armadong aksyon laban sa mga kampo ng 81st IB. Ayon sa kanila, matagal nang inuokopa ng mga tropang militar ang lugar.

Bandang 12:20 ng madaling araw, inilunsad ng mga Pulang mandirigma ang magkasunod na operasyong harasment sa mga detatsment sa Barangay Inoyunan sa bayan ng Bula sa ganap na alas-12:20 ng madaling araw. Sinundan ito ng pag-atake ng isa pang yunit sa detatsment ng militar sa Barangay Cambalidio, Libmanan bandang alas-12:30 ng madaling araw.

Operasyong isnayp naman ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Calabnigan sa parehong bayan laban sa yunit-militar na nagsasagawa ng Retooled Community Service Program.

Sa Camarines Norte, tatlong sundalo ang kumpirmadong kaswalti sa atake ng BHB laban sa 9th IB sa Purok 5 ng Barangay Canapawan, Labo noong Hunyo 8.

Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isang tim ng mga sundalo papalapit sa kanilang binabasehan nang ala-1 ng madaling araw. Tumagal lamang nang 15 minuto ang sagupaan pero nagpapatok at nagpasabog ang mga sundalo hanggang alas-3 ng umaga. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

7 sundalo ng 91st IB, KIA sa armadong aksyon ng BHB-Aurora

Hunyo 11, 2023

Pitong tropa ng 91st IB ang killed-in-action o napatay sa armadong pagsalakay na isinagawa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Aurora sa kabundukan ng Barangay Diteki, San Luis, Aurora noong Hunyo 9 ng umaga. Kasunod ito ng naunang pag-atake ng BHB laban sa parehong yunit noong Hunyo 3 sa Barangay Punglo, Maria Aurora kung saan dalawang sundalo ang napatay.

Kabilang sa mga sundalong napatay si Corporal Noel F. Caya. Itinanggi ng 91st IB ang iba pang nasawi sa mga labanan.

Ayon sa yunit ng BHB, ang mga armadong aksyon na ito ay isang anyo ng pagkamit ng rebolusyonaryong hustisya ng masang magsasaka sa Aurora laban sa mga abusadong sundalo.

Labis-labis ang reklamo ng mga residente sa lugar dahil isang linggo na silang pineperwisyo ng mga sundalo, kabilang ang pagbabawal sa kanila na maghanap-buhay. Pinagbawalan din silang magpunta sa kanilang mga kaingin at hinaharang ang kanilang mga pinamili.

Bantog ang 91st IB sa mga kaso ng panghuhuli at panggigipit sa maliliit na mag-uuling at maghahalaman sa gubat. Mayroong mga kaso na iligal na sinasamsam ng mga sundalo ang pinaghirapang mga produkto ng mga magsasaka at ibinebenta para pagkakitaan ang mga ito.

Pinapaboran din nila ang mga may kakayahang mag-abot ng “lagay” habang pinagbabantaan at ikinukulong ang mga walang kakayahan.

Magsasaka, pinatay ng 9th ID sa Albay

Hunyo 11, 2023

Nanawagan ng hustisya ang mga kaanak ng magsasakang si Zaldy Cañaverl, 40, na binaril at pinatay ng mga sundalo ng 9th ID noong Mayo 24. Si Cañaverl ay nasa kanyang maisan sa Barangay Busac, Ligao City, Albay nang barilin siya ng mga sundalo.

Para pagtakpan ang karumal-dumal na krimen, pinalalabas ng mga sundalo na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Cañaverl. Ayon sa ulat, binihisan pa ng uniporme ng sundalo at nilagyan ng isang M16 ang kanyang bangkay para palabasing napaslang siya sa isang engkwentro.

Pinasubalian ni Ka Florante Orobia, tagapagsalita ng BHB-Albay, ang sinasabi ng militar na nagkaroon ng engkwentro sa lugar. Aniya, walang yunit ng BHB sa lugar nang maganap ang kanilang ‘palabas’.

Nagtamo ng isang tama ng bala sa ulo at dalawa sa katawan ang biktima. Labis ang hinagpis ng mga kaanak ni Cañaverl sa kanyang pagkamatay. “Lalabas kaya iyong katotohanan dito o kakalimutan nang lahat...rest in peace na lang sa ninong ko,” post sa social media ng inaanak ng biktima.

[reaksyon-ng-kaanak-canaverl]

Kilala siya sa kanyang mga kababaryo bilang “Pai Andy.” Pinasubalian nila ang pahayag ng militar na myembro siya ng BHB.

[reaksyon-ng-kaanak-canaveral-3]

Salaysay pa ng isang kaanak sa kanyang post, “sibilyan po ang pinatay nila...hindi po NPA.” Umapela rin siya sa publiko na sana ay mabigyan ng hustisya ang pagpatay kay Cañaveral.

[reaksyon-ng-kaanak-canaveral-2]

Matapos ang brutal na insidente, ipokritong nanawagan ang militar sa mga “rebelde” na “magbalik-loob...para sa pagkakataon na magkaroon ng mapayapa at bagong buhay kasama ang kanilang mga pamilya.”

Umapela naman ang BHB-Albay sa mga kagawad ng midya na “maging mapagtuklas sa katotohanan ng inyong mga balita at hindi dapat umaayon lamang sa iskrip ng inyong mga station manager o ng sinuman na mas mataas sa inyo.”

Tagapagsalita ng CPI-Maoist, pumanaw na

Hunyo 11, 2023

Pinabatid ng Communist Party of India (Maoist) ang pagpanaw ni Kasamang Anand noong Mayo 31 sa edad na 69. Nagsilbi siyang tagapagsalita ng Komite Sentral ng Partido sa nakaraang dalawang taon. Myembro siya ng Komite Sentral mula 1992 at Kawanihan sa Pulitika mula 2001 ng CPI

(Maoist). Nanatili siyang myembro ng mga komiteng ito hanggang sa kanyang huling hininga.

Nagsimula ang buhay rebolusyonaryo ni Ka Anand noong 1978 bilang lokal na organisador. Nagsibli siyang kadre sa antas distrito noong 1980 at naging kawani ng Dandakaranya forest committee noong 1987.

Kinilala siya ng mga kasama sa India bilang “mahusay na kasamang intelektwal” at “pinakamabuting teoretisyan.” Bukod sa pagiging tagapagsalita, nagsilbi rin siyang editor ng pahayagan ng Partido na People’s March.

“Ang kanyang pagpanaw ay malaking kawalan sa aming Partido sa krusyal na panahon nito,” pahayag ng CPI-Maoist.

Araw ng huwad na kalayaan, ginunita ng mga protesta

Hunyo 12, 2023

Tumungo una sa konsulado ng China, at pagkatapos sa embahada ng US ang mga progresibong grupo ngayong araw, itinuturing na “Araw ng Kalayaan” ng reaksyunaryong estado. Kinundena nila ang panghihimasok ng dalawang nag-uumpugang imperyalista sa teritoryo at mga internal na usapin ng bansa. Anila, hindi tunay na malaya ang Pilipinas dahil patuloy itong kinukubabawan ng imperyalismong US.

Sa harap ng konsulado ng China, kinundena nila ang iligal na pag-angkin nito sa soberanong teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea at

RCEP. Iginiit naman ng mga katutubong sumama sa pagkilos ang kanilang pagtutol sa pinondohan ng China na mga dam Kaliwa, Kanan at Laiban. Anila, apektado nito hindi lamang ang kabundukan ng Sierra Madre, kundi pati ang kalapit na mga lugar sa Rizal at Metro Manila.

Sa embahada ng US, ipinanawagan nila ang pagpapalayas ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas at tinutulan ang panibagong tulak para magtayo ng mga base nito sa ngalan ng EDCA. Tinawag ng mga raliyista ang US bilang “numero unong warmonger” (manunulsol ng gera) at binalikan ang apat na gera na inilunsad ng US sa Asia sa nakaraan at kung paano nito ginamit ang Pilipinas bilang lunsaran ng mga digmang ito.

Nagsagawa naman ng protesta ang mga progresibong grupo sa Southern Tagalog sa Kawit, Cavite kung saan unang itinaas ang bandila ng Pilipinas noong 1898. Tinangka silang pigilan ng mga pulis, at hanggang 15 minuto lamang ang kanilang programa. Sa kabila nito, iginiit ng mga grupo ang kanilang karapatan sa malayang pagpapahayag. Binigyan-pansin ng mga grupo ang pagdaraos ng mga war game sa rehiyon, tulad ng katatapos lamang na Kasangga 2023, na bahagi ng paghahanda ng US at mga kaalyado nito sa gera.

Sa Davao, naglunsad ng pagkilos ang mga grupong progresibo sa Freedom Park ng syudad.

BHB-Albay, handang tumugon sa sakuna ng pagsabog ng bulkang Mayon

Hunyo 12, 2023

Handa ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Albay at ang rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya na tumugon, mag-ambag at sumuporta sa pamamagitan ng sama-samang pag-iipon ng anumang tulong pinansyal at materyal para sa mamamayang Albayano sa harap ng pag-aalburuto ng bulkang Mayon.

Sa pahayag nito, sinabi ni Ka Florante Orobia, tagapagsalita ng BHB-Albay, nananawagan siya ng suporta mula sa mga karatig bayan para tulungan ang mga apektado ng pagsabog ng bulkan. Ani Orobia, “marami sa ating mga kababayan ang dati nang nasa gitna ng kahirapan, kagutuman at tagtuyot dagdag ang delubyong hatid ng pagsabog ng bulkang Mayon.” Kaya kinakailangan umano ang ibayong pagkakaisa at pagtutulongan sa hanay ng masang magsasaka at maralita.

Sa huling tala, higit 14,000 residente o 4,000 pamilya na sa prubinsya ang lumikas dahil sa paglalabas ng lava ng bulkan at tuluy-tuloy na pagbubuga ng usok.

Noong Hunyo 8 unang inianunsyo ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) ang Alert Level 3 sa bulkang Mayon dahil sa “relatibong mataas na antas ng ligalig dahil ang magma ay nasa crater.” Nagsilbi din itong banta sa posibleng papatinding posibilidad ng

peligrosong pagsabog sa darating na mga linggo o maging araw.

Transport Summit, idinaos ng mga tsuper at opereytor

Hunyo 12, 2023

Inilunsad ng mga nasa sektor ng transportasyon ang isang Transport Summit noong Hunyo 10 para pagbuklurin ang mga tsuper, maliliit na opereytor, at mga pasahero laban sa banta ng phase out ng mga tradisyunal na dyip at palakasin ang panawagan ng sambayanan para sa pangmasang transportasyon. Pinangunahan ang aktibidad ng Piston, No to PUV Phaseout Coalition, Ibon Foundation, Suki Network at PARA. Itinaon ang pagtitipon sa ika-42 taong anibersaryo ng Piston.

“Hindi pa tapos ang laban!” sigaw ng mga tsuper. Inatras ng rehimeng Marcos Jr ang dedlayn ng PUV Modernization Program na nakatakdang ipatupad sa Hunyo 31 matapos ang 2-araw na transport strike. Gayunpaman, hindi ito lubusang iniatras at binigyan lamang ng bagon dedlayn sa katapusan ng taon. Nananatiling mahalaga ang paglaban para sa prangkisa at kabuhayan, anila.

Kasabay ng pagpapalakas ng kanilang paninindigan laban sa PUV phaseout, tinalakay sa pagtitipon ang pangangailangan para sa pangmasang transportasyon. Ayon kay Rosario Guzman ng Ibon Foundation, isa sa mga tagapagsalita ng kumperensya, ang pangmasang transportasyon sa bansa ay komersyalisado at pribatisado. Walang plano ang guberno para

ikonsolida ang mga ito, at sa halip ay itinutulak pa ang korporatisasyon ng mga tradisyunal na dyip sa tabing ng modernisasyon.

Diskriminasyon sa kababaihan, walang pagbabago sa buong mundo—UNDP

Hunyo 13, 2023

Sa nakaraang dekada ay walang nagbago, at sa ibang bahagi ng mundo ay lumala pa, ang gender-biased social norms o mga gawing may diskriminasyon kontra sa kababaihan. Sa lipunang Pilipino, lalo pang tumindi ang mga bias o pagkiling na ito. Ito ang laman sa ulat ng United Nations Development Program na pinamagatang “Breaking down gender biases: Shifting social norms towards gender equality.” Isinapubliko ang ulat noong Hunyo 12.

Nilaman ng ulat ang mga pananaw kapwa ng mga babae at lalaki sa 80 bansa, saklaw ang 85% ng populasyon ng mundo. Sumentro ang mga tanong sa pananaw kaugnay sa mga karapatan at kagalingan ng kababaihan sa larangan ng ekonomya, pulitika, edukasyon at “physical integrity” na kaugnay sa domestic violence o karahasan sa tahanan at reproductive rights o karapatan kaugnay ng pagbubuntis.

Sa buong mundo, 90% ng mamamayan, kapwa babae at lalaki, ay may pagkiling laban sa kababaihan. Ibig sabihin nito, ang mga bias o diskriminasyon na ito ay malalim na nakaugat sa lipunan, at laganap sa iba’t ibang antas kahit sa “mauunlad” na bansa. Sa mga bansang relatibong

nakakataas ang istatus ng kababaihan, umaabot pa rin sa sangkapat (25%) ang mamamayang may pinanghahawakang pagkiling laban sa kababaihan. Ito ay sa kabila ng malalakas na kampanyang pangkababaihan na ipinalaganap sa nakaraang dekada.

Halos kalahati ng mamamyan (49%) sa mundo ay naniniwalang mas mahusay na lider sa pulitika ang isang lalaki kumpara sa isang babae. Katunayan, may 27% na naniniwalang dapat magkaroon ng parehong karapatan ang mga kababaihan sa kalalakihan sa isang demokrasya. May 28% naman na mas importante para sa kalalakihan ang makapag-aral sa kolehiyo ang isang lalaki kaysa sa isang babae. Kahit naabot ng kababaihan ang matataas na katayuan sa pulitika, negosyo at edukasyon, dumaranas sila ng di pantay na pagtrato at paghuhusga.

Nasa 43% naman ang naniniwalang mas magaling sa negosyo ang kalalakihan. Naniniwala ang 46% na mas karapatan ng kalalakihan na magtrabaho laban sa kababaihan.

Nananatiling malayo ang agwat ng sahod ng kababaihan sa kalalakihan kahit sa mga bansang mas edukado ang kababaihan. Sa abereyds, mas mataas nang 39% ang tinatanggap ng kalalakihan, dahil lamang sa kanilang kasarian.

Lahat ng mga pagkiling sa kasarian ay peligroso, ayon pa sa ulat. Pero pinakatampok ito sa pananaw ng “physical integrity” ng isang babae. Umaabot sa 25% ng mamamayan ang pumabor sa pananaw na “maaaring bugbugin ng isang

asawang lalaki ang kanyang asawang babae” at 58% ang nagsabing walang karapatan ang isang babae sa kanyang sariling katawan sa usapin ng aborsyon.

Alinsunod sa pag-aaral, 99.5% sa tinanong sa Pilipinas ay may taglay na isang anyo ng “bias” laban sa kababaihan at 90.4 ang may di bababa sa dalawang bias. May 75.5% na naniniwalang mas mahusay ang isang lalaki sa isang babae sa larangan ng pulitika, 43% ang naniniwalang mas may karapatan ang mga lalaki na magkolehiyo, 77.8% ang naniniwalang mas mahusay sa negosyo at dapat mas may trabaho ang kalalakihan, at mataas na 77.81% ang hindi naniniwala sa pisikal na integridad ng kababaihan.

Malaking bahagi ng mga sumasang-ayon sa mga “gender-biased norm” na ito ay kababaihan, kabilang sa usapin ng karapatan sa sariling katawan.

Kaso laban sa tatlong nagwelgang tsuper, ibinasura

Hunyo 13, 2023

Ibinasura ng Muntinlupa Municipal Trial Court ang kasong isinampa laban sa tatlong tsuper na nagpiket sa kasagsagan ng transport strike na isinagawa noong Marso 7. Ibinalita ito ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston). Anila, ibinasura ang kaso matapos paulit-ulit na hindi sumipot sa mga pagdinig ang mga nagsampa.

Ang tatlong tsuper, na kinilala bilang Alabang 3, ay dinakip ng mga pulis noong Marso 7 sa Alabang, Muntinlupa City dahil sa paglahok sa piket-protesta kontra sa jeepney phaseout. Bagaman walang sapat na ebidensya, sapilitang ipinakulong ang tatlo at pinagpiyansa para makalaya ayon sa grupo.

Ang pagkukulong sa mga tsuper ay patunay ng kawalang interes ng estado na tugunan ang mga lehitimong kahingian ng taumbayan para sa proteksyon ng mga prangkisa, kabuhayan, at sa pangmasang pampublikong transportasyon.

“Mas pinipili ng estado na supilin ang kanilang paglaban,” pahayag ng Piston. “Marahas nitong sinusupil, ginigipit, ginagawan ng mga imbentong kaso, at ginagamit ang batas laban sa mga manggagawa at maralitan nakikibaka para sa kanilang mga karapatan.”

Muling nanawagan ang Piston na ipagpatuloy ang laban para sa kabuhayan at prangkisa ng mga tsuper at opereytor ng dyip sa bansa. “Hinding hindi natin hahayaang i-masaker ng gubyrno ni Marcos Jr ang ating mga prangkisa at ibenta ang ating mga kabuhayan at mga ruta sa malalaking korporasyon at mga dayuhang kapitalista,” pagtatapos ng grupo.

Matatandaang dulot ng malawakang epekto at pagkaparalisa ng mga ruta sa Metro Manila bunsod ng inilunsad ng tigil-pasada ng mga pampublikong transportasyon noong Marso 7, natulak ang Malacañang na makipag-usap sa mga

grupo at mangakong repasuhin ang mga patakaran kaugnay ng phaseout.

Mga magsasaka sa Masbate, binugbog at ninakawan ng mga sundalo

Hunyo 13, 2023

Binugbog, ninakawan at tinakot ng mga lango sa kapangyarihan at walang sinasantong mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga ahenteng paniktik nito ang mga magsasaka sa bayan ng Palanas, Pio V. Corpus at San Fernando sa Masbate noong unang linggo ng Hunyo.

Noong Hunyo 1, binugbog ng mga sundalo si Nono Sayson nang masumpunang siyang nangunguha ng panggatong at takdong (snail) sa kakahuyang bahagi ng Barangay Buenasuerte, Palanas. Pilit siyang pinaaami na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Noong Hunyo 3, ninakawan sina Jovert Rabadon, Belino Cueva at isang nagngangalang Poloy sa Barangay Guindawhan, Pio V. Corpus. Walang kaabog-abog na kinuha ng mga nag-ooperasyong sundalo at ahenteng militar ang mga paninda, alagang kambing, bigas at manok pansabong ng tatlong magsasaka. Ang naturang yunit ay pinamumunuan ni Sgt. Ronald Ramos.

Noong Hunyo 5, pinagsasampal ng ahente ng militar si Bongbong Mandaraog sa Barangay Mabini, San Fernando. Nag-ooperasyon noon ang

mga sundalo kasama ang isang traydor sa masa na kinilala sa kanyang alyas na Jake.

Naitala sa prubinsya ang higit 30 biktima ng pang-aabusong militar at ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Marcos-Duterte.

Ang mga sibilyan ay hindi dapat idinadawit sa armadong tunggalian sang-ayon sa internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng gubyrno ng Pilipinas at National Demoratic Front of the Philippines.

Ang paglapastangan sa karapatan ng mga magsasaka ay labag sa Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

Presyo ng gasolina at diesel, muling itinaas ng mga kumpanya

Hunyo 13, 2023

Itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng gasolina nang P1.20, diesel nang P1.40 at kerosin nang P1.30 simula kaninang alas-6 ng umaga. Idinadahilan ng mga kumpanya ng langis ang pagtaas sa balitang pagbabawas ng produksyon ng krudong langis ng Saudi Arabia.

Inianunsyo ng Saudi Arabia noong Hunyo 5 na simula Hulyo, babawasan nito nang isang milyon pang bariles araw-araw ang produksyon ng krudong langis. Dagdag ito sa dati nang ibinawas ng bansa na 500,000 bariles kada araw. Layunin ng Saudi Arabia na para pigilin ang pagdausdos ng presyo ng krudong langis at panatilihin ito sa minimum na \$80 kada bariles sa pandaigdigang pamilihan.

Ang naturang hakbang ay huli lamang sa mga pagbabawas ng Organization of the Petroleum Exporting Countries, kasama ng Russia at iba pa o OPEC+, na sinimulan noong nakaraang taon. Noong Abril, nagkaisa ang mga bansang ito na bawasan ang produksyon ng krudong langis nang hanggang 4.6 milyong bariles kada araw.

Ayon sa mga eksperto, “bahagya” lamang ang magiging epekto ng pinakahuling pagbabawas ng Saudi Arabia sa mga bilihan ng krudong langis sa mundo. Nananatiling mas mababa ang presyo ng bilihan ng krudong langis sa mga pandaigdigang pamilihan, kumpara sa presyo nito mula nang unang ipatupad ang mga pagbabawas sa produksyon.

Sa Pilipinas, hindi isinasapubliko ng mga kumpanya sa langis ang pormula kung paano inaabot ang dagdag-presyo sa mga produktong petrolyo tuwing tumataas o bumababa ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Malaking bahagi ng iniimport ng Pilipinas ay hindi krudong langis kundi pinroseso nang langis (refined oil).

Noong 2021, halimbawa, pangalawa sa pinakamalaking inaangkat ng Pilipinas ang repinadong langis o mga produktong petrolyo (na may halagang \$9.04 bilyon). Pang-siyam lamang ang krudong langis na may halagang \$1.74 bilyon dahil sa mababang kapasidad sa pagrerepina (isang planta lamang ang kasalukuyang gumagana).

Sa kabila nito, tuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng langis sa bansa. Sa nakaraang limang buwan lamang, umaabot sa P5.50 kada litro ang kabuuang itinaas ng presyo ng gasolina, P5.35 kada litro ang diesel at P7.35 kada litro ang kerosene.

₱225 dagdag sahod sa Allgemeine Bau-Chemie Phil, nakamit ng unyon

Hunyo 13, 2023

Naiigiit ng unyon ng mga manggagawa sa Allgemeine Bau-Chemie (ABC) Philippines ang kabuuang ₱225 na dagdag-sahod sa pakikipagpanegosasyon ng kanilang unyon (ABC Labor Union) para sa kanilang collective bargaining agreement noong nakaraang linggo. Ang ABC-Philippines ay isang kumpanyang sosyohan ng Pilipino at Austrian na gumagawa ng mga materyal pangkonstruksyon.

Bukod dito, makatatamasa ang mga manggagawa ng dagdag na paid leave, karagdang mga bonus at subsidyo, at iba pang mga benepisyo mula sa kumpanya.

Mula pa 2001 nakatindig ang unyon sa ABC na tuluy-tuloy na nakipaglaban para sa mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa. Tiniyak nito ang pagkakaroon ng boses ang mga manggagawa sa kumpanya. Taliwas sa ikinakalat ng mga kapitalista at ahente ng estado, hindi naging “panggulo” ang unyon at lalong hindi ito naging dahilan ng pagsasara ng kumpanya.

Binatikos din ng mga manggagawa ang pangrered-tag na ginawa ng NTF-ELCAC sa mga unyon dahil lamang nakikipaglaban ito para sa katanggap-tanggap na CBA.

Mag-aalimango sa Sorsogon, naggiit ng dayalogo sa BFAR

Hunyo 14, 2023

Nanawagan ang Save Gubat Bay Movement (SGBM), samahan ng mga mangingisda sa bayan ng Gubat, Sorsogon, noong Hunyo 13 sa mga opisyal ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) na makipagdayalogo para pag-usapan ang utos nitong nagbabawal sa paghuli at pagbebenta ng mga mangrove crablets o kilala din bilang King Crabs. Ang utos na ito ay sinasabing sang-ayon sa Fisheries Administrative Order (FAO) 264 ng BFAR na inilabas noong Enero 2020.

Ayon sa liham ng grupo noong Hunyo 13, nais nilang ihapag sa BFAR ang malubhang epekto ng utas na ito sa libu-libong nag-aalaga ng King Crab at maliliit na mangingisda sa bayan ng Gubat. Ang SGBM, kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya), ay binubuo ng

tatlong asosasyon at kooperatiba ng mga mangingisda na Cota na Daco Crablet Workers Association (COTAW), Samahang Alay sa Kalikasan Cooperative, at Sorsogon King Crab Raisers Association (SKRA).

Ayon sa grupo, hindi sila sang-ayon sa FAO 264 na nagbabawal sa panghuhuli ng semilya (fingerling) ng mga alimango na sinasabing para sa preserbasyon ng mga ito. Anito, “hindi rin dumaan sa masusing konsultasyon sa mga apektadong sektor bago ipataw ang kautusan.”

Paliwanag ng grupo, pag-aalimango ang pangunahing ikinabubuhay ng karamihan sa aming mga kasapi na kinabibilangan rin ng maliliit na mangingisda. “Minana na namin ang ganitong hanapbuhay sa aming mga ninuno. Naninindigan kaming sustainable ang aming pamamaraan dahil hindi naman namin magagawang sirain o ubusin ang ganitong tipo ng isda/alimango dahil dito nakasalalay ang aming kabuhayan at kinabukasan ng aming mga pamilya,” ayon sa kanila.

Ayon sa mga mag-aalimango, aktibo ang kanilang organisasyon sa pangangalaga ng mga bakawan at baybayin na nagsisilbing itluga at tahanan ng mga alimango. Katunayan, mariin nilang tinututulan ang mga aktibidad at proyekto na banta sa ekosistema at tahanan ng mga alimango.

Handa ang kanilang grupo na ihapag ang kanilang pusisyon at ipaglaban ang kabuhayan ng maliliit na mangingisda at mag-aalimango sa prubinsya.

Pamilya, minasaker ng AFP sa Himamaylan City

Hunyo 15, 2023

Pinatay ng mga sundalo ng 94h IB ang isang buong pamilya, kabilang ang dalawang bata, noong Hunyo 14 ng gabi sa Barangay Buenavista, Himamaylan City. Pinagbabaril ng mga sundalo habang tulog ang mag-iinang sina Emilda Fausto, 50 taong gulang, at kanyang dalawang anak na sina Raben Fausto, 12, at Ben Fausto, 15. Natagpuang patay si Roly Fausta, 55, ama ng pamilya sa labas ng bahay.

Ang pamilya ay aktibong mga kasapi ng Baklayan, Bito, Cabagal Farmers Association (BABICAF), samahang magsasaka sa naturang barangay. Ang samahan ay nakarehistro sa lokal na gubyrno ng Himamaylan City at Department of Labor and Employment (DOLE).

Ayon sa ulat ng September 21 Movement South Negros, bago pa man ang masaker, paulit-ulit nang ginigipit ng mga sundalo ang pamilya dahil sa paratang na sumusuporta sila sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Naunang nakaranas ng panggigipit ang pamilya noong Marso 22, 2022 nang pasukin ng 12 sundalo ang bahay ng mga Fausto. Tinutukan ng kutsilyo si Emelda habang isinailalim sa interogasyon. Matapos nito ay niransak ng mga sundalo ang bahay ng pamilya, ninakaw ang kanilang ipong ₱5,000 at kinatay ang kanilang mga manok.

Pagkahapon, dinakip ng mga sundalo si Roly at inilayo sa kanilang bahay at doon tinalian ng sinturon ang leeg niya at paulit-ulit na pinaaaming may kaugnayan sa BHB. Binugbog at pinagtatadyakan din siya ng mga sundalo. Isinama pa siya sa operasyong kombat ng mga sundalo sa gabing iyon.

Nito namang Mayo 4, sapilitang pinasok ang bahay ng pamilya ng hinihinalang mga sundalo at hinalughog ito nang walang anumang mandamyento. Wala sa bahay ang pamilya nang maganap ang insidente.

Sa tala ng Ang Bayan, ang pamilyang Fausto ang ika-97 hanggang ika-100 biktima ng mga pagpaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Walo na ang biktima ng pamamaslang ng mga sundalo at mga armadong ahente ng estado sa Himamaylan City.

Ang pagtarget sa mga sibilyan sa lugar kung saan may nagaganap na armadong tunggalian ay labag sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Gayundin, nakasaad sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions na “ipinagbabawal ang pagsasagawa ng kahit anong hakbang na mayroong katangiang makapagdudulot ng pisikal na pagdurusa o pagpuksa ng pinangangalagaang mga tao...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay,

tortiyur, pananakit, mutilation...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar.”

Partikular na tinukoy naman ng Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 na isang krimen sa digma ang “lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortiyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang belligerent sa kasagsagan ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

Kontra-dam na aktibista sa Rizal, inaresto ng PNP

Hunyo 16, 2023

Ilegal na inaresto ng Philippine National Police (PNP) si Danilo Acayin, residente ng Barangay Puray, Rodriguez, Rizal noong Hunyo 5, ala-1 ng hapon habang nasa covered court ng naturang barangay. Dinakip siya ng mga pulis sa diumano’y kasong pagpatay nang wala iniharap na mandamyento laban sa kanya. Kasalukuyan siyang nasa kustodiya ng PNP-CIDG sa Antipolo City.

Kabilang si Acayin at kanyang pamilya sa hanay ng mga residenteng tumututol sa proyektong Wawa-Tayabasan Dam dahil sa mapaminsalang epekto nito sa kanilang buhay, kabuhayan at kapaligiran. Dulot nito simula pa 2020 ay

nakararanas na ng harassment, sarbeylans at intimidasyon si Acayin at kanyang pamilya mula sa mga ahente 80th IB, PNP-Rizal at National Task Force-Elcac.

Ayon sa mga residente, ang Barangay Puray ay isa sa naging pokus ng mga pag-atake at panggigipit ng Provincial Task Force-Elcac simula pa 2019. Sinasabi ng PTF-Elcac na isa ang lugar sa mga umano'y base ng Bagong Hukbong Bayan sa prubinsya.

Dulot nito, halos kada taon ay dinagdagan ng kampo ang barangay at naghatid ng perwisyo sa kabuhayan at araw-araw na pamumuhay ng mamamayan sa mga sinaklaw nitong sityo. Sa Sityo Quinao, kadikit lang ng mga bahay ang pwesto ng isang kampo ng 80th IB. Mayroon ding mga kaso na ang mga residente ay pinipigilan sa kanilang kabuhayan na pagkakaingin.

Sa harap nito, nanawagan ang National Democratic Front-Rizal sa mga lingkod bayan, grupong makatao, para-legal, abogado at iba pang organisasyong mapagmahal sa demokrasya na tulungan si Acayin at iba pang mga biktima ng inhustisya at karahasan ng estado. Anila, “dapat ipabasura ang gawa-gawang kasong isinampa sa kanya.”

Estudyante sa mga paaralang Katoliko, tutol sa mandatory ROTC

Hunyo 17, 2023

Tutol ang karamihan ng mga estudyante sa mga eskwelahang kabilang sa Catholic Educators Association of the Philippines (CEAP) sa planong ibalik ang mandatory Reserve Officers' Training Corps (ROTC). Ito ang lumitaw na resulta sa isang sarbey ng CEAP kamakailan. Tinatayang 53% sa kabuuang 20,461 estudyanteng sinarbey ang nagpahayag ng pagtutol sa pagpapanumbalik ng ROTC habang 28% ang sang-ayon dito at 19% ang hindi tiyak.

Pinuri ng grupong ekyumenikal na Student Christian Movement of the Philippines (SCMP) ang paninindigan ng mga estudyante na sinalamin ng naturang sarbey. Anang SCMP, dapat dinggin ng mga mambabatas ang hinaing ng kabataan laban sa pagpapanumbalik ng pasistang programa.

Batid ang rekord ng abuso ng ROTC, nakikinita ng mga estudyante ang kanilang malupit na sasapitin kung muling gagawing sapilitan ang ROTC," ayon kay Kej Andres, pambansang tagapagsalita ng SCMP. Maraming kaso ng pisikal, mental at sekswal na pang-aabuso ang naitala sa pag-iral ng ROTC sa nakaraan, aniya.

Bantog na kaso ng pang-aabuso sa ROTC ang pagkamatay ni Mark Welson Chua, 19-taong gulang na estudyante ng University of Sto. Tomas, noong Marso 2001 sa kamay ng kapwa upisyal sa ROTC ng pamantasan. Isiniwalat noon ni Chua ang mga anomalya, korapsyon at pang-aabuso sa loob ng UST ROTC at dahil dito, pinag-initan at ginantihan siya ng mga upisyal nito na sinipa at inalis sa pusisyon.

Ang CEAP ay ang pambansang asosasyon ng mga eskwelahang pinatatakbo ng mga institusyong Katoliko na binubuo ng 1,484 na eskwelahan.

Lider-unionista ng Daiwa-Seiko Philippines, ginigipit habang papalapit ang negosasyon ng unyon

Hunyo 17, 2023

Muling pinuntahan at tinakot ng mga sundalo ang pangulo ng Malayang Unyon ng Daiwa-Seiko Philippines (MUDSP) na si Arvin Mendoza sa kanyang bahay noong Hunyo 10. Batid niya na ang panggigipit ay dahil sa nakatakdang negosasyon para sa collective bargaining agreement (CBA) ng unyon at maneydsment. Nagdulot ng pangamba ang bisita sa pamilya ni Mendoza. Pinangunahan ng isang Sgt. Valdez ang panggigipit.

Sa ulat ng Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture-Kilusang Mayo Uno (OLALIA-KMU), ang pederasyong kinabibilangan ng unyon, una nang pinuntahan sa kanilang tahanan ang mga miyembro ng unyon at mga kagawad ng Board of Directors (BOD) nito at pilit silang pinakakalas sa pederasyon.

Ayon sa pederasyon, “ang mga hakbanging ito ng maneydsment, katuwang ang mga armadong pwersa ng AFP-PNP at NTF-ELCAC, ay mga hakbangin upang buwagin ang unyon.” Isa itong malinaw na paglabag sa karapatan ng mga manggagawa sa malayang pag-oorganisa.

Kumakaharap sa pinatinding panggigipit ang mga lider ng unyon dahil sa papalapit na negosasyon nito sa CBA sa kumpanya. Ganito rin ang naranasan ng kanilang mga lider noong Disyembre 2021 kung kailan napirmahan ang huling CBA sa kumpanya.

Ang Daiwa Seiko ay lumilikha ng mga pyesang plastik para sa iba't ibang kagamitan. Ang pagawaan ng mga kumpanyang ito ay matatagpuan sa loob ng Laguna International Industrial Park sa Biñan, Laguna.

Panghihimasok ng militar sa Gardenia at Philfoods, binatikos

Hunyo 17, 2023

Binatikos ng unyon ng mga manggagawa sa Gardenia Bakeries Phils at Philfoods Fresh Baked Products ang panghihimasok ng Armed Forces of the Philippines (AFP), sa pahintulot ng mga kapitalista ng dalawang kumpanya, sa mga planta at internal na usaping pang-manggagawa ng mga ito.

Naghain ng reklamo ang Unyon ng mga Panadero sa Gardenia Bakeries Phils at Unyon ng mga Panadero sa Philfoods Fresh Bake Products sa Commission on Human Rights noong Hunyo 15 kaugnay nito.

Ayon sa mga manggagawa, inihain nila ang reklamo para papanagutin ang patuloy na panggigipit (harassment), intimidasyon, at red-tagging ng mga pwersa ng estado laban sa kanila.

Noong 2021 pa iniulat ng mga manggagawa ng Gardenia ang mga kaso ng harasment mula sa mga pwera ng estado. Subalit anila ang kaibahan ngayon ay mas klaro na ang pakikipagsabwatan ng kumpanya ng Gardenia at Philfoods sa mga pwera ng estado sa pamamagitan ng pagpapasok sa mga pulis at militar sa loob ng pagawaan para maglunsad ng mga anti-union na aktibidad.

“Binuksan ng kapitalistang Gardenia ang kanyang planta at mismong sa loob na ng kumpanya inilulunsad ang anti-union seminar,” pahayag ni Rhoel Alconsera, Vice President for Education ng Unyon ng mga Panadero sa Gardenia Bakeries Phils.

Ibinibigay na rin umano ng naturang mga kumpanya ang personal na impormasyon katulad ng work history at mga tirahan ng mga manggagawa sa mga sundalo.

Kwento ni Larry Mallorca, pangulo ng Unyon ng mga Panadero sa Philfoods Fresh Bake Products, “May 25, 2023, kami po ay iniskedyulan na magkaroon ng meeting kasama ng management... yung inexpect namin, management, tapos ngayon, maya-maya pinaakyat nila kami tapos, nakita namin, bakit may mga kapulisan, NTF-ELCAC, at saka yung may mga iba pang taong hindi namin kilala?”

Dagdag pa niya, “Nangagamba kami kung bakit nila sine-seminar sa amin yung mga ganong nangyayari na kami ay mga manggagawa lang na gumagawa ng tinapay... Sa organisasyon na binuo namin, ang ipinaglalaman namin, ay sapat na

sahod, maayos na benepisyo, at kasiguraduhan sa trabaho. Nakakapagtaka bakit kami nila ginaganyan.”

Ang Gardenia Bakeries at Philfoods Fresh-Baked Products ay parehong gumagawa ng tinapay para sa Gardenia, isang multinasyunal na kumpanya.

Petisyon laban sa Smartmatic, inihapag sa Comelec

Hunyo 17, 2023

Naghapag ng petisyon sa Commission on Elections (Comelec) ang dating komisyoner na si Augusto Lagmay at ang grupong TNTrío para pagbawalan ang Smartmatic Philippines Inc na sumali sa public bidding para sa sistemang gagamitin sa eleksyong 2025. Ayon sa mga nagpetisyon, kailangang i-disqualify ang kumpanya dahil sa “malala at materyal na mga iregularidad” sa transmision at pagtanggap ng mga resulta sa eleksyon noong nakaraang taon.

Ang Smartmatic Philippines ang kumpanyang naging katuwang ng Comelec sa pagdaraos ng automated elections mula pa 2010. Nakatakda namang idaos ang lokal na eleksyong pambarangay at sangguniang kabataan sa Oktubre 2025.

“Batay sa impormasyon at datos na mula sa komisyon mismo, natuklasan ng mga petisyuner ang mga seryosong iregularidad sa automated election system...kaugnay sa mga discrepancy sa pagitan ng transmission log at reception log ng

mga election return mula sa antas ng presinto hanggang sa transparency server ng komisyon,” saad ng petisyong inihapag. Ang mga discrepancy o hindi nagtutugmang mga datos na ito ay hindi pa naipapaliwanag hanggang sa ngayon.

Sa partikular, kinwestyon ng mga petisyuner ang bilang mga boto na natanggap ng Transparency Server ng Comelec sa unang mga oras matapos magsara ang botohan noong Mayo 9, 2022. Anila, hindi nagtutugma ang naitala sa transmission log sa bilang na nasa reception log. Ayon sa naisapubliko nang datos, lumilitaw na mas mabilis ang pasok ng mga boto sa transparency server kumpara sa aktwal na pagpapadala ng resulta mula sa mga vote counting machine (VCM). May mga boto na naitalang natanggap na sa Transparency Server na hindi tugma (mas maaga nang ilang oras) sa nakatala sa pinanggalingang election return nito.

Dagdag na patunay ng iregularidad

Noong Marso 23, in-upload ng mga kawani ng Comelec ang ilang impormasyon (raw file) kaugnay sa nagdaang eleksyon kung saan makikita na ang mga boto ay nagmumula sa loob ng ahensya at hindi sa mga VCM mula sa mga presinto. Ayon sa grupong TNTrio, ito ang isa sa mga dahilan kung bakit napakabilis ng pagtala ng komisyon, kahit hindi pa pumapasok ang mga boto mula sa mga presinto. Dagdag na patunay ito na tampered o rigged (dinaya) ang buong sistema ng eleksyon na nagpanalo kay Ferdinand Marcos Jr.

Ayon sa grupong TNTrío na nagsuri sa datos, makikita na nagmumula sa isang IP address ang ilang election returns na nagmumula sa iba-ibang presinto. Dagdag pa, ang mga IP address na ito ay nagsisimula sa 10.x.x.x at 192.168.x.x o mga “pribadong IP address” at hindi dumaaan sa internet. Ang IP address ay serye ng numero na ibinibigay sa lahat ng kompyuter o gadget na nakakabit sa internet.

“Ang mga IP address na ito ay hindi maaaring gamitin ng mga VCM, dahil lahat ng mga VCM ay direktang nakaugnay sa Transparency Server sa pamamagitan ng internet,” ayon kay Elisio Rio, isa sa tatlong bumubuo ng TNTrío. Ibig sabihin, nagmula sa mga computer sa loob ng ahensya ang binilang na mga boto at hindi sa VCM.

Dagdag dito, may ilan pang iregularidad na natuklasan ang TNTrío. Kabilang dito ang hindi pagtutugma na datos ng Transparency Server sa pagitan ng alas-7 ng gabi ng Mayo 9 hanggang Mayo 13 sa datos na inilabas nito noong Marso 23.

Gayundin, may 113 presinto na lahat may botanteng 1,000 na may 100% voter turn-out (o lahat bumoto), habang mayroong namang 359 presinto sa ibayong dagat na may rehistradong 1,000 botante na may zero voter turn-out (walang bumoto ni isa.) May mga presinto rin na mas marami ang bumoto kumpara sa bilang ng mga rehistradong botante.

Ang mga ito ay ilan lamang sa iregularidad na natukoy ng TNTrío sa limitadong mga logs o rekord na isinapubliko ng Comelec. Giit ng grupo,

dapat isapubliko rin ng mga kumpanya sa telekomunisyon ang transmission log ng mga VCM para maikumpara ito sa transmission at reception log sa Comelec.

Programang “food stamps” ni Marcos, popondohan ng utang

Hunyo 17, 2023

Manggagaling sa utang sa mga dayuhang institusyon ang pondo sa iskemang “food stamp” ng rehimeng Marcos. Sa taya ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), mangangailangan ng ₱40 bilyon kada buwan ang programa para tustusan ang pagkain ng isang milyong Pilipino na tinaguriang “food poor” o “salat sa pagkain.”

Ang programang ito ay isang porma ng “conditional transfer” na katulad ng 4Ps na ilang dekada nang ipinatutupad sa Pilipinas. Ibig sabihin, may kapalit ang pagtanggap ng ayuda, sa porma ng pera o materyal. Sa kaso ng “food stamp,” rekisito sa mga benepisyaryo ang magkaroon ng trabaho bago maisali sa programa. Ayon sa DSWD, kailangan silang magparehistro sa mga “public employment office” at magpabilang sa pwera ng lakas-paggawa.

Mayroon nang \$3 milyon (₱168 milyon) mula sa Asian Development Bank, Japan International Cooperation Agency at French Development Agency ang panimulang tulak ng programa. Sasaklawin nito ang 3,000 pamilya sa limang prubinsya. Bibigyan ang mga benepisyaryo ng

mga “tap card” na gagamitin ng mga benepisyaryo para “bumili” ng pagkain sa mga Kadiwa store at ibang tindahang may akreditasyon ng DSWD. Hindi maaring gawing cash ang naturang ayuda.

Ang mga “conditional transfer” na katulad ng “food stamp” at 4Ps ay mga programang itinutalak ng World Bank at kapwa nito mga imperyalistang institusyon kapalit ng bilyun-bilyong utang. Sa mga bansang ipinatupad ito, kabilang sa Pilipinas, bigo itong resolbahin ang laganap na kahirapan.

Tulad ng 4Ps, pantawid at panandalain lamang ang iskemang food stamp. Hindi ito sustainable dahil hindi ito ipinatutupad na may kaakibat na pagresolba sa susing mga dahilan sa malnutrisyon o kakulangan sa masustansyang pagkain. Ang malnutrisyon sa mga bata ay nakaugat sa kahirapan, kawalang seguridad sa pagkain, di pagkakapantay-pantay ng kasarian, at kawalan ng akses sa serbisyong kalusugan at iba pa.

Noong Mayo, minaliit ng mga grupong magsasaka ang iskema na tinawag na “malakas maka-pulubi.” Batid nilang hindi pangmatagalan ang programa dahil posibleng isa o dalawang beses lamang ito maibibigay.

Menor-de-edad, napatay sa tangkang masaker ng AFP sa Masbate

Hunyo 18, 2023

Napatay sa walang-patumanggang pamamaril ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang kabataang si Carling Belan, 17 anyos,

noong Hunyo 16 sa Sityo Manaybanay, Barangay Calabad sa bayan ng Dimasalang. Nasugatan naman si Panoy Pepito, habang dinakip ang tatlo pa nilang kasamahan.

Si Belan ang ika-13 biktima ng pamamaslang ng sundalo at armadong tauhan ng estado sa Masbate sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Naitala ang mga pamamaslang sa mga bayan ng Palanas (1), Cawayan (3), San Jacinto (3), Uson (2), Placer (1) at Mobo (1).

Kinilala ang tatlong magsasakang inaresto na sina Wengweng Hagnaya, Damang Tumangan at Edlang Tumangan. Hindi pa malinaw kung anu-anong kaso ang isasampa laban sa kanila ng mga pwera ng estado.

Naganap ang tangkang masaker habang inilulunsad ng militar, pulis at Department of Local and Interior Government (DILG) ang kampanya para sa huwad na kaunlaran sa ilalim ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa nasabing bayan.

Ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito

“...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar.”

Partikular na tinukoy naman ng Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 na krimen sa digma ang “lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira sa tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang nakikidigma sa takbo ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

10 sinesante sa Wyeth-Nestle, napabalik ng unyon

Hunyo 19, 2023

Naigiit ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU) DFA-KMU ang pagbabalik sa di bababa sa 10 manggagawa na tinanggal ng kumpanya sa pangatlo at huling pakikipagnegosasyon nito sa maneydsment noong Hunyo 16 sa Calamba, Laguna. Mula ito sa

panawagang ibalik ang 145 na manggagawa. Kabilang dito ang pangulo at apat na upisyal ng unyon.

“Natira na lamang ang 22 pang hindi pa tumatanggap sa Enhanced Separation Package (ESP) ng kumpanya,” pahayag ng unyon sa kanilang Facebook page. Ibinalita nito na naitulak rin ng unyon ang pagpapataas ng ESP para sa lahat ng pumayag na matanggal sa trabaho, gayundin ang pagpapalawig ng pagsagot ng kumpanya sa gastusin ng may malulubhang sakit. Ang “separation package” ay bungkos ng sahod at mga benepisyong tinatanggap ng isang sinisanteng manggagawa. Madalas na nakabatay ito sa haba ng kanyang pagtatrabaho sa isang kumpanya.

“Lubos na nagpapasalamat ang unyon sa lahat ng sumuporta sa aming laban. Hindi man natin napabalik ang lahat ng tinanggal, muli naman nitong pinatunayan na tanging sa pagkakaisa at paglaban na may maasahan tayong tagumpay,” pahayag ng WPPWU.

“Patuloy ang laban para sa Sahod, Trabaho, Karapatan at UNYON. Kaya panawagan natin sa lahat ng mga manggagawa na Magkaisa, Maghanda, at Magbantay para sa mga susunod na laban na ating haharapin.”

Naghapag ang unyon ng notice of strike noong Mayo 18 dahil sa iligal at malawakang tanggalan na makaisang-panig na ipinatupad ng kumpanya.

97 killed in Marcos first year says CPP

Hunyo 19, 2023

[20230618pi-01] DOWNLOADA special report released yesterday by Ang Bayan, the news organ of the Communist Party of the Philippines (CPP), indicated that there have been at least 97 victims of killings perpetrated by the Armed Forces of the Philippines (AFP) and other armed state agents under the first year of the illegitimate regime of Ferdinand Marcos Jr, until June 15. This accounts for about two victims every week in less than 12 months.

The report said these killings are a grave violation to the international humanitarian laws, rules of war and other special protections given to civilians and non-combatants in areas of armed conflict.

Ang Bayan said there have been 62 incidents of political killings recorded in at least 19 provinces. Five cases of massacres were recorded, the latest of which is that of the Fausto family last June 14 in Barangay Buenavista, Himamaylan City perpetrated by elements of the AFP's 94th IB.

Peasants accounted for most of the victims of Marcos' killing-spree with 53 victims. Six minors were also killed in the past 12 months, the report said. "Even a 5-month pregnant woman was not spared from the fascist attacks by soldiers," it said.

Of the total number of victims, the report said that 47 were killed while they were under military

custody. “They are victims of abductions or illegal arrests, made to suffer physical and psychological torture before being murdered.” Meanwhile, eight victims were killed by indiscriminate firing of weapons by the military.

The CPP news organ also noted that Negros Occidental recorded the highest number of victims of political killings with 31, followed by Masbate and Samar, which both recorded 12 victims.

“These provinces are covered by Memorandum Order No. 32 which was issued by the previous Duterte regime in 2018...This effectively deployed additional military battalions and imposed de facto martial law rule in Negros Island, Eastern Visayas provinces and Bicol,” the report read.

The report also said that November 2022 recorded the most number of victims with 16, followed by May 2023 with 15 killed.

“Majority of the cases were recorded during the Armed Forces of the Philippines’ focus military operations (FMO) and Retooled Community Support Program (RCSP) in communities,” the report said. (CPP Information Bureau)

Mga progresibong grupong kabataan, nagprotesta sa harap ng CHed

Hunyo 19, 2023

Nagtipon ang humigit-kumulang isandaang estudyante mula sa iba’t ibang pamantasan sa harap ng Commission on Higher Education ngayong araw, Hunyo 19, upang ihayag ang

pagtutol nila sa Mandatory ROTC (MROTC), Tuition and Other School Fees Increase (TOFI) sa mga pribadong pamantasan, at pagkaltas sa badyet ng mga pampublikong unibersidad. Bago nito, ginunita nila ang ika-162 kaarawan ni Jose Rizal sa isang martsa sa loob ng kampus ng University of The Philippines (UP)-Diliman.

Mariin nilang kinundena ang hayag at hindi hayag na pamamaraan ng militar na manghimasok sa mga pamantasan sa iba't ibang panig ng bansa. Pahayag ni An Gorospe, estudyante mula sa Philippine Christian University, "ang Military Science o ROTC ay sinasabing para sa ikabubuti namin pero walang namang ginagawa dito kundi magpormasyon at ibabad sa matinding tirik ng araw ang kabataan."

Liban sa sapilitang ROTC, kinakaharap din ng mga estudyante sa PCU ang pagtaas ng taunang matrikula kahit na hindi pa lubusang ibinalik ang regular na mga klase. "Mahigit ₱28,000 ang binabayaran namin kada semestre, pero wala pa ring face-to-face classes dahil kulang ang pasilidad at badyet. Ating patuloy na iparinig ang ating tinig sa mga nakaluklok sa pwesto." dagdag ni Gorospe.

Nasa 3% hanggang 10% ang planong pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin ng mga pribadong pamantasan sa susunod na taong pang-akademiko. Pahayag ni Josh Baylon, mula sa Diwa ng Kabataang Lasalyano, "May 3% TOFI (tuition and other fees increase) na sa senior high school, paano pa sa kolehiyo? May stereotype na (reputasyon) ang mga taga-DLSU puro

mayayaman. Pero hindi ito usapin ng kakayahan dahil ang edukasyon ay isang batayang karapatan hindi lang para sa maykaya kundi para sa lahat.”

Nahaharap naman ang mga pampublikong unibersidad ang pagkaltas sa mababa na ngang badyet ng gubyrerno para sa sektor ng edukasyon kasabay nito ang pilit na pagpapasailalim sa mga estudyante ng MROTC.

“Hindi dapat sa state universities lang libre ang edukasyon,” pahayag ni Ron Medina, konsehal ng mga mag-aaral ng UP-Diliman. Dagdag niya, hindi para nasyunalismo ang MROTC. “(N)”andito ngayon ang kabataan para tutulan ang panggigipit ng estado. Pamamasista at pang-aatake sa kalayaang pang-akademiko ang kasagutan ng estado sa atin. Kaya marapat lang tayong tumindig laban sa komersyalisadong edukasyon.”

Upang militanteng irehistro ang kanilang galit ay binato nila ang tarangkahan ng CHED ng pintura at winasak ang effigy ng ulo ni Marcos Jr.

Bilang pagsasara ng programa ay ipinahayag ni Ivan Suggang mula sa League of Filipino Students na tinalikuran ng CHED ang karapatan ng kabataan. “Gusto nating lahat ng libre at abot-kayang edukasyon,” aniya. “Malinaw na gustong mag-aral ng kabataan. Pero paano mag-aaral kung tinataasan ang tuition fee at pinapasok ng pulis ang pamantasan? Hindi sagot ang MROTC at pagpasok ng militar sa pamantasan sa krisis sa edukasyon dahil ang sagot ay ang pag-aaral ng kasaysayan at lipunan.”

Samantala, nag-alay ng bulaklak ang kabataan sa pangunguna ng Kabataan Partylist (KPL) sa monumento ni Rizal sa Rizal Park para gunitain ang kayang ika-162 kaarawan. Itinatag ang KPL sa espesyal na araw na ito, 22 taon na ang nakararaan.

AFP, binansagang “child killer” ng NDFP

Hunyo 20, 2023

Mariing kinundena ng Special Office for the Protection of Children of the National Democratic Front of the Philippines (SOPC-NDFP) ang brutal na pagmasaker sa pamilyang Fausto, kabilang at mag-asawang Rolly at Emilda, kasama ang kanilang dalawang menor-de-edad na anak na sila Rabin, 11 at Ben, 15, noong Hunyo 14 sa Himamaylan City, Negros Occidental.

“Ang karumal-dumal na aktong ito ay lantarang paglabag sa mga karapatan ng bata at espesyal na mga proteksyon sa ilalim ng internasyunal na makataong batas,” pahayag ni Coni Ledesma, pinuno ng SOPC-NDFP. “Lalo nitong inilalantad ang AFP na walang galang sa batas at walang utak na mga mamamatay bata.”

“Dumarami ang mga paglabag sa karapatan ng mga bata sa ilalim ng rehimeng Marcos II alinsunod sa mga ulat ng panggingidnap, pambabanta, pwersahang pagpapalikas, karahasan, at ngayon ang pagpatay sa dalawang bata.” Sa isla ng Negros lamang, mayroon nang 22 kaso ng karahasan ng estado, kung saan

sangkot ang mga bata, sa pagitan ng 2020 at 2022.

“Ang isang rehimen na nangkikidnap, nambabanta at pumapatay sa sarili nitong mga bata ay pasista at di makatao, at nararapat na kundenahin ng internasyunal na komunidad,” aniya. “Hindi marapat na hayaan ang rehimen ng US-Marcos na maghari nang walang kapararakan at dapat itong papanagutin sa mga buhay ng mga bata na kinitil nito.”

Pag-empleyo ng mga di pasadong nars, di angkop na solusyon

Hunyo 20, 2023

Binatikos ng Fiiipino Nurses United (FNU) ang pakana ng bagong kalihim ng Department of Health na si Teodoro Herbosa na mag-empleyo ng mga bagong gradweyt na nars na hindi nakapasa sa nursing board o pagsusulit para sa sertipikasyon ng mga nars.

“Hindi ito angkop na solusyon sa kakulangan ng mga nars,” ayon sa FNU. “Ang daming bagong pasa sa board, ang daming unemployed at nasa non-nursing jobs, bakit di natin sila i-hire (kunin)?”

Mayroong 951,105 rehistradong nars ngayon sa Pilipinas, pero 509,297 lamang sa kanila ang “aktibo.” Sa bilang na ito, 316,415 na ang nangibang bansa. Sa halip na engganyuhin na manatili sa bansa, inilalako pa sila ng Department of Migrant Workers sa pagsasabing mayroong

“malaking demand” para sa mga Pilipinong nars sa Austria, Canada, Germany, Japan, Saudi Arabia, Singapore, at US. Isa sa mga dahilan kung bakit “in demand” ang mga Pilipino nars ay dahil sa kanilang kasanayan sa wikang Ingles.

Sa datos ng Department of Health, kailangan mag-empleyo ang bansa ng dagdag na 127,000 nars. Nasa 10,635 lamang ang bagong gradweyt na nars taun-taon, kaya di agad na mapupunan ang kakulangan.

Sagot ng FNU, kung ang inalala ni Herbosa ay ang pagkaubos ng mga nars sa Pilipinas, dahil sa kanilang pangingibang-bansa, marapat lamang na itaas ang sahod ng mga nars para di sila umalis.

“Bigyan niyo kami (mga nars) ng dahilan para manatili sa bansa,” anila. Iginiit ng mga nars ang ₱50,000 starting salary o panimulang sweldo ng lahat ng mga nars sa bansa at regularisasyon ng libu-libong kontraktwal na nars laluna sa mga pampublikong ospital.

Sa ngayon, nasa ₱32,000 ang sweldo ng regular na Nurse I sa pampublikong mga ospital. Mas mababa rito ang tinatanggap ng mga kontraktwal. Mas kaawa-awa ang mga nars sa mga pribadong ospital na tumatanggap lamang ng ₱8,000 hanggnag ₱13,500 na panimulang sweldo kahit pa napakamahal ng singil ng naturang mga ospital sa kanilang mga serbisyo.

Pagbabalik sa Hunyo ng pagbubukas ng klase, tinutulak

Hunyo 20, 2023

Naghain ng panukalang batas noong Hunyo 19 ang mga kongresista ng Makabayan para ibalik sa dati nang iskedyul sa Hunyo ang pagbubukas ng mga klase at sa Marso ang pagtatapos nito sa susunod na pasukan. Nakasaad din sa panukala ang paglimita sa klase sa 220 araw lamang para maibalik ang dalawang buwang bakasyon ng mga guro. Para sa kasalukuyang school year, mungkahi nilang tiyakin na magsisimula ang klase bago magtapos ang Agosto.

Ayon kay ACT Teachers Rep. France Castro, hindi naging paborable sa mga guro at estudyante ang paglilipat ng school calendar mula Agosto hanggang Mayo. Isa sa mga dahilan nito ang matinding init ng tag-araw na dinanas nila habang nagkaklase noong Abril at Mayo.

Sa panahong ito, maraming eskwelahan ang napilitang magsuspende ng klase at bumalik sa di epektibong moda ng modyul dahil sa init. Marami din ang naiulat na nahimatay, at ang iba ay naospital, dahil napakaraming klasrum na siksikan at walang maayos na bentilasyon. Ayon kay Rep. Castro, nagresulta ito sa pagbaba ng produktibidad at malalang student performance.

“Ang pagbabalik sa school calendar mula Hunyo hanggang Marso ay hindi lamang magpapahusay sa kalidad ng edukasyon, makatutulong din ito sa mga magsasaka dahil makalalahok na sa

pagtanim at pag-ani ang mga estudyante sa tamang season (panahon),” aniya.

3 tropa ng 62nd IB, napatay sa kontra-reyd ng BHB-Central Negros

Hunyo 21, 2023

Napatay ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang tatlong sundalo ng 62nd IB noong Hunyo 13 ng alas-9 ng umaga sa Sityo Cupad, Barangay Macagahay, Moises Padilla, Negros Occidental. Bunsod ito ng operasyong kontra-reyd ng yunit laban sa umaatakeng tropa ng sundalo. Walang kaswalti sa hanay ng mga Pulang mandirigma.

Ayon sa ulat ng yunit, tinangkang ireyd ng mga sundalo ang temporaryong kampo ng BHB sa naturang lugar. Mula sa bentaheng tereyn, napasabugan ng dalawang granada ang umaatakeng mga sundalo na naging dahilan ng pagkamatay ng ilang tropa.

Sa pag-atras ng yunit, muli nilang kasagupa ang mga sundalo ng 62nd IB at nagawang mapatamaan ang tropa ng kaaway. “Marami pang kaswalti sa hanay ng militar dahil sa nangyaring cross-fire sa kanilang hanay,” paliwanag pa ng BHB-Central Negros.

Samantala, pinasubalian ng yunit ang balita na mayroong dalawang Pulang mandirigmang napatay sa magkakasunod na labanan. Anila, hindi mga mandirigma ang ipinrisenta ng 62nd IB na napatay sa lugar kundi ang mga sibilyang sina

Benjie Ebarle at Roweno Anubong na natamaan ng bala sa walang-patumanggang pamamaril ng mga pasista.

Dalawang magsasaka, dagdag sa 15 pinaslang ng 62nd IB sa nakaraang 12 buwan

Hunyo 21, 2023

Napatay sa walang-patumanggang pamamaril ng 62nd IB ang dalawang magsasaka na sina Benjie Ebarle at Roweno Anubong sa Barangay Macagahay, Moises Padilla, Negros Occidental noong Hunyo 13. Pinalalabas silang mga mandirigma ng hukbong bayan para pagtakpan ang kanilang karumal-dumal na krimen.

Naganap ang pamamaril sa mga sibilyan matapos ang tatlong magkasunod na labanan sa pagitan ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros sa katabing mga sityo na tinutuluyan ng dalawa. Tatlong sundalo ng 62nd IB ang napatay sa mga sagupaan.

Hindi na bago ang taktika ng 62nd IB na pumatay ng sibilyan matapos makaranas ng kabiguan sa mga sagupaan nito sa hukbong bayan. Sa unang taon ni Marcos Jr, 17 na ang pinatay ng 62nd IB. Kabilang dito ang tampok na kaso ng pagpatay sa mga 5-buwang buntis at menor-de-edad na mag-inang Jacolbe.

Samantala, inaresto ng mga sundalo si Aldren Valbuena, 20 anyos, residente ng Sityo Manta-uyan, Barangay Macagahay noong Hunyo 16.

Kauuwi lamang ni Valbuena mula sa kanyang trabaho bilang trabahante sa konstruksyon nang dakpin ng mga sundalo. Pinalalabas ng mga ito na mayroong nakumpiskang kalibre .45 pistol at military pack mula kay Valbuena.

Ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo sa mga sibilyan na karaniwang magsasaka ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Isda sa Cavite, apektado ng dredging

Hunyo 21, 2023

Bumagsak nang 80% ang huling isda ng grupong Pamalakaya at mga mangingisda mula nang

simulan ang mga proyektong reklamasyon sa Cavite noong 2021. Noong nakaraang linggo, napuna nila ang paglutang ng flounder fish, kilala sa lugar bilang isdang dapa o tampal-puke. Anila, nataboy ang mga isdang ito sa mula sa paninirahan nito sa sea floor o kailaliman ng dagat dahil sa mga operasyong dredging o paghuhukay ng buhangin para sa mga proyektong reklamasyon.

Ayon sa isang eksperto, dinidistorbo ng ingay na likha ng dredging ang mga isdang dapa. Mahihirapan din ang ibang isda na makahanap ng pagkain dahil sa malabong tubig (highly suspended sediment) dala ng pagkadistorbo ng putik sa ilalim ng dagat.

Liban sa isda, nanganganib din ang mga coral reef sa prubinsya, ayon sa Pamalakaya.

Noon pang simula ng taon idinulog ng mga mangingisda sa mga ahensya ng guberno at ipinanawagan ang pagtigil sa dredging at reklamasyon sa Cavite. Nanawagan din sila ng suporta para sa mga mangingisdang apektado ng kawalang-aksyon ng estado.

Unyon ng CENECO, magwewelga kontra pribatisasyon

Hunyo 21, 2023

Naghain ng Notice of Strike noong Hunyo 19 sa National Conciliation and Mediation Board ang CENECO Union of Rationale Employees (CURE) para labanan ang pagpapatupad ng pinirmahang

Joint Venture Agreement (JVA) sa pagitan ng Prime Electric Holdings Inc at Central Negros Electric Cooperative (CENECO). Anila, isasapanganib ng kasunduang ito ang trabaho ng mga empleyado at posibleng humantong sa pagbubuwag ng unyon.

Ayon kay Felix Gepilga, myembro ng Board of Directors ng unyon, walang sapat na probisyon sa pinirmahang JVA para pangalagaan ang interes ng mga empleyado ng CENECO. Pangamba nilang matulad sila sa mga empleyado ng Bacolod City Water District (BACIWA) na malawakang tinanggal matapos ang pribatisasyon dito noong Disyembre 2020.

Malaon nang nananawagan ang unyon na ibasura ang kasunduan. Kaisa nila ang iba pang grupong laban sa pribatisasyon, Dahilan nila ang sumusunod: 1) itatransporma nito ang CENECO mula pampublikong serbisyo tungo sa isang pribadong negosyo na ang pangunahing interes ay kumita; 2) itataas nito ang singil sa kuryente; 3) gagamitin itong pagkakataon ng Prime Electric Holdings para agawin nang buo ang kooperatiba; at 4) magresulta ito sa malawakang tanggalan ng mga empleyado sa CENECO.

Samantala, naghain noong Hunyo 16 ng “Declaratory Relief” at “Declaration of Nullity” ang Negros Consumers Watch at Anti-CENECO JVA Coalition para ipawalang-saysay ang pinirmahang JVA. Ayon sa kanilang petisyon, batbat ng anomalya at kulang ng pampublikong konsultasyon ang naturang kasunduan. Nagsampa rin sila ng “Preliminary Injunction” at “Temporary

Restraining Order” para pigilang ipatupad ang kasunduan.

Upisyal na pinirmahan ang kasunduan sa pagitan ng CENECO at Prime noong Hunyo 3. Sa darating na Hunyo 25-26, at Hulyo 1-2 nakatakdang isagawa ang plebisito para pagbotohan ng mga konsyumer kung aaprubahan o hindi ang naturang kontrata.

Mga tsuper at opereytor, nagpiket sa LTFRB

Hunyo 22, 2023

Nagtungo ang maliliit na tsuper at opereytor ng dyip sa upisina ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Central Office sa Quezon City noong Lunes, Hunyo 19, upang muling igiit ang pagbabasura sa kontra-mahirap na Omnibus Franchising Guidelines na salalayan ng jeepney phaseout ng gubyrno. Inilabas ang naturang atas ng LTFRB noong 2017.

Iginigiit ng mga drayber at opereytor, sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston), na dapat kagyat na ibasura ang naturang kautusan dahil layon nitong tanggalan ng indibidwal na prangkisa ang mga drayber at opereytor, at sa esensya, ipasakamay sa malalaking korporasyon ang mga ruta ng dyip.

Inihain din nila ang binuong nagkakaisang pusisyon ng iba’t ibang grupo sa inilunsad nitong Transport Summit noong Hunyo 10. Lumahok sa

naturang aktibidad ang Piston, No to PUV Phaseout Coalition, Ibon Foundation, Suki Network at PARA.

Ayon sa grupong Piston, tandang-tanda pa ng mga drayber at opereytor ang biglang paglipat ng lokasyon ng pulong at pagpirma ng naturang guidelines noong Hunyo 19, 2017 mula sa LTFRB tungong Camp Aguinaldo dahil sa mga pagkilos. “Pero hindi tayo nagpatinag, hinabol natin sila sa Camp Aguinaldo,” ayon sa grupo.

Himutok ng grupo, “anim na taon na ang OFG pero ano ang napala natin? Puro pagpapahirap!”

Matatandaang natulak ang Malakanyang noong Marso 7 na kausapin ang mga kinatawan ng Piston at grupong Manibela Transport Group matapos ang isang araw ng tigil-pasada laban sa jeepney phaseout. Nangako rin ang Palasyo sa dayalogo na irerebyu ang naturang patakaran.

“Ang puno’t dulo ng ating mga demand sa pamahalaan sa ginagawa nilang diumano’y rebyu ng OFG ay ang tuwirang pagbabasura nito, lalo na ang mapaniil na probisyon ng Franchise Consolidation na sapolitang umaagaw sa mga indibidwal na prangkisa ng mga maliliit na operator upang ipasa at pagkakitaan ng mga malalaking kumpanya,” pahayag ng Piston.

Hayag pa nila sa protesta, mag-iisang taon na si Marcos Jr sa poder at papalapit na ang ikalawang State of the Nation Adress niya, “pero parang hindi pa malinaw kung kabilang ba tayong mga

manggagawa sa pampublikong transportasyon sa mga nais paunlarin ng guberno niya.”

Batikos ng Piston, “baka mga bulsa lang ng pamilya niya at malalapit na kroni ang gusto niyang payamanin?”

Red-tagging seminar sa MSU-IIT, kinundena

Hunyo 22, 2023

Binweltahan ng mga estudyante ng Mindanao State University, kampus ng Iligan Institute of Technology, sa pangunguna ng STAND-IIT ang isinigawang seminar ng NTF-Elcac na naghasik ng takot at nandawit ng mga ligal na organisasyon at personalidad sa rebolusyonaryong kilusang lihim noong Hunyo 18.

Ayon sa pahayag ng STAND-IIT, dinaluhan ng mga upisyal ng TAC-O, isang grupong binuo sa ilalim ng programa ng ROTC ng kanilang pamantasan ang naturang kumperensya.

“Ipinapakita lang nito kung gaano kalala ang magiging itsura ng (panunupil sa loob ng pamantasan) kung maisasabatas na ang Mandatory ROTC Bill. Gagamitin lang ito ng NTF-ELCAC upang sanayin ang mga kabataan sa konta-insurhensyang taktika nito at ipagpatuloy ang lumalalang paglabag sa karapatang pantao.” anila.

Kinundena rin nito ang pagpapakalat ng mga litrato at malisyosong pambabansag ng NTF-Elcac sa kanilang mga dating miyembro at iba pang

kasapi ng mga pambansa-demokratikong pang masang organisasyon bilang mga “terorista”.

“Ito ay malinaw na desperadong pamamaraan nila upang busalan ang mga hinaing ng mga kabataan at pagpapanagot nila sa kapabayaang rehimen ng Marcos-Duterte na resolbahin ang krisis sa ekonomiya at edukasyon. Takot ang rehimen sa mga kabataang kritikal at naghahangad ng tunay na panlipunang pagbabago.” dagdag pa nito.

Matatandaang Setyembre noong nakaraang taon ay may naganap na kaparehong insidente sa loob ng MSU-IIT na inilunsad naman sa oryentasyon ng National Service Training Program-ROTC.

Nananawagan sila sa lahat ng estudyante at administrasyon ng pamantasan na kundenahin at pigilang makapasok ang NTF-Elcac at mga sundalo sa loob ng kanilang pamantasan.

Samantala, iniulat noong Hunyo 19 ng grupong Anakbayan-Bulacan ang insidente ng red-tagging ng mga sundalo sa isang NSTP seminar ng mga psychology students ng National University sa kampus sa bayan ng Baliwag.

Tatlong paaralan naman sa Pasig City ang nilunsaran ng National Intelligence Coordinating Agency (NICA) at ng NTF-Elcac ng katulad na seminar sa Buting Senior High School, Kapitolyo High School, at Nagpayong High School ayon sa inilabas na ulat ng Sining na Naglilingkod sa Bayan - Pasig (SINAGBAYAN Pasig) noong Hunyo 14.

2 backhoe, pinaralisa ng BHB sa Himamaylan City

Hunyo 23, 2023

Pinaralisa ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros noong Hunyo 14 ang dalawang backhoe sa Sityo Bulod, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental na ginagamit sa konstruksyon ng Himamaylan-Tayasan Road na magbibigay-daan sa malalaking kumpanyang mina na gustong pumasok sa kabundukan ng Cansermon, Tahod-Illahas, Cambantog at kalapit na mga lugar.

Ang dalawang backhoe na pag-aari ng ESJ construction firm ng mga Javelosa at mga Gensulin ay nagkakahalaga ng ₱7.5 milyon. Walang nasaktan na trabahador ng kumpanya sa operasyong ito.

Anang BHB, ang pagpasok ng mga kumpanyang mina sa mga erya na ito sa Negros Occidental ay tutungo sa pag-aagaw ng lupa ng tribung Ituman-Maghat-Bukidnon. Nakatakda ring buksan ang erya para sa ekoturismo na sasagasa sa kabuhayan ng mga residente.

Liban sa mga perwisyong ihahatid nito, nakatanggap din ng ulat ang hukbong bayan kaugnay ng hindi maayos na mga kundisyon sa paggawa at mababang sahod na ipinatutupad ng kumpanya.

Iniulat ng yunit ng BHB na nauna nang pinatawan ng sangsyon ang kumpanya noong Setyembre 2021 sa parehong mga rason.

Apat na magbubukid na tutol sa Naga Airport Development, inaresto

Hunyo 23, 2023

Inaresto noong Hunyo 19 ng mga pwersa ng estado ang apat na magsasaka sa Sityo Caorasan, Barangay San Agustin, Pili, Camarines Sur sa gawa-gawang mga kaso. Ayon sa ulat ng Kilusang Magbubukid ng Bicol (KMB), dinakip ang apat dahil sa kanilang pagtutol sa proyektong Naga Airport Development na peperwisyo sa kanilang komunidad.

Kabilang sa mga inaresto si Artemio Sanchez, dating lider ng Damayan nin Paraoma sa Camarines Sur (DAMPA) at kasapi ng panrehiyong konseho ng KMB.

Ang apat ay inaresto kaugnay ng sinasabing “kaguluhan” noong 2018, na ayon sa KMB ay isang lehitimong pagkilos ng mga magsasaka para tutulan at igiit ang kanilang karapatan sa lupang sinasaka, tinitirhan at kabuhayan.

Ang naturang erya ay nakapailalim sa inutil na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa kabila nito, hinayaan ng Department of Agrarian Reform (DAR) na magtuluy-tuloy ang proyektong Naga Airport Development at ang iba pang kumbersyon ng lupa sa paligid nito.

Simula pa taong 2000 balak itulak ang proyekto ngunit sa harap ng paglaban ng mga magsasaka ay paulit-ulit itong napipigilan. Muling sinubukan iratsada ang proyekto noong 2017 sa ilalim ng Build Build Build na programa ng dating rehimeng Duterte.

Deklarasyong “insurgency-free” sa Quezon, para sa mga mapandambong na proyekto

Hunyo 23, 2023

Pinabulaanan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-North Quezon ang deklarasyon kamakailan ng lokal na gubyerno ng Quezon na “insurgency-free” o wala na ang rebolusyonaryong kilusan sa buong prubinsya. Ani Eliza ‘Ka Eli’ dela Guerra, tagapagsalita ng BHB-North Quezon, ang deklarasyong ito ay para lamang bigyang daan ang mapanira at mapandambong na mga proyekto sa prubinsya.

Pinatunayan ito ng pahayag ni Quezon Governor Angelina “Helen” Tan na nagsabing ang naturang deklarasyon ay umpisa ng inaasam na “paglago ng turismo, pagdagsa ng mga negosyo, at progresibong pag-unlad sa buong lalawigan ng Quezon.”

Ayon kay dela Guerra, kabilang sa mga proyektong ito ang mapangwasak na Kaliwa Dam at Kanan Dam ng New Centennial Watersource Project na sasaklaw sa General Nakar at Infanta.

“Malawakang pagkawasak sa Sierra Madre ang idudulot nito, at lalo sa papalalang climate change, kagimbal-gimbal na mga baha ang maaaring sumalanta sa populasyon at kalikasan oras na magkaroon ng matitinding bagyo,” giit niya.

Sa bayan ng Real, nagbabanta rin ang Real Wind Energy Project na ipinaketeng isang proyektong renewable energy, pero sa aktwal ay iskema ng malawakang pagpapalayas sa mga magsasaka. Sasaklawin ng naturang proyekto ang 5,670-ektaryang lupa. Nakaamba din ang mapangwasak na mga proyekto ng mga kumpanyang mapandambong sa Polillo Group of Islands. Kabilang sa mga ito ang kumpanyang Alphaland.

Giit ni dela Guerra, hindi kailanman titigil ang rebolusyon sa prubinsya hangga’t may pang-aalipin at pagsasamantalang dinadanas ang mamamayang Quezonin. “Nagngingitngit sa galit ang mga Quezonin sa mga isinusulong na huwad na proyektong pangkaunlaran dahil sa dala nitong mga bantang wasakin ang kanilang buhay at kabuhayan at ilubog sila sa higit na kahirapan.”

Idineklarang “insurgency-free” ang Quezon noong Hunyo 12, araw ng huwad na kalayaan, sa isang pagtitipon sa prubinsya. Pinangunahan ang aktibidad ni Tan, mga upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP), at Department of the Interior and Local Government (DILG).

Ipinagmayabang sa pagtitipon ang paggamit ng “whole-of-nation” approach bilang susing

programa sa kampanyang kontra-insurhensya, na sa esensya ay pagsupil sa pambansa at demokratikong pakikibaka ng mamamayang Quezonin.

Kapitan ng barangay na tutol sa Filminera-Masbate Gold Project, tinangkang patayin ng AFP

Hunyo 23, 2023

Tinangkang patayin ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) si Rudolfo Ygot sa kanyang bahay sa Barangay Barag, Mobo, Masbate noong Hunyo 18. Ang 41-anyos na si Ygot ay kapitan ng naturang barangay at lubos na tumututol sa pagpapalawak ng Filminera-Masbate Gold Project sa kanilang komunidad.

Nakatakdang saklawin ng ekspansyon ng pagmimina ng Filminera ang mga bulubunduking bahagi sa mga bayan ng Milagros, Uson at Mobo. Pinangangambahan na matutulad ang mga bayang ito sa sinapit ng Aroroy kung saan pinatag ang lupa, nag-iwan ng malalaking buho at inimbakan ng mga nakalalasang kemikal ng Filminera.

Ang kumpanyang Filminera Resources Corporation ay 40% pag-aari ng B2Gold, kumpanyang Canadian, at 60% pag-aari ng kumpanyang Pilipino na Zoom Mineral Holdings Inc. Samantala, pag-aari ng B2Gold ang Philippine Gold Processing & Refining Corporation na nagpoproseso ng gold ore (batong may ginto).

Ayon mismo sa B2Gold, inaasahan nitong magpoprodyus ang Masbate Gold Project ng 170,000 hanggang 190,000 onse (ounce) ng ginto ngayong 2023. Gayundin, inaasahan nitong makapagpoproseso ang minahan ng 7.8 milyong tonelada ng ore.

Tutol si Ygot sa ekspansyon dahil batid niyang walang kaunlarang idudulot para sa kanyang nasasakupan ang pagmimina at sa halip ay itataboy nito ang mga residente mula sa kanilang lupa at kabuhayan.

Lubos na kinundena ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) sa Masbate ang tangkang pagpatay ng mga sundalo. Ayon sa grupo, pinupuntirya ng militar ang lokal na mga upisyal at masang Masbatenyo na patuloy na tumututol sa ekspansyon ng Filminera para hawanin ang landas sa pagpasok ng mapaminsalang mina.

Ilang araw pa lang ang nakaraan, naganap ang tangkang pagmasaker ng mga sundalo sa mga mangangasong magbubukid sa Sityo Manaybanay, Barangay Calabad, Dimasalang noong Hunyo 16. Napatay ng mga sundalo sa walang-habas na pamamaril ang 17-anyos na estudyanteng si Rey "Carling" Belan at ikinasugat ni Panoy Pepito. Hinuli rin ng mga sundalo ang tatlo pa nilang kasamahan.

Ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo sa mga sibilyan ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon

na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Kaso laban sa suporter ng magsasaka sa Bohol, ibinasura

Hunyo 23, 2023

Ibinasura noong Hunyo 21 ng Regional Trial Court (RTC) Branch 101 sa Talibon, Bohol ang mga kasong illegal possession of firearms and ammunition at illegal possession of explosives laban sa dating koordineytor ng Farmers Development Center (FARDEC) na si Carmilo Tabada. Ayon sa korte, kulang ang ebidensya para ituloy ang kaso.

Si Tabada, kagawad sa Barangay Poblacion sa Talibon, ay dinakip noong Hunyo 25, 2021 bandang ala-1 ng madaling araw sa kanyang

bahay ng pinagsanib na pwersa ng Philippine National Police-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) at Armed Forces of the Philippines (AFP). Ayon sa kanyang mga kamag-anak, pinalabas ng mga pwersa ng estado na nakakuha sa kanyang bahay ng mga armas at pampasabog. Nakapagpyansa siya noong Disyembre 5, 2022.

Sa araw ding iyon inaresto ng mga pwersa ng estado si UCCP Pastor Nathaniel Valliente sa kanyang bahay sa Mabini, Bohol sa gawa-gawang mga kaso. Nakakulong pa si Pastor Valliente hanggang sa kasalukuyan.

Si Tabada ay kasapi ng FARDEC mula pa 1998 at gumampan ng susing papel sa pagtataguyod ng gilingan ng bigas sa bayan ng Trinidad na nakatulong sa mga magsasaka tulad ng Nagkahiusang Mag-uuma sa San Jose (NAMASAJO). Ayon sa FARDEC, malaki ang ginampanan niyang papel sa pagtatakda ng tamang presyo ng bigas at bumasag sa monopolyo ng mga komersyante sa lugar.

Ikinalugod ng grupong Karapatan-Central Visayas ang pagkakabasura ng mga kaso. Gayunpaman, isa lamang ito sa napakaraming kaso ng panggigipit at pagsasampa ng gawa-gawang asunto laban sa mga aktibista, progresibo at tagapagtaguyod ng karapatan ng mga magsasaka.

Noong Mayo 25 lamang, inaresto ng pulis at militar si Adolfo Salas, Sr, kasaping tagapagtatag ng Hugpong sa mga Mag-uumang Bol-anon (HUMABOL-KMP) at dating tagapangulo ng

Alayon sa mga mag-uuma sa Candijay (AMACAN-HUMABOL). “Kaya naman, muli kaming nananawagan na kagyat na ibasura ang mga kaso laban sa mga bilanggong pulitikal, dahil ang mga ito ay pawang gawa-gawa lamang,” pahayag ng Karapatan-Central Visayas.

Trabahante sa konstruksyon, pinatay ng militar sa Masbate

Hunyo 23, 2023

Pinagbabaril at napatay ng mga pwera ng Armed Forces of the Philippines (AFP) si Randy Dionan Mahinay sa Sityo Abanggan, Barangay San Carlos, Milagros noong Hunyo 21 ng umaga habang nagtatrabaho sa konstruksyon ng kalsada sa lugar. Naulila ni Mahinay ang kanyang asawa at mga anak.

Pinatay ng militar si Mahinay dahil idinadawit siya sa inilunsad na ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa mga aset paniktik at CAFGU, kung saan isa ang napatay, noong Abril 14 sa parehong barangay. Pinaratangan siyang tumulong sa mga Pulang mandirigma dahil lamang nagtatrabaho siya sa kalsada kung saan nangyari ang ambus.

Ayon pa sa ulat, pinalitan ng “sweat shirt” ang suot na uniporme sa trabaho ni Mahinay at sinukbitan pa ng baril upang palabasin na isa siyang mandirigma ng BHB na napatay sa engkwentro. Layon nitong pagtakpan ang karumal-dumal na krimen ng pagpatay sa sibilyan.

Isa rin siyang aktibong kasapi ng samahan ng mga maralitang magsasaka sa kanilang lugar na tutol sa planong pagpapalawak ng dayuhang kumpanyang Filminera-Masbate Gold Project sa bayan ng Mobo, Uson at Milagros.

Ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo sa mga sibilyan ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga batas ng digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at dikombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Profiling ng DepEd sa mga kasaping guro ng ACT, kinundena

Hunyo 24, 2023

Kabi-kabila ang pagkundena sa internal na memorandum na inilabas ni Sara Duterte, kalihim

ng Department of Education, na may petsang Hunyo 16, 2013 na nag-utos na tukuyin ang lahat ng mga gurong kasapi ng Alliance of Concerned Teachers (ACT). Ang memorandum ay ipinadala sa lahat ng pinuno ng ahensya sa antas rehiyon at dibisyon.

“Lubos na nakaaalarma ang operasyong profing ng DepEd laban sa ACT at mga myembro nito at isa itong malinaw na paglabag sa mga batayang karapatan,” ayon kay House Deputy Minority Leader at ACT Rep. France Castro. “Ang pagsisiwalat at paglilikom ng kanilang sensitibong mga personal na impormasyon nang walang pahintulot mula sa kanila ay direktang pag-atake sa kanilang pribasiya at seguridad.”

Hindi nakikipagkoordinang ACT sa sentral na pamunuan ng DepEd kaugnay sa mga usaping unyon kaya walang dahilan para sa gayong memorandum, ayon sa kongresista. Naniniwala siyang nilikom ang mga pangalan para ired-tag ang mga myembro nito.

Mula nang maupo si Duterte sa ahensya, at kahit bago pa nito, aktibo siya sa pangreredtag at pagpapatang sa ACT at lahat ng mga progresibo. Noong Abril, panibagong serye ng redtagging ang ginawa ni Duterte, matapos maupo siya bilang co-chairperson ng NTF-Elcac. Dahil dito, naghapag ng reklamo ang mga guro sa International Labor Organization.

Sa kongreso, naghain ang mga kongresista ng Makabayan ng resolusyon para kundenahin ang naturang memorandum at ipanawagang kagyat na

itigil ng ahensya ang ilegal na profiling, papanagutin ang ahensya para magpaliwanag sa mga layunin nito at tiyakin na napoprotektahan ang lahat ng nakalap na personal na impormasyon at sensitibong datos ng mga myembro ng ACT alinsunod sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng konstitusyon.

“Hindi namin ito deserve!” bwelta ng mga guro sa ACT NCR Union.

“Para sa profiling ba ito? Para matakot ang mga gurong myembro ng unyon?” anila. “Di namin mawari na ginagawa ito ng DepEd ngayong napakaabala ng mga guro sa napakaraming paperworks, school form at requirement. Wala pa nga ho kaming pahinga, delayed na delayed pa ang mga benepisyo!”

Ayon sa unyon, ang kailangan ng mga guro ngayon ay isang ahensyang may malasakit sa kanila na napakababa ng sahod, napakaraming trabaho at kapos sa benepisyo. “Ngayon, sisikilan nyo pa ng karapatang mag-union,” anito.

Lider-katutubo ng Cordillera, nagsampa ng kaso kontra PNP

Hunyo 25, 2023

Nagsampa ng kaso si Windel Bolinget, tagapangulo ng Cordillera Peoples Alliance (CPA), kasama ang iba pang mga kasapi ng organisasyon laban sa mga opisyal ng Philippine National Police (PNP) noong Hunyo 23 sa La Trinidad Municipal Court. Isinampa niya ang kontra-asunto kaugnay

ng mga gawa-gawang kaso laban sa kanya at iba pa noong 2020 sa Tagum City, Davao Del Norte.

Partikular na inihain ng grupo ang Complaint for Moral, Actual and Exemplary Damages at paglabag sa Artikulo 19, 20, 21, at 32 ng Civil Code. Ayon sa grupo, nakaranas ng matinding pagmamanman at pagtugis sina Bolinget at ibang lider ng CPA.

Tinukoy ng reklamo na pangunahing sangkot sina PMaj. Ruth Dizon, dating hepe ng Kapalong Municipal Police Station sa Davao Del Norte, Ranel Tibog Vender, at PBGen R'Win Pagkalinawan na naglabas ng atas na "shoot to kill" noong Enero 2021 laban kay Bolinget.

"Dapat mabigyan ng hustisya ang hindi makatarungang pagkulong at malupit na mga atake laban sa aking organisasyon, pamilya at sa akin mismo na resulta ng naturang kaso," ayon kay Bolinget.

Dati na ring ginipit ng mga pwersa ng estado si Bolinget at idinawit sa samutsaring mga gawa-gawang kaso. Noong 2018, kasama siya sa higit 600 pinangalanang aktibista, mga progresibo at rebolusyonaryo sa kaso ng teroristang proskripsyon ng Department of Justice laban sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Idinawit din siya sa isang kaso ng rebelyon noong Enero lamang, kasama ang anim pang iba. Kinilala sila bilang Northern Luzon 7, at kamakailan lamang ay ipinawalambisa ang mandamyento de

aresto na ginamit sa kanila dahil sa mga anomalya.

“Dapat mapanagot ang mga tauhan ng estado na sangkot sa pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso at iba pang paglabag sa karapatang-tao, lampas pa sa pagbabayad ng danyos-perwisyo, dapat silang tanggalin sa kanilang pusisyon dahil nilalabag nila ang konstitusyunal na karapatan sa tamang proseso at iba pang sibil na kalayaan,” giit ni Bolinget.

Nananawagan ang CPA na ihinto na ang paggamit ng estado sa batas na sandata laban sa mga tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo at mga aktibista sa buong bansa. Anang grupo, ang pagsasampa nila ng kontra-asunto ay isa sa maraming paraan na isasagawa nila para labanan ang pag-atake ng estado.

Busabos na kalagayan ng mga marino, binatikos

Hunyo 26, 2023

Ginunita kahapon ang International Day of Seafarers sa iba’t ibang panig ng mundo na nagtuon ng pansin sa labis na busabos na kalagayan ng mga marino o mga manggagawa sa mga barko at dagat.

“Nanggagaling sa pinakamahihirap na bansa ang mga seafarer,” ayon sa grupong Migrante, sa isang pahayag ng pakikiisa. “Tumatanggap sila ng mabababang sahod, umiinda sa kawalan ng labor

standard, at gumagampan ng pinakamahihirap at delikadong mga trabaho.”

Sinuportahan nila ang pakikibaka ng mga seafarer at lahat ng manggagawang sea-based laban sa sistemang “Flag of Convenience” (FOC) na ipinatutupad ng mayayamang bansa para samantalain ang murang lakas-paggawa ng mga manggagawa.

Sa ilalim ng FOC, inirerehistro ng mga kapitalistang may-ari ng malalaking barko ang kani-kanilang mga barko hindi sa kanilang mga bansa kundi sa mga bansang madalas walang proteksyon ang mga manggagawa. Ginagawa ito ng mga kumpanya para makaiwas sa mga regulasyon ng kani-kanilang mga bansa, ipatupad ang mas mababang sahod na madalas istandard ng pinili nilang bansa (tinawag ding flag state) at takasan ang pagbabayad ng buwis.

Halimbawa, inirerehistro ng mga kumpanya ng US, Japan, Norway, Germany, Australia, Sweden, Denmark, Greece, China at Russia ang kanilang mga barko sa mga tinawag na “estadong FOC” katulad ng Liberia, Panama, Costa Rica at Honduras. Kabilang din sa listahang ito ang maliliit na isla tulad ng Marshall Islands, Bahamas, St Vincennes and Grenadine, na kilala ring maluwag ang sistema ng pagbabangko at pinaglalagakan ng mga nakaw at tagong yaman.

Ang busabos na kalagayan ng mga marino ay palalalain ng iskemang FOC, ayon sa grupo.

“Sa Pilipinas, kung saan nagmumula ang sangkatlo ng lahat ng internasyunal na seafarer, nakatuon ang guberno ni Ferdinand Marcos Jr sa paglalako sa kanila bilang mura at kiming paggawa sa ilalim ng Labor Export Program,” ayon sa grupo. Ang programang ito ay sinimulan ng ama niyang diktador na si Ferdinand Marcos Sr, katuwang ang ministro noon sa paggawa na si Blas Ople, na siya namang ama ng kasalukuyang kalihim ng Department of Migrant Work na si Susan Ople.

“Desidido ang dalawang anak na ito na ipagpatuloy ang pakana ng kanilang mga ama na nagresulta sa patuloy na pagdurusa ng mga seafarer at mandaragat hanggang sa ngayon.”

Napakamahal ng mga pagsasanay, sertipikasyon at iba pang proseso bago makakuha ng trabahong di lalampas sa 11 buwan ang isang marino. Wala silang katiyakan sa trabaho at kada labas, kailangan nilang mag-aplay ulit sa mga trabahong ginampanan na nila. Ito ay kahit ilang beses na silang nakapagtrabaho sa parehong kumpanya o dumaan sa parehong ahensya sa paggawa.

Walang anumang proteksyon ang mga manggagawang seafarer alinsunod sa batas. Nakatengga hanggang sa ngayon sa kongreso ang Magna Carta for Seafarers na dapat noon pang panahon ni Benigno Aquino Jr ipinasa.

Ayon sa grupo, sinabotahe pa ang kasalukuyang bersyon ng batas ng malalaking kumpanya at ahensya sa paggawa sa pamamagitan ng pagsingit ng kontra-marinong probisyong “escrow” kung

saan hindi agad makatatanggap ang isang seafarer ng kumpensasyong napanalunan niya sa mabababang korte hanggang di natatapos ang mga pag-aapela ng malalaking kumpanya sa Court of Appeals at Korte Suprema. Ang pag-escrow ay ang paglalagak ng pondo sa bangko habang dinidinig ang isang kaso.

Sa gayon, isa itong “Magna Carta of Shipowners” dahil di ito nagsisilbi sa mga seafarer, batikos ng Migrante.

Dagdag-sahod, pagtatanggol sa karapatan, sigaw ng LGBT+

Hunyo 26, 2023

Kasabay ng protestang pride o pagtatampok sa karapatan ng mga LGBT+ (lesbyana, bakla, bisekswal at transgender) noong Hunyo 24, itinampok ng grupong Bahaghari ang panawagan para sa dagdag-sahod, pagsuporta sa panukalang SOGIE, pambansang soberanya at karapatang-tao. Ayon sa grupo, sila ay nagsusulong ng ‘ACCLASan’ (sanib ng mga salitang “accla” na ibig sabihin ay bakla at aklas) para sa mga karapatang dapat tinatamasa ng LGBT at mamamayang Pilipino.

Nakiisa ang Bahaghari sa pagmartsa ng ilampung libong LGBT+ at kanilang mga alyado sa Metro Manila Pride 2023 sa Makati City at hiwalay pang pagtitipon sa Quezon City. Samantala, pinangunahan ng grupo ang pagkilos sa Southern Tagalog Pride, Metro Baguio Pride, at Central Luzon Pride.

Higit 500 ang lumahok sa martsa ng Metro-Baguió Pride mula Session Road tungong Igorot Park noong Hunyo 24. Napuno ang protesta ng makukulay na bandila at ng bahaghari, mga pagtatanghal na “drag” at iba pang kultural na pagtatanghal. Naglunsad din sila ng Pride Fair sa Igorot Park mula Hunyo 21 hanggang Hunyo 23.

Inalala ng Bahaghari sa araw na iyon ang kauna-unahang Pride March sa Pilipinas na inilunsad ng Pro-gay, isang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga bakla, noong 1996. Ang martsang ito ay kauna-unahan din sa buong Southeast Asia.

Sa Laguna, nagtipon ang daan-daang delegasyon ng iba’t ibang sektor mula sa Southern Tagalog sa kampus ng University of the Philippines Los Baños bilang selebrasyon ng Pride Month. Nagkaroon din ng malaking pagtitipon sa Angeles City, Pampanga. Katulad na mga pagkilos ang inilunsad ng iba’t ibang grupo sa Biñan sa Laguna, at Cebu City. Nagkaroon din ng aktibidad sa Dumaguete City at Mandaue City noong Hunyo 25.

“Ano bang ibig sabihin ng pagiging Pilipinong LGBTQ+ sa panahon ngayon? Ito ay ang humarap sa bagong administrasyong Marcos na malinaw na malinaw na kontra-LGBT, kontra-Pilipino, at makadayuhan,” pahayag ni Reyna Valmores, tagapangulo ng Bahaghari.

“Dagdag pa sa lahat ng ito ay ang araw-araw na diskriminasyon at karahasang nakabatay sa kasarian na kinakaharap natin kung saan walang kibo ang admiistrasyon,” ayon pa kay Valmores.

Giit niya, “kaya ngayong Pride, dapat lang lumaban tayo. Dapat lang mag-ACCLASAN tayo para sa kongkretong tugon sa mga problema ng LGBT: dagdag-sahod, SOGIE bill, soberanya, at karapatang pantao.”

Anila, labis na nakadidismaya ang pagbimbin sa SOGIE Equality Bill sa senado habang umalagwa ang Maharlika Investment Fund. Giit ng Bahaghari na isang malinaw na paglapastangan ito sa nalalabing demokratikong mga proseso sa bansa.

“Ipagpatuloy natin ang ating mga panawagahan habang papalapit ang ikalawang State of the Nation Address ng administrasyong Marcos,” hamon ni Valmores sa mga LGBT+.

Fluvial protest kontra reklamasyon, inilunsad sa Bacolod City

Hunyo 26, 2023

Naglunsad kahapon ng fluvial protest o protesta sa karagatan ang mga mangingisda at maralitang tutol sa nakatakdang 1,018-ektaryang proyektong reklamasyon sa Bacolod City. Pinangunahan ang pagkilos ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya)-Negros, Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Negros at Bacolod Against Reclamation Movement (BARM).

Ang mga nakiisa sa protesta ay mula sa mga barangay ng Banago at Punta Taytay, mga apektadong komunidad ng mapangwasak na reklamasyon. Dala ng mga mangingisda at

residente ang kanilang mga panawagan sakay ng dalawang pump boat at 13 bangkang de motor.

“Ang layunin namin ay ipamalas ang aming pagtutol sa pamamagitan ng aktibidad na ito, para ipabatid sa buong komunidad na ang mamamayan ng Barangay Banago ay nananatiling mulat,” pahayag ng Pamalakaya-Negros.

Binatikos din ng mga nagprotesta ang City Resolution No. 235, na nagpapahintulot sa proyektong reklamasyon sa Bacolod City sa pamamagitan ng upisina ni Bacolod City Mayor Albee Benitez.

Anang isang kasapi ng BARM, “hindi dapat tayo magtambak sa ating mga baybay dahil para sa mga isda ito. Kung panghihimasukan natin ito, saan pupunta ang mga isda? Sasalalay na lang ba tayo sa imported na isda?” Giit niya na hindi reklamasyon ang solusyon sa pagtugon sa pangunahing hinaing ng mga Bacolodnon.

Ayon sa BARM, magtutuluy-tuloy pa ang kanilang mga aktibidad sa darating na mga buwan para tutulan ang mga proyektong reklamasyon. Hinimok naman nila ang mga residente ng Bacolod City, laluna ang mga galing sa 61 baybaying barangay nito, na magkaisa at ipamalas ang kanilang pagtutol sa mapaminsalang proyekto.

Ang BARM ay binuo ng mahigit 80 lider ng komunidad, taong simbahan at tagapagtaguyod ng karapatang-tao noong Setyembre 10, 2022 para labanan ang reklamasyon.

Tinatayang 10,000 residente ng syudad ang maapektuhan ng mga proyekto pangunahin sa Barangay Banago. Mapapalayas ang mga maralita at sapilitang wawasakin ang kanilang paninirahan kung matutuloy ito. Hindi naman bababa sa 2,000 mangingisda at maglalako ng isdang nakasalalay ang kabuhayan sa dagat ang mawawalan ng hanapbuhay.

Pinakamurang bigas sa Metro Manila, ₱40/kilo na

Hunyo 26, 2023

Matapos ang isang taon sa panunungkulan ni Ferdinand Marcos Jr bilang presidente ng bansa at kalihim ng Department of Agriculture, wala pa ring katuparan ang pangakong magiging ₱20 kada kilo ang bigas. Sa halip, tumaas pa kamakailan ang pinakamurang klase ng bigas mula ₱38/kilo tungong ₱40/kilo.

Ito ay ayon sa pagsubaybay ng grupong Bantay Bigas sa mga palenke ng Metro Manila. Sa ibang bahagi ng rehiyon, umaabot sa ₱46/kilo ang presyo ng pinakamurang lokal na bigas.

“Tinanong namin ang mga manininda at sabi nila ay ₱40 na kada kilo ang pinakamurang bigas mula ₱38 kada kilo noong Abril,” ayon kay Cathy Estavillo, tagapagsalita ng grupo. “Kailangang resolbahin ng estado ang pagtaas ng presyo ng bigas, lalupa’t wala namang pagtaas sa napakababang presyo ng pagbili ng palay mula sa mga magsasaka.”

Pinabulaanan ng pagtaas ng presyo ng bigas ang bukambibig ng estado na bababa ang presyo nito kung pahihintulutan ang todo-todong importasyon ng bigas, aniya. Noong nakarang taon, umabot sa 3.8 milyong metriko tonelada ang inangkat ng bansa gamit ang rice liberalization law (RLL), o liberalisasyon sa pag-aangkat (pag-aalis ng taripa) sa bigas.

Muling pinanawagan ng grupo ang kagyat na pagbabasura sa RLL at pagbibigay-subsidyo sa mga magsasaka para makaagapay sa nagtataasang gastos sa produksyon ng palay.

Habang nagdurusa ang mga magsasaka ng palay, at kasabay nila ang mamimiling Pilipino, pinuri naman ng World Bank ang RLL dahil sa pagtanggap nito sa lahat ng proteksyon sa lokal na produksyon ng bigas at pagtalikod diumano nito sa “kiling” sa pagtanim ng bigas (na siyang nangungunang pagkain ng mga Pilipino). Nais ng World Bank na itulak ang pagtanim ng ibang produktong agrikultural, partikular ng mga “high-value crop” na pang-eksport.

Reklamo sa mabaho, di makaing alawans na bigas, inihapag ng mga guro

Hunyo 26, 2023

Nakipagdayalogo noong Hunyo 21 ang Alliance of Concerned Teachers (ACT) sa pamunuan ng National Food Authority (NFA) hinggil sa mabaho at di makaing bigas na ipinamahagi sa mga guro bilang One Time Rice Assistance (OTRA).

Partikular na inihayag grupo ang mga reklamo kaugnay ng pamimigay ng OTRA, na liban sa atrasado, may amoy at may kaibang kulay pa ang bigas na ipinamahagi. Inireklamo rin nila ang pahirap na proseso ng paghingi ng notarized authorization ng NFA at mga problema sa transportasyon ng bigas sa mga eskwelahan.

Nasiwalat sa pulong na walang nakalaang badyet para sa transportasyon ng bigas at sa halip ay nakaasa ito sa mga lokal na guberno. Paliwanag pa ng ahensya, ang binayaran lamang ng Department of Budget and Management ay ₱25.00/kilo na bigas samantalang ang presyo talaga ng bigas ay nasa ₱33.60/kilo.

Matapos ang dayalogo, nangako ang NFA na tatapusin ang pamimigay ng bigas sa Hunyo 30 para sa lahat ng mga rehiyon maliban sa National Capital Region, na target nitong kumpletuhin ng Hulyo 7.

Naigiit din ng unyon na ibalik at palitan ng NFA ang sirang bigas na ipinamahagi na.

Samantala, nagpahayag din ng pagkadismaya ang ACT at mga unyon nito sa rehiyon sa makupad na pagbibigay ng Department of Education ng Performance-Based Bonus (PBB) ng mga empleyado ng DepEd para sa 2021.

Ayon sa ACT-National Capital Region, ang PBB 2021 na ang pinakanaantalang benepisyo na dapat ipinamahagi na ng DepEd sa mga guro.

Tagapangulo ng samahang magsasaka sa Negros Occidental, inaresto

Hunyo 26, 2023

Inaresto ng mga pwera ng estado ang lider-magsasakang si Susan Medes, tagapangulo ng Baklayan, Bito, Cabagal Farmers Association (BABICAF), sa Repullo St, Barangay 2, Kabankalan City, Negros Occidental noong Hunyo 25. Si Medes ay residente ng Sityo Bito, Barangay Buenavista, Himamaylan City.

Pangalawang bigwas ito ng mga armadong tauhan ng rehimeng Marcos laban sa naturang organisasyon ngayong buwan. Noong Hunyo 14, minasaker ng 94th IB ang pamilyang Fausto, mga kasapi ng naturang organisasyon, sa Barangay Buenavista, Himamaylan City.

Sinampahan ng gawa-gawang kaso si Medes. Idinadawit siya sa kasong pagpatay at pinararatangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla ng Negros. Walang inirekomendang pyansa ang lokal na korte kaugnay ng kanyang kaso. Kasalukuyan siyang nakapiit sa Kabankalan City Police Station.

Ayon sa Human Rights Advocates Negros (HRAN), may 17 pang iba ang kinasuhan kasama ni Medes. Inaakusahan silang sangkot sa nangyaring engkwentro sa pagitan ng Philippine Army at BHB sa Sityo Bunsad, Barangay Tan-awan, Kabankalan City noong Mayo 12, 2018.

Ang asawa ni Medes na si Rodrigo, kasama ang anim na iba pa, ay dinakip din sa gawa-gawang mga kaso ng 62nd IB at pulis noong Hunyo 26, 2019 sa Himamaylan City. Mga kasapi rin sila ng BABICAFa.

2 tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Southern Tagalog, kinasuhan ng “terorismo”

Hunyo 27, 2023

Sinampahan ng 59th IB ng paglabag sa Anti-Terrorism Law ang dalawang tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Southern Tagalog (ST), ayon sa ulat ng Karapatan-ST noong Hunyo 26. Natanggap ng grupo ang reklamo laban kina Anakbayan Southern Tagalog Regional Coordinator Ken Rementilla at Mothers and Children for the Protection of Human Rights (MCPHR) Secretary-General Jasmin Rubia kaugnay ng paglabag sa Section 12 ng naturang batas.

Pinaratangan ng reklamo ang dalawa na nagbigay ng suporta sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Hulyo 22, 2022 sa Batangas. Giit ng Karapatan-ST, isa itong “alegasyong walang batayan.” Arbitraryong idineklara ng Anti-Terrorism Council, konsehong nilikha ng ATL, ang PKP at BHB bilang mga “teroristang organisasyon.”

Ang pagkaso ng “pagtulong sa terorismo” ay dahil sa isinagawang fact-finding mission (FFM) noong Hulyo 2022 para imbestigahan ang pagpaslang sa batang si Kyllene Casao sa Taysan, Batangas.

Anang grupo, “ang mga ganitong gawa-gawang reklamo at kwento ng militar ay isang paraan ng 59th IB upang pagtakpan ang ginawa nilang pagpaslang kay Kyllene Casao at Maximino Digno” sa Batangas sa nagdaang taon. Sinabi rin nilang ni wala si Rementilla sa naturang mga aktibidad.

Hindi malayong kaugnay ang naturang pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa pag-abswelto ng Department of Justice noong Enero sa mga kriminal na sundalo ng 59th IB na sangkot sa pagpatay sa 9-taong gulang na si Kyllene.

Sa halip na kasuhan ang mga upisyal at tauhang sangkot sa walang patumanggang pamamaril na pumatay kay Casao, noo’y plano ng DOJ na kasuhan ang anim na taong iniuugnay sa PKP at BHB. Nauna nang pinabulaanan ng BHB-Batangas na walang yunit ng BHB sa komunidad nang mangyari ang pamamaril.

Resulta ng FFM

Sa inilunsd na FFM noong nakaraag taon, napag-alaman nilang pauwi na mula sa pangangahoy at pagpapastol ng mga kambing ang pamilyang Casao nang walang patumangga silang pinaputukan. Kasama noon ni Kyllene ang isa niyang kapatid at kanilang tatay sa Sityo Centro, Barangay Guinhawa, Taysan, Batangas, nang nakasalubong nila ang isang yunit ng 59th IB. Nakatigil ang naturang yunit militar na ito malapit sa mababang paaralan. Tinamaan ng bala si Kyllene at di na nakaabot sa ospital.

Naganap ang insidente matapos maengkwentro ng isang yunit ng 59th IB ang isang yunit ng BHB sa Sityo Amatong na nasabing barangay. Pinaghihiwalay ng matataas na bundok ang sityong ito sa Sityo Centro na pinangyarihan ng krimen.

Matapos nito, paulit-ulit na pinagbantaan ng militar ang pamilya Casao at tinakot ang mga lokal na residente para manahimik. Isinailalim din ang lugar sa kontrol ng militar kung saan ginamit ng mga sundalo ang mga istrukturang sibilyan gaya ng basketbolan, barangay hall at mga bahay para sa kanilang operasyon. Paulit-ulit na hinaraas at binantaan ng 59th IB ang mga grupo sa karapatang-tao na nagsasagawa ng mga makataong misyon. Tinakot pa rin sila hanggang sa burol ni Kyllene noong Hulyo 28, 2022.

Si Kyllene ang pinakabata sa listahan ng mga biktima ng sibilyang pagpatay sa maruming gera ng rehimeng Marcos Jr sa kanayunan. Siya rin ang pinakaunang kaso ng pampulitikang pagpatay na naitala sa Southern Tagalog.

Isang tropa ng 24th IB, napatay sa opensiba ng BHB-Abra

Hunyo 28, 2023

Napatay sa opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra ang isang elemento ng 24th IB noong Hunyo 27 sa Sityo Mangmangga, Barangay Naguillan, Sallapadan, Abra. Ayon sa BHB, naglulunsad noon ang mga sundalo ng nakapokus na operasyong kombat sa naturang lugar.

“Ang aksyong militar na ito ng BHB ay magsisilbing parusa sa mersenaryo ng Armed Forces of the Philippines sa tuluy-tuloy na mga krimen nito sa mamamayan,” pahayag ng BHB-Abra. Anila, naitala sa mga komunidad ang panggigipit at pananakot sa mga sibilyan na pinararatangan ng mga sundalo na tagasuprota ng BHB.

Sa ulat mismo ng AFP, nasugatan sa pag-atake ng BHB si Private Zerganie Pagtan na elemento ng 102nd IB. Ang naturang batalyon ay naitalaga kamakailan lamang sa 5th ID mula sa Cordillera kung saan naghasik ito ng teror sa mamamayan mula Pebrero 2022.

Hatol na maysala sa matanda at maysakit na konsultant ng NDFP, kinundena

Hunyo 29, 2023

Kinundena ng grupong Karapatan ang hatol ng korte sa matanda at maysakit na konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Frank Fernandez at kanyang asawa na si Cleofe Lagtapon kaugnay sa gawa-gawang kasong illegal possession of firearms. Ang hatol ay inilabas ngayong araw ng Taguig Regional Trial Court Branch 266.

Anito, “malaking kabalintuan ang posibilidad na pag-aari ng dalawang matatanda at maysakit na mga indibidwal” ang mga pinalalabas na kanila ang mga armas at granadang nasamsam diumano noong sila ay inaresto.

Ang mag-asawa, kasama si Ge-ann Perez, ay inaresto noong Marso 24, 2019 sa Barangay Calumpang, Liliw, Laguna. Pinalalabas ng estado na nasamsam sa kanila ang tatlong kalibre .45 pistola, tatlong magasin at mga bala, at tatlong granada.

Habang hinatulan ang mag-asawa sa kasong illegal possession of firearms, ibinalita ng Karapatan na napawalang-sala sila sa mga kaso ng illegal possession of explosives at COMELEC gun ban. Si Perez, na kasama nilang akusado, ay ipinawalang-sala sa lahat ng mga kaso.

Anang Karapatan, ipinakikita ng paghatol na ito laban kay Fernandez at Lagtapon ang kahungkagan ng katarungan, na lalong pinatitingkad ng hindi nagtutugmang mga pahayag ng mga umarestong pwersa ng seguridad sa kanila.

Nakiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pagkundena sa paghatol sa mga Fernandez. Ani Marco Valbuena, Chief Information Officer ng PKP, ang desisyon ng Taguig RTC ay “bahagi ng nagpapatuloy na patakaran ng pagkriminalisa at pagparusa sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa sa tangka ng reaksyunaryong estado sa ilalim ng rehimeng US-Marcos na supilin ang patriyotiko at demokratikong hangarin ng sambayanang Pilipino.

Sa pahayag ng NDF-Negros Island noong 2019, sinabi nitong si Fernandez at Lagtapon ay nagpapagamot sa Laguna nang arestuhin. Anila, hindi makatao at makatarungan ang ginawang

pag-aresto sa tatlo. Nilabag din umano ng Gubyerno ng Pilipinas ang pinirmahan nitong kasunduan sa NDFP na Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na dapat ay nangangalaga sa kaligtasan at karapatan ng mga konsultant.

Si Fernandez ay mayroong sakit na chronic artery disease, chronic stable angina, hypertension stage 2-uncontrolled, chronic obstructive pulmonary disease, at hyponatremia, liban pa sa ibang sakit na dulot ng labis na katandaan.

Muling ipinanawagan ng Karapatan ang kagyat na pagpapalaya kina Fernandez, Lagtapon at Perez, at lahat ng mga bilanggong pulitikal. Hindi bababa sa 823 ang kabuuang bilang ng mga bilanggong pulitikal sa bansa.

Magkakasunod na protesta, inilunsad sa limang ospital

Hunyo 29, 2023

Magkakasunod na protesta at pangangalampag ang inilunsad ng mga unyon ng mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Alliance of Health Workers (AHW) sa limang ospital sa Metro Manila nitong Hunyo 23 at Hunyo 27. Inilunsad ang mga protesta kaugnay ng nalalapit na isang taon sa poder ng rehimeng Marcos at ikalawang state of the nation address nito.

Naglunsad ng “noise barrage” ang mga manggagawang pangkalusugan sa Philippine

Orthopedic Center (POC) at National Children's Hospital (NCH) noong Hunyo 27. Samantala, nagprotesta naman ang mga unyon sa Philippine Heart Center (PHC), Lung Center of the Philippines (LCP), at National Kidney and Transplant Institute (NKTI) noong Hunyo 23.

Iginigiit nila kay Marcos Jr ang ₱33,000 na sahod ng mga bagong manggawang pangkalusugan sa pampubliko at pribadong ospital. Ipinaglalaman din ng AHW ang pagbibigay ng makatarungang dagdag-sahod sa hanay ng mga manggagawang pangkalusugan.

“Nararapat lang mabigyan ng dagdag-sahod ang mga manggagawang pangkalusugan... nangangalampag kami para basagin ang katahimikan ni President Marcos Jr sa hindi pagtugon sa makatarungang panawagan ng mga manggagawang pangkalusugan para sa dagdag-sahod,” ayon kay Robert Mendoza, pambansang tagapangulo ng AHW.

Dagdag pa ng mga unyon, dapat kagyat na ibigay ang labis na naantalang Covid-19 alawans, mga performance based bonus, Health Emergency Allowance (HEA) at iba pang benepisyo.

Anila, hindi pa rin natatanggap ng mga manggagawang pangkalusugan sa pampublikong mga ospital ang HEA para sa Enero-Hunyo 2023, habang ang mga nasa pribado at nasa ilalim ng lokal na gubyernong mga ospital ay naghihintay ng HEA mula Enero-Disyembre 2022 at Hulyo-Disyembre 2022. Hindi pa rin umano natatanggap

ang kahit isang kusing mula sa Performance Based Bonus 2021-2022.

Pinuna rin ng AHW ang pag-eempleyo ng Department of Health (DOH) ng mga kontraktwal na walang permanenteng pusisyon sa kabila ng 21,038 na bakanteng pusisyong plantilla ng ahensya.

“Halos isang taon na sa poder si President Marcos Jr, pero wala pa tayong nakikitang hakbang na ginagawa ng kanyang administrasyon para sa ating matagal nang mga kahingian,” ayon kay Ricardo Antonio, pangulo ng National Orthopedic Hospital Workers Union-AHW,

Anang AHW, dapat kumilos ang bagong talagang kalihim ng DOH at si Marcos Jr para sa mga hinaing ng mga manggagawang pangkalusugan. Kinakailangan umano ang kagyat na tugon dahil ang sistemang pangkalusugan sa bansa ay nasa matinding krisis.

Panggigipit sa manggagawang Korean, tumitindi

Hunyo 29, 2023

Nakiisa ang mga manggagawang Pilipino sa manggagawang Koreano sa kanilang laban sa tumitinding panunupil ng estadong Korean at di makataong kundisyon sa paggawa sa South Korea. Nakiisa sila, kasama ang International League of People’s Struggles, sa Korean Construction Workers Union (KCWU) at sa Korean Confederation of Trade Unions (KCTU) sa

pakikibaka ng mga ito sa tuluy-tuloy na pagtatangka ng gubyernong Yoon na buwagin ang kanilang mga unyon.

Sa nakaraang mga buwan, umaabot na sa 13 reyd ang isinagawa ng mga pulis sa mga upisina ng KCWU, 40 beses and pagrerekisa sa mga kasapi ng unyon, 950 ulit na pagpapatawag sa mga manggagawa at 17 kaso ng iligal na detensyon. Mahigit 1,000 myembro ang arbitraryong inimestigahan. Ayon sa mga manggagawa, ang panghahalughog sa mga upisina ay isinagawa habang nakikipagnegosasyon sila para sa kanilang CBA. Ito ay para pigilan silang magwelga, at maggiit ng makatarungang mga demanda na “makasisira” sa mga kumpanya.

“Ang mga hakbang ito ay direktang bigwas sa karapatan ng mga manggagawa sa pakikipagtawaran, na nakasaad sa International Labor Organization Convention 98,” pahayag ng ILPS.

Walang katiyakan sa trabaho ang maraming mga manggagawa sa konstruksyon sa Korea. Iniinda nila ang mga di ligtas na kundisyon sa paggawa na humahantong sa pagkamatay ng abereyds na 400 manggagawa kada taon. Pangunahing ipinaglalaman ng KCWU sa pakikipagtawaran nito sa malalaking kumpanya sa konstruksyon ay seguridad sa trabaho ng mga subkontraktwal, kaligtasan sa mga lugar ng trabaho at pagtatanggol sa batayang mga karapatan ng mga manggagawa.

Sa ngayon, inilulunsad ng KCWU at KCTU ang iba't ibang mga pagkilos para bigyang atensyon ang kalagayan ng mga manggagawa sa konstruksyon. Kabilang dito ang paglulunsad ng mga lamay at memorial o pag-aalala sa mga manggagawang napatay sa Gwanju, kung saan gumuho ang itinatayo nilang gusali dahil sa ginamit na substandard na mga materyal. Noong Mayo, nakiisa sila sa mga pamilya ng nasawi sa trahedya sa Itaewon na naganap noong Oktubre 2022 kung saan 159 tao ang napatay.

Noon namang Mayo 1, sinilaban ni Yang Hoe-Dong, district leader ng KCTU, ang kanyang sarili bilang protesta sa tuluy-tuloy na panggigipit sa KCWU. Umabot sa 100,000 myembro ng KCTU ang nagrali sa 15 syudad ng South Korea sa araw na ito. Si Yang ay isang manggagawa sa konstruksyon na humarap sa samutsaring pagsasamantala tulad ng napakababang sahod at kawalang katiyakan sa trabaho. Tuluyan siyang namatay noong Hunyo 20. Sumama sa martsa ng kanyang libing ang mahigit 6,000 kapwa niya manggagawa.

“Mahal sa Pilipinas,” kutya ng mga grupo sa unang taon ni Marcos Jr sa poder

Hunyo 30, 2023

Bigo ang rehimeng Marcos Jr na gumawa ng hakbang para ibaba ang presyo at tulungan ang mamamayan para makaagapay sa implasyon. Ito ang ulat ng economic cluster sa isinagawang

People's Summit sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City noong Hunyo 28. Anila, "Mahal sa Pilipinas," at hindi "Mahalin ang Pilipinas" o "Love the Philippines" tulad ng bagong-labas na islogan ng Department of Tourism para mang-akit ng turista sa bansa.

Nananatiling mataas ang implasyon sa bansa. Nasa 6.1% ito noong Mayo, mas mataas kumpara sa 5.4% noong Mayo 2022. Kumpara sa nakaraang taon, mas mataas ang presyo ngayon ng bigas, karne, isda at kalakhan ng gulay, bawang, sibuyas at asukal. Mataas rin ang singil sa tubig at kuryente, at pamasahe.

"Walang sinabi ang Presidente sa usapin ng pagtataas ng sahod," ayon sa ulat. Sa ngayon, ang Pilipinas ang may pinakamataas na "income inequality" o di pagkakapantay-pantay sa kita, sa East Asia, kung saan "ang pinakamayamang 1% ang may hawak sa 17% ng pambansang kita, habang ang pinakamahihirap na 50% ay tumatamasa lamang sa 14%.

Ayon sa Ibon Foundation, ipinakikita kahit ng datos ng estado na mas mababa pa sa poverty threshold o sukatan ng pagkamahirap ang abereyds na minimum na sahod sa bansa. Walang anumang pag-alwan sa buhay sa ilalim ni Marcos. Bumagsak kahit ang kakarampot na ayudang ipinamamahagi nang hanggang 99.78%, mula P233 bilyon noong 2020 tungong P510 milyon na lamang ngayong taon.

Laganap ang tanggalan sa trabaho sa unang taon ni Marcos. Kabilang dito ang daan-daang

manggagawa sa Wyeth, Nexperia at mga patahian ng damit sa Cebu. Naitala rin ang mga paglabag sa mga pamatayan ng paggawa sa mga kumpanya ng Shopee, Grab at Foodpanda. Sa gitna nito, tinangka pa ng rehimen na agawan ng prangkisa ang maliliit na opereytor at drayber na dyip para itulak ang korporatisasyon ng transportasyon.

Sa halip na pangakong ₱20 kada kilo, tumaas pa hanggang ₱40 ang kada kilo ng bigas,” ayon sa grupong Amihan. Mula Abril, nasa ₱40 na ang pinakamurang bigas sa Metro Manila, alinsunod sa monitor ng grupong Bantay Bigas.

Nag-import ang bansa ng 2.8 milyong metriko toneladang bigas sa 2022. Itinaas nito ang pag-asa ng bansa sa imported na bigas nang 38.06% mula sa 18.5% sa 2021. Dahil dito, nalugi ang mga lokal na magsasaka nang ₱260 bilyon mula 2019 hanggang 2013.

Dagdag na pasakit ang mga buwis na nais ipataw ng rehimen para para pambayad sa lumolobong utang ng bansa. Kabilang dito ang buwis sa mga digital service provider, tulad ng Amazon, Google, Netflix at Spotify. Balak din ng rehimen na magpataw ng “salt tax” o buwis sa maalat at anito’y “di masustansyang pagkain” tulad ng mga tsitsirya. Sa plano nito, ipapataw ang buwis na ₱10 kada 100 gramo sa naturang mga pagkain. Dagdag din nitong itataas ang “sugar tax” o buwis sa matatamis na pagkain nang hanggang ₱12 kada litro.

Lalong inilulugmok ng rehimeng Marcos ang bansa sa krisis. Patuloy na itinutulak ng mga

upisyal sa ekonomya nito ang mga patakarang neoliberal ng naunang mga reaksyunaryong rehimen.

Itinutulak nito ang pagpapalit-gamit ng malalakng tipak ng lupa sa panukalang National Land Use Plan. Minamadali nito ang pagbibigay ng mga indibidwal na titulo, gayundin ang pagpatawad ng utang ng sa amortisasyon ng maliliit na magsasaka, hindi para ibwelo ang produksyong agrikultural, kundi para padulasin ang rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng mga panginoong maylupa at dayuhang komersyal na mga plantasyon.

Tuluy-tuloy ang tulak para sa pribatisasyon ng nalalabing pampublikong serbisyo, tulad ng telekomunikasyon, tubig, kuryente, paliparan at sistema ng bus sa EDSA.

Bagsak na grado, ibinigay ng mga migrante kay Marcos

Hunyo 30, 2023

Bagsak na grado, at sa gayon ay kailangang patalsikin si Ferdinand Marcos Jr sa pwesto para sa kanyang mga krimen laban sa mga migrante. Ito ang pahayag ng grupong Migrante International para sa unang taon ng panunungkulan ng anak ng diktador.

Kabilang sa kanyang mga krimen ang sumusunod: bigong paglikha ng mga lokal na trabaho, kawalang-aksyon sa kagyat na mga usapin ng mga migrante, pagsupil sa mga aktibistang migrante,

panghuhuthot sa pinaghirapang kita ng mga migrante at panloloko kaugnay sa tunay na nagagawa ng kanyang adminisrasyon.

Sa unang State of the Nation Address pa lamang ni Marcos noong nakaraang taon, malinaw nang itutulak niya ang patakaran sa labor export, ayon sa grupo. Tuluy-tuloy na inilalako ng Department of Migrant Workers ang mura at kiming paggawang Pilipino sa iba't ibang bansa.

Habang walang kyeme ito sa pagbebenta ng lakas ng manggagawang Pilipino, wala naman itong ginawa para protektahan ang kanilang mga karapatan at kagalingan sa ibang bansa. “(B)igo ang rehimen na protektahan ang mga OFWs sa Kuwait, kung saan pinatay si Jullebee Ranara noong Enero,” anito. Si Ranara ang pang-apat na Pilipino na pinatay sa bansa mula 2018.

Bigo rin itong ipagtanggol ang karapatan ng mga Pilipinong marino para sa katiyakan sa trabaho at ang kanilang mga tagumpay sa mga ipinaglalabang kaso. Inutil din ito sa pagpapalaya sa biktima ng human trafficking na si Mary Jane Veloso na 13 taon nang nakakulong sa Indonesia.

Ang mga migranteng bumabatikos sa rehimen sa mga kapalpakan nito ay ginagawang target ng red-tagging, ayon sa Migrante. Gayundin, patuloy na ninanakawan ng rehimen ang mga migrante sa kanilang sahod at sweldo sa anyo ng patong-patong na singil ng mga ahensya nito.

Batayang karapatan ng Mansalay 2, patuloy na nilalabag

Hunyo 30, 2023

Binalaan noong Hunyo 29 ng National Union of Peoples Lawyers (NUPL) ang 2nd ID ng Armed Forces of the Philippines laban sa patuloy na pagkakait nito sa batayang mga karapatan nina Arnulfo Aumentado at Mary Joyce Lizada, kilala bilang Mansalay 2, bilang mga indibidwal na pinagkaitan ng kalayaan (persons deprived of liberty.)

Sina Aumentado at Lizada ay dinukot ng mga sundalo noong Abril 26 sa Barangay Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro. Inilitaw sila noong Abril 28 sa Camp Capinpin, Taytay, Rizal at sinampahan ng gawa-gawang kasong illegal possession of firearms at explosives.

Makailang beses nang tumanggi ang militar na makausap ng kanilang mga kamag-anak at abugado ang Mansalay 2, taliwas sa karapatan nila para sa ligal na representasyon at bisita ng kanilang mga kapamilya. Noong Hulyo 28, muling tumanggi ang militar na makapasok sa kampo ang mga pamilya ng dalawa, kasama ang dalawang abugadong myembro ng NUPL, para mapag-alaman ang kanilang kalagayan.

“Kailangang paalalahanan ang 2nd ID na garantisado ang karapatan ng mga inaresto at detenidong indibidwal na magkaroon ng abugado sa lahat ng panahon sa ilalim ng Konstitusyong 1987,” ayon sa grupo ng mga abugado. Isinasaad

din sa RA 7438 (Rights of Persons Arrested, Detained or Under Custodial Investigation) na may karapatan silang bisitahin o makipagkonsultahan sa kanilang mga pamilya.

Habang nagtatagal, lumalaki ang pangamba ng pamilya na isinasailalim sa tortyur, di maayos na pagtrato o brutal at di makataong pagtrato ang dalawa. Sa harap nito, hindi sila magdadalawang-isip na magsampa sa kaso laban sa militar.

“Ang paglabag sa mga karapatang ito ay krimen na may parusang pagkakabilanggo,” pahayag ng grupo. Iginiit nito na kagyat na pahintulutan ang pagdalaw ng mga abugado at pamilya sa dalawang aktibista at ilipat sila sa sibilyang kulungan.

Brutal na pag-aresto sa transwoman na si Awra, kinundena

Hunyo 30, 2023

Kinundenda ng iba’t ibang grupo ng mga lesbian, bakla at iba pang minorityang kasarian ang naging marahas na pag-aaresto ng mga pulis ng Makati kay McNeal “Awra” Briguela, isang transgender at artista, matapos sumiklab ang kaguluhan nang ipagtanggol niya ang mga kaibigan niyang babae sa pambabastos at sekswal na harasment.

Sa isang pahayag, kinundena ng grupong Bahaghari, alyansang nagtataguyod sa karapatang-tao ng mga LGBTQIA+, ang marahas na pag-aresto kay Awra kung saan pinagtulungan siya ng mga pulis para posasan at dalhin sa

presinto. Samantala, libreng nakaalis sa eksena ang dalawang lalaking itinurong nambastos sa kaibigan ni Awra.

“Mula sa pinaka di-kilalang community organizers at aktibista hanggang sa mga pinakasikat na artista gaya ni Awra, bakit kaya namumula ang mata ng PNP pagdating sa mga Pilipinong lumalaban sa pananamantala?” ani Rey Valmores, chairperson ng Bahaghari.

Nagbalik-tanaw rin siya sa dinanas ng tinguriang Pride 20 noong 2020 kung aan 20 aktibistang LGBTQIA+ ang marahas na inaresto sa isang pagkilos laban sa noo’y kapapasa lamang na Anti-Terror Law. Bahagi ang protesta sa martsang Pride sa taong iyon.

“Lumaki tayong mga bakla na binubugbog, pero kapag natuto tayong lumaban, parurusahan. Awra’s case is a flashback to #Pride20, and how the police always cracks down on LGBTQ+ Filipinos with the courage to fight injustice,” dagdag niya.

Panawagan ng grupo ang mabilis na pagpapalaya at pagbasura sa mga pekeng kaso laban kay Awra. Hangad rin nila ang pagpapaimbestiga sa mga lalaking sangkot sa pambabastos sa mga kaibigan niya.

Kaliwa’t kanan ang naging pagbatikos sa mga pulis ng Makati na dati nang may rekord ng karahasan laban sa LGBTQIA+. Kabilang dito ang inilunsad nitong Oplan X-men noong 2020 kung saan pangunahin nitong target at ipailalim sa

diskriminasyon ang mga myembro ng LGBTQIA+ laluna ang mga transgender.

Sa pinakahuling balita, nakatakdang makipagdayalogo ang Bahaghari at alyansang Metro Manila Pride sa meyor ng Makati City na si Abigail Binay para sa kagyat na pagpapalaya kay Awra. Kilala si Awra sa mga palabas na “The Super Parental Guardians”, “Ang Probinsyano”, at “Lyric and Beat.”

Hinaing ng mga mangingisda, hindi tinugunan ni Marcos Jr

Hunyo 30, 2023

Sa loob ng isang taong panunungkulan ni Ferdinand Marcos Jr, bigo itong tugunan ang hinaing ng mga mangingisda sa bansa ayon sa grupong Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya). Ayon sa grupo, “walang makabuluhang pagbabago sa sektor ng pangisda” sa ilalim ng rehimen.

“Pinakamahirap na sektor pa rin ang mga mangingisda sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon. Pinanatili ni Marcos ang mga polisiya, programa, at proyekto na walang pakinabang at mapaminsala sa mga mangingisda tulad ng kumbersyon ng mga pook-pangisdaan at baybayin,” pahayag ng grupo.

Sa kasalukuyan, may 187 proyektong reklamasyon sa buong bansa, ayon mismo sa datos ng Philippine Reclamation Authority (PRA). Nagbibingi-bingihan si Marcos Jr sa mga

panawagan ng mga mangingisda na itigil ang mga ito. Anila, palalayasin ng mga reklamasyon ang mga mangingisda sa kanilang komunidad at tatanggalan sila ng kabuhayan.

Sa Manila Bay, 22 proyektong reklamasyon ang binigyan ng lisensya o environmental compliance certificate (ECC) ng nagdaang rehimeng Duterte. “Sa mga unang araw pa lamang ni Marcos bilang pangulo ay nananawagan na kaming ibasura ang mga ito sa ngalan ng karapatan sa kabuhayan at malusog na ekosistema,” ayon sa Pamalakaya.

Dismayado din ang mga mangingisda sa pagtugon ni Marcos sa iba pang mahahalagang usapin sa sektor.

Anila, walang makabuluhang aksyon ang rehimen para tugunan ang agresyon ng China sa West Philippine Sea kung saan pangunahing naaapektuhan ang mga Pilipinong mangingisda. Binatikos nila ang kawalan ng mapagpasyang hakbang ng rehimen para itaguyod ang karapatan sa karagatan ng bansa sa kabila ng matibay na batayan ng Pilipinas alinsunod sa 2016 arbitral ruling.

Bigo rin ang rehimen na itaguyod ang nagsasariling patakarang panlabas ayon sa kanila. “Habang tiklop si Marcos sa agresyon ng China, pinagtibay naman nito ang interbensyon ng US sa ating pambansang soberanya at kasarinlan sa pamamagitan ng pinalawak na base-militar at malaganap na ehersisyong-militar sa karagatan ng Pilipinas,” pahayag ng grupo.

Dagdag nila, lalo ding naghirap ang mga mangingisda sa kawalan ng kongkretong suporta sa mga bulnerableng sektor sa gitna ng krisis sa ekonomiya. Binatikos nila ang rehimen sa kawalan ng sapat na ayuda at tulong para sa mga mangingisdang bumagsak ang kabuhayan dahil sa pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihan, partikular ng produktong petrolyo.

Ayon sa grupo, lumitaw sa kanilang pagsisiyasat na nasa 1-2% lamang ng rehistradong mangingisda ang nakakatanggap ng katiting na ₱3,000-halaga na fuel subsidy sa antas munisipal.

“Sa kabuuan, bagsak ang hatol ng mga mangingisda sa unang taon ni Marcos Jr na bukod sa magagastos na byahe sa iba’t-ibang bansa, ay walang signipikanteng programang naipatutupad para sa mga bulnerableng sektor, kabilang ang mangingisda,” ayon sa grupo.

Inside Marcos brutal counterinsurgency war: 2 civilians killed per week

Hunyo 30, 2023

The Communist Party of the Philippines (CPP) today denounced the illegitimate Marcos Jr regime as it marks its first year in office. The Party said Ferdinand Marcos Jr’s hands are dripping in blood as state forces have gone on a rampage of murder on his orders, killing at least two civilians and other non-combatants every week under its counterinsurgency war of suppression.

A special report released on June 18 by Ang Bayan, the news organ of the CPP, indicate that there were at least 97 victims of state killings from June 30, 2022 when Marcos first took office up until June 15. These killings were perpetrated by the Armed Forces of the Philippines (AFP) and other armed state agents.

The report said these killings constitute grave violations of international humanitarian law, rules of war and other special protections given to civilians and non-combatants in areas of armed conflict.

Ang Bayan recorded 62 incidents of political killings recorded in at least 19 provinces. Five cases of massacres were recorded, the latest of which is that of the Fausto family last June 14 in Barangay Buenavista, Himamaylan City perpetrated by elements of the AFP's 94th IB.

Peasants accounted for most of the victims of Marcos' killing-spree with 53 victims. Six minors were also killed in the past 12 months, the report said. "Even a 5-month pregnant woman was not spared from the fascist attacks by soldiers," it said.

Of the total number of victims, the report said that 47 were killed while they were under military custody. "They are victims of abductions or illegal arrests, made to suffer physical and psychological torture before being murdered." Meanwhile, eight victims were killed by indiscriminate firing of weapons by the military.

The CPP news organ also noted that Negros Occidental recorded the highest number of victims of political killings with 31, followed by Masbate and Samar, which both recorded 12 victims.

“These provinces are covered by Memorandum Order No. 32 which was issued by the previous Duterte regime in 2018...This effectively deployed additional military battalions and imposed de facto martial law rule in Negros Island, Eastern Visayas provinces and Bicol,” the report read.

The report also said that November 2022 saw the most number of victims with 16, followed by May 2023 during which 15 were killed.

“Majority of the cases were recorded during the Armed Forces of the Philippines’ focus military operations (FMO) and Retooled Community Support Program (RCSP) in communities,” the report said. (CPP Information Bureau)

Karahasan sa ekonomya at pasismo, hatid ni Marcos sa mga katutubo

Hunyo 30, 2023

Karahasang pang-ekonomya at pasismo ang dinanas ng mga katutubong Pilipino sa kamay ng rehimeng Marcos Jr sa unang taon nito sa pdoer.

“(N)aging nangungunang tagalabag ng karapatan ng mamamayang katutubo at Moro ang anak ng diktador sa unang taon niya sa poder,” pahayag ng Sandugo-Movement of Moro and Indigenous People for Self-Determination,

“Idineklara ni Marcos Jr bilang krusyal na hakbang para sa pagbangon ng ekonmya at matagalang paglago ang pagmimina, na nagresulta sa pagbibigay ng bagong mga permit para sa pagmimina ng tanso, ginto, silver at complex ore,” anito. Dagdag dito, ginawang prayoridad ni Marcos ang pagtatayo ng mga power plant sa tabing ng renewable energy sa kabila ng pagtutol ng mga katutubo at pagtangga ng kanilang mga komunidad.

Isinasapanganib ng mga programa ni Marcos Jr ang mamamayang katutubo at aming mga lupang ninuno sa pandarambong, agresyon sa tabing ng pag-unlad at paglabag sa mga karapatan, ayon sa grupo.

Gayundin, ipinagpapatuloy ni Marcos Jr ang patakaran ng kanyang ama sa pamamagitan ng militarisasyon, kriminalisasyon sa pagtutol ng mga katutubo at red-tagging. Sa ngayon, mayrooong 129 detenidong pulitikal na mula sa mga grupong minorya sa bansa.

“Huwag nating kalimutan na higit sa karahasan sa ekonomya, kinatangian ng tahasang pasismo ang unang taon ni Marcos,” ayon sa grupo. Inalala nito na sa kanyang unang State of the Nation noong nakaraang taon, inaresto ng pulis sina Esmael at Mawing Pangadas sa gawa-gawang kasong human trafficking. Sinundan ito ng pag-aresto ng mga gurong Lumad na sina Lerma at Jeffrey Diagone at kanilang 9-buwang sanggol. Noon lamang Mayo sila nakalaya, matapos ibasura ang kanilang mga kaso.

“(N)akapangangalit na naganap ang gayong mga pang-aaresto, at nananatiling tahimik at inutil (si Marcos) sa harap ng mga ito,” dagdag na grupo. Kagaya ng mga Lumad, sinampahan rin ng gawa-gawang kaso ang pitong aktibista sa Cordillera (ang tinaguriang NL7).

Kinundena rin ng mga katutubo ang karahasan ng militar laban sa mga tribu sa Cagayan at Negros, gayundin ang iligal na pag-aaresto at patuloy na pagkakait sa mga karapatan nina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado, mga tagapagtanggol ng kanilang mga karapatan.

Kasabay nito, patuloy nilang ipinanawagan ang paglilitaw kina Dexter Capuyan at Bazoo de Jesus, mga aktibistang dinukot ng mga ahente ng estado at hanggang ngayon ay hindi pa natatagpuan.

Marcos Jr, sakuna sa kapaligiran

Hunyo 30, 2023

Naglabas ng listahan ng mga krimen at kapalpakan sa kapaligiran ang Kalikasan-PNE para sa unang taon ni Ferdinand Marcos Jr sa poder.

“Ang isang taon ni Marcos ay puro satsat kaugnay sa climate at environmental action, at walang aktwal na pag-unlad na sustainable sa ekolohiya,” ayon sa grupo. Ipinagpatuloy nito ang Mining Act of 1995, ipinangako niya ang pagpapalawak sa pagmimina sa bansa, sa kapinsalaan ng mga komunidad at mamamayan. Isang matingkad na kaso ang pinsalang dulot ng pagmimina ng Altai

Mining Corporation sa Sibuyan Island, na ginawaran ng permit na mag-opereyt sa ilalim ng kanyang administrasyon.

Isa pang patunay ng kapalpakan ni Marcos sa usapin ng pangangalaga sa kapaligiran ang oil spill sa Mindoro. “(B)igo ang administrasyong Marcos na tugunan ang krisis na idinulot ng trahedyang,” ayon sa Kalikasan. “Ilang buwang nagdusa ang mga mangingisda sa Mindoro...dahil sa lahatang (blanket) pagbabawal sa pangangisda at napakaliit o walang ayuda,” anito. Nagdulot ang kalagayang ito ng pisikal at saykolohikal na ligalig sa mga komunidad.

Isa pang uminit sa ilalim ng panunungkulan ni Marcos Jr ang usapin ng reklamasyon. Bagamat pansamantalang tumigil ang Philippine Reclamation Authority sa pagtanggap ng bagong mga aplikasyon para rito, nagpapatuloy naman ang mga dredging at iba pang dump-and-fill na aktibidad.

“(A)ng mga ito ay nagbabantog wawasak sa mga coastal habitat at komunidad, bubura sa mga mangrove, seagrass at coral na kritikal (sa kapaligiran),” ayon sa grupo. Isa sa gayong mga proyekto ang New Manila International Airport ng San Miguel Corporation na naging bantog sa paglabag sa mga alintutunin sa kapaligiran, pati ng rin sa karapatang-tao ng mga residenteng pinalayas para bigyan-daan ang proyekto.

Itinulak din ni Marcos Jr ang mga proyektong dam tulad ng Kaliwa-Kanan-Laiban Dam, ang Gened Dam at Jalaur Dam sa kabila ng pagtutol dito ng

mga grupong katutubo. “(H)umantong ang mga ahensya ng estado tulad ng National Commission on Indigenous Peoples sa lantarang red-tagging at pambababoy sa Free Prior and Informed Consent para lamang matuloy ang nabanggit na mga proyekto.”

“Puro salita” ang rehimeng Marcos kaugnay sa climate change. “Inilalantad ng daan-daang namamatay dulot ng mga typhoon at pag-ulang shearline ang pagpapabaya ng administrasyon sa usapin ng paghahanda para sa sakuna at pagtugon sa mga pagbabago ng klima.” Sa gayon, malaki ang pangamba ng mamamayang Pilipino sa magagawa ng rehimen kaugnay sa paparating na El Nino.

“Malinaw na ipinagpatuloy lamang ni Marcos Jr at kanyang administrasyon ang mga pamanang nakapipinsala sa ekolohiya... sa likod ng pagtatangka nitong i-greenwash ang kanyang pananalita at paghahari. Sa kabila ng lahat ng kanyag mga pangako, walang iba kundi isang sakuna sa ekolohiya ang unang taon ng paghahari ni Marcos.”

Patuloy na nananawagan ang Kalikasan-PNE para sa mga grupong maka-kalikasan at sa civil society na tutulan ang atrasadong mga patakaran ng rehimeng Mracos, at itulak ang sustainable at makatarungang kinabukasan para sa lahat.

Marcos, walang nagawa para sa magsasaka

Hunyo 30, 2023

Inutil si Ferdinand Marcos Jr sa pagharap sa krisis sa pagkain at agrikultura mula nang maupo siya sa poder, ayon sa grupo ng kababaihang magsasaka na Amihan.

“Kung susumahin ang isang taon ni Marcos, bokya o walang nagawa para sa krisis sa pagkain at agrikultura dahil simula’t sapul, palaasa sa importasyon at puro bukambibig ang pagresolba sa food insecurity,” pahayag ni Zenaida Soriano, pambansang pinuno ng grupo. Aniya, wala silang narinig o nakitang konkretong aksyon sa pagpapaunlad ng lokal na produksyon para matulungan ang mga magsasaka at para may makain ang mamamayan.

Sa halip na pagsikapang maging food-sufficient o nakasasapat sa pagkain ang bansa, inatupag ni Marcos ang pag-import ng bigas, sibuyas, gulay, isda at marami pang iba at pagpasok sa tagibang na mga kasunduan tulad ng Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) na wawasak sa agrikultura.

Pagpapabaya at pagkakanulo sa interes ng mahihirap na Pilipino ang inihain ni Marcos. Pinatindi niya ang liberalisasyon sa agrikultura, habang walang ibinigay na suporta sa lokal na prodyuser ng pagkain.

“(N)alalantad si Marcos bilang pabaya at kung anu-anong band aid solutions lang ang ginawa para dito pero nananatiling gutom ang mamamayan,” ani Soriano. “Hanggat nariyan si Marcos bilang agriculture secretary, hindi magiging affordable, available, at accessible ang

mga pagkain sa bansa kagaya ng bigas lalupa't kung ang lahat ng ito ay iniaasa sa importasyon," aniya.

Panawagan ng grupo, dapat na siyang mag-resign na bilang agriculture secretary.

Kasama ang Amihan sa protestang kasalukuyang isinasagawa ng mga progresibong grupo sa Mendiola sa Maynila bilang paggunita sa unang taon sa poder sa inutil at pahirap na rehimeng Marcos.

Pagpapayaman sa sarili ang inatupag ni Marcos sa unang taon nito sa poder

Hunyo 30, 2023

Sa unang taon ni Ferdinand Marcos Jr, pagpapayaman sa sarili at kanyang mga kroni ang kanyang naging prayoridad sa kongreso, batay sa mga batas na kanyang itinulak at pinagtibay ng kanyang mga alipures.

“(A)ng naging pokus ni Ferdinand Marcos Jr ay ang pagprayoritisa sa interes ng mayayaman at kanyang mga kroni, habang ang mayorya ng mga Pilipino ay naghihirap sa mataas na implasyon, mababang sahod, at lumalalang serbisyong sosyal,” ayon kay Deputy Minority Leader at ACT Teachers Party-list Representative France Castro.

Sa 31 prayoridad na batas na ipinaratsada nito sa Kongreso, 29 dito ay nagsisilbi sa interes ng mga kroni ng rehimen at para sa pagpapanatili ng kasalukuyang sistema, aniya. Ang dadalawang

animo’y para sa mamamayan ay panandalian lamang at maaari pang magamit laban sa kanila.

Mayor sa mga panukalang iniratsada ang Maharlika Investment Fund na magsesentro ng bilyun-bilyong pampublikong pondo sa kamay ni Marcos at kanyang pinaburang mga upisyal at negosyante. Ipinasa rin ng mga kongresista ang mga panukalang batas para sa pagpapagaan sa buwis sa mga negosyo at mayayaman, pagbabawas ng mga empleyado sa gubyrerno sa ngalan ng “right-sizing,” pagbubuo ng panibagong instityut sa pangkalusugan na aagaw sa napakaliit nang rekurso para sa umiiral na mga ospital at ahensya, at iba pa.

Ipinasa rin sa kongreso ang 30-taong National Infrastructure Program Bill (na may islogang “Building Better More”) na ayon kay Rep. Castro ay magiging daluyan lamang ng korapsyon at walang lilikhain kundi mga kontraktwal at panandaliang trabaho.

Halos kasabay nitong ipinasa ang National Land Use Act na magbibigay daan sa malawakang pang-aagaw at pagpapalit-gamit sa libu-libong ekta-ektaryang lupang agrikultural. Palatandaan nito ang tahasang pagtanggap ng Kongreso na ipagbawal ang pagpapalit-gamit ng mga sakahang nakatuon sa produksyon ng pagkain. Tumanggi rin ang Kongreso sa mungkahing pasadahan ang mga kaso ng pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural tungo sa mga golf course at subdibisyong pangmayaman.

“Binibigyan-bigat ng batas na ito ang paggamit ng lupa para sa pribadong interes tulad ng pagmimina at enerhiya, turismo, pagpapaunlad sa sistema ng transportasyon, urbanisasyon, at iba pang pagtutulak para sa kaunlaran sa hinaharap,” ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, isa sa tumututol sa batas.

Samantala, ang panukala para patawarin ang utang ng milyun-milyong agrarian reform beneficiary (ARB) ay panandalian lamang, ayon sa KMP.

“Tama na patawarin ang mga di na mabayarang utang at hindi na mabayarang amortisasyon ng mga ARBs at mas dapat na magkaroon ng bagong programa sa reporma sa lupa kapalit ng CARP na magmamandato ng libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at benepisaryo,” ayon kay Rafael Mariano, chairman emeritus ng grupp.

Pinirmahang kasunduan ng UP at PNP, binatikos

Hunyo 30, 2023

Umalma ang mga mag-aaral ng University of the Philippines (UP) sa kamakailang pinirmahang kasunduan ng tsanselor o punong upisyal ng UP-Diliman at ng Philippine National Police (PNP) noong Hunyo 19 kaugnay ng sinasabing kooperasyon ng dalawang institusyon. Ayon sa UP Office of the Student Regent (OSR), kinatawan ng mga mag-aaral sa buong UP System, nababahala sila sa kasunduang ito dahil naitala sa mga kampus ng UP ang paulit-ulit na panggigipit ng

mga pulis sa mga mag-aaral at iba pang residente ng unibersidad.

“Nangangamba kami sa implikasyon ng partnership na ito sa aming kaligtasan at seguridad..., laluna sa naitalang mga kaso ng kanilang madugong pag-atake laban sa maraming mag-aaral ng UP,” ayon sa UP OSR.

Sa tala ng Defend UP Network (DUPN) noong 2022-2023, hindi bababa sa 59 ang kaso ng pagpasok ng mga ahente ng pulis sa loob ng kampus nang walang paalam, 11 insidente ng red-tagging, siyam na kaso ng intimidasyon at pananakot, walong insidente ng paniniktik, limang kaso ng iligal na pag-aresto at pagdukot, at dalawa pang kaso ng pag-atake sa mga taga-UP.

Pahihintulutan ng kasunduan ang diumano’y “palitan ng akademikong impormasyon, lektura, at mga simposyum para magsaliksik at magpaunlad ng teknolohiya para sa ahensya ng pulis.”

Ayon sa League of Filipino Students, magiging “lisensya ito ng AFP-PNP upang supilin ang demokratikong karapatan ng mga progresibong mag-aaral at kaguruan ng UP.”

₱40 dagdag-sahod sa Metro Manila, tinipid at binarat—KMU

Hunyo 30, 2023

Inianunsyo kahapon ng Department of Labor of Employment (DOLE) ang pagpapatupad ng kakarampot na ₱40 na dagdag-sahod o katiting na 7% pagtaas sa National Capital Region matapos

desisyunan ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board-National Capital Region (RTWPB-NCR) ang hiling ng mga manggagagawa. Ayon sa sentrong unyon na Kilusang Mayo Uno (KMU), “tinipid at binarat na naman [ang mga manggagawa] ng rehimen.”

Sa inilabas na atas ng RTWPB-NCR noong Hunyo 26, tataas ang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura, serbisyo at negosyong pagtitingi mula ₱533 tungong ₱573. Samantala, ang mga industriyang labas sa agrikultura ay makatatanggap ng ₱610 mula sa dating ₱670. Magsisimulang ipatupad ng baryang dagdag-sahod sa darating na Hulyo 16.

Ayon sa KMU, “kulang na nga ₱40 para makabili ng karagdagang isang kilong bigas para sa pamilya.”

Ganito rin ang sentimyento ng grupong Unity For Wage Increase (UWIN), isa sa mga samahang nagsampa ng dagdag-sahod sa RTWPB-NCR. Ayon sa unyonistang si Allan Labahata na kabilang mga nagpetisyon sa ilalim ng UWIN, “lubhang kulang po ‘yung 40 pesos... kami sa UWIN nag-file ng petition para dagdagan ng ₱530, ibig sabihin itaas sa ₱1100 ang arawang sahod.”

Sa NCR, inilagay ng IBON Foundation sa halagang ₱1,160 ang nakabubuhay na sahod para sa isang lima-kataong pamilya noong Abril. Ito ang ginamit na batayan ng UWIN para sa kanilang isinumiteng panukalang dagdag-sahod, ayon kay Labahata.

Patutsada ng UWIN, ni hindi umabot ang dagdag-sahod kahit sa kalahati man lamang ng isinumiteng panukala ng ibang mga unyon sa RTWPB. “Parehong di pinakinggan, ni kalahati ng anumang petisyon, hindi ibinigay,” anito.

Giit pa nila, walang alwan na maihahatid ang barya-baryang dagdag-sahod. “Anong alwan ang maidadala non? Di pa naibibigay, kinain na ng taas-presyo ang halaga? Patuloy ang aming panawagan: ibigay ang nakabubuhay na sahod,” ayon sa grupo.

Sa kabila nito, ipinabatid ng KMU ang kanilang pagpupugay sa mga manggagawa at unyon na naggigiit ng dagdag sahod. Anila ngayong nagkamit ng kakarampot na dagdag, “hindi ito nanggaling sa kabutihang loob ng administrasyon Marcos Jr kundi sa ating pagsisikap na isulong ang ating laban.”

Parehong ipinabatid ng KMU at UWIN ang pagpapatuloy ng kanilang kampanya para magkamit ng makabuluhang dagdag-sahod na tutugma sa halaga ng nakabubuhay na sahod sa bansa.

Samantala, nakabimbin pa rin sa 10 RTWPBs sa iba’t ibang rehiyon sa bansa ng panukala ng mga manggagawang dagdagan ang sahod sa kanya-kanyang rehiyon.